Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

2

# Bridging Primer

( Tagalog )

Kagamitan ng Guro



Republika ng Pilipinas • Kagawaran ng Edukasyon

**Talaan ng Paggamit ng Kagamitan ng Mag-aaral**

Paaralan:________________________________Purok:__________

Sangay:_____________________________________________________

Rehiyon:___________________________________________________

Petsa na natanggap ng paaralan:_________________________________

| Pangalan ng Humiram | Kailan Ipinahiram | Kondisyon | Kailan Isinauli | Kondisyon |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

**Para sa Guro**

Isulat ang pangalan ng mag-aaral sa hanay na "Pangalan ng Humiram." Gamitin ang sumusunod na titik sa pagtatala ng kondisyon ng aklat:

A. Bago

B. Gamit na ngunit maayos pa

C. May kaunting sira

D. Maraming sira

# 2

# Bridging Primer

## Kagamitan ng Guro sa Pagtuturo

# Tagalog

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at/o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

**BRIDGING PRIMER 2**
Kagamitan ng Guro sa Pagtuturo sa Tagalog
Unang Edisyon 2019

Isinasaad ng Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kakatawan sa paghiling ng kaukulang pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Tanging mga institusyon at kompanyang naki pagkontratasa FILCOLS at yaong nakasaad lamang sa kasunduan, ang maaaring kumopya mula dito sa Kagamitan ng Mag-aaral. Ang hindi naki pagkontratasa FILCOLS ay dapat, kung ninanais makakopya, makipag-ugnay nang tuwiran sa mga tagapaglathala at sa mga may-akda.

Maaaring tumawag sa FILCOLS sa telepono blg. (02) 439-2204 o mag-email sa filcols@gmail.com ang mga may-akda at tagapaglathala.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio, PhD

**Mga Bumuo ng Kagamitan ng Bridging Primer 2**

| | | |
|---|---|---|
| Mga Konsultant: | Cecille Van Zante | |
| Mga Tagasuri: | May L. Mojica, PhD | |
| | Maria Charlene P. Melegrito, PhD | |
| | Randy G. Mendoza | |
| Mga Manunulat: | Dr. Antonett M. Delos Reyes | Dr. Mary Ann A. Rubio |
| | Eden E. Dioquino | Analine C. Vergara |
| | Donna V. Mogol | Darlene Eje |
| Mga Tagaguhit: | Melanie DR. Carillo | Maria Arabella Buenagua |
| | Joseph Dolorpo | |
| Mga Tagatala: | Edgardo G. Gallega, Jr. | |
| | Melvin G. Evardone | |
| Mga Tagapamahala: | Usec. Diosdado M. San Antonio, Asec. Alma Ruby C. Torio, Dir. Leila P. Areola, Dr. Rosalina J. Villaneza, Dr. Jocelyn S. Tuguinayo, Dr. Nanelyn T. Bontoyan, Ms. Nemia B. Cedo, Mr. Xyphrone Angelo O. Ortiz, Reyangie Sandoval, Erick Labre, Joselito Asi, Jejo Alda | |

Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________________
**Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)**
Office Address: Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054; 634-1072; 631-4985
E-mail Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph

# Talaan ng Nilalaman

## Reinforcement Lessons

Aralin 1 – Letrang a, b, d, m, p ........................................... 2

Aralin 2 – Letrang ng, a, m, p, t, g, l, s ....................................11

Aralin 3 – Letrang a, b, k, g, h, l, n, t, ng, o, u, y ......................19

## Unsymbolized Sound/Features in Filipino

Aralin 4 – Mga Salitang nasa Unang Pantig ang Diin ng Bigkas ..............................................................28

Aralin 5 – Mga Salitang nasa Huling Pantig ang Diin ng Bigkas ............................................................38

Aralin 6 – Mga Salitang may Gitling at may Impit na Tunog..................................................................... 47

## Consonant Cluster

Aralin 7 – Consonant Clusters tr, pr, dr, gr, kr, br ....................57

Aralin 8 – Consonant Clusters kl, ts, gl, pr, pl, gr ......................67

Aralin 9 – Consonant Clusters ts, at dy ....................................77

## Other Letters in Filipino that are from other Languages

Aralin 10 – Letrang Cc ................................................................ 88

Aralin 11 – Letrang Jj ............................................................... 99

Aralin 12 – Letrang Vv ............................................................. 113

Aralin 13 – Letrang Zz ............................................................. 127

Aralin 14 – Letrang Xx............................................................. 138

# PAUNANG SALITA

Bilang pagtugon sa RA 10533 na kilala sa Basic Education Act ng 2013 na naglalayong mabigyan ang bawat bata ng pagkakataong magkamit ng kalidad na edukasyong handa sa pandaigdigang kompetisyon. Ang Bureau of Learning Delivery-Teaching and Learning Division ay nanguna sa pagbuo ng isang kagamitang tinawag na Bridging Primer II. Layunin nito na maipagpatuloy ang paghasa ng kasanayan ng bawat bata sa pagbasa mula sa unang wika - Mother Tongue patungo sa kaniyang ikalawang wika-ang Filipino.

Ang kagamitang ito na Bridging Primer for Grade II ay espesyal na inihanda para sa guro (TG) at mag-aaral (LM) upang mapadali ang pagkatuto sa pagbabasa at maikabit ang pagkatuto ng wika mula sa Mother Tongue patungo sa Filipino.

Ang mga aralin ay nahahati sa iba't ibang kategoriya na binubuo ng magkakaibang bahagi na naayos sa pangangailangan sa pagkatuto. Nakapaloob sa bawat aralin ang mga pagsasanay at mga gawain upang mas mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aral sa pagbabasa sa dalawang wika.

Ang mga aralin ay nahahati at nauuri sa 4 kategoriya;

1. Reinforcement Lesson (Mga Aralin sa Pagpapatibay ng pagkilala sa mga letra at tunog na magkakatulad sa MT at Filipino)
2. Feature of the Language Lessons ( Kamalayang Metalingguwistik - Impit na Tunog (Glottal Stop) )
3. Feature of the Language Lessons ( Kamalayang Metalingguwistik - Kambal Katinig (Consonant Cluster) )
4. Borrowed Letters (Mga Hiram na letra)

Hangarin din ng kagamitang ito na magkaroon ng kasiya-siyang pag-aaral sa pangalawang wika ang mga mag-aaral sa ikalawang baitang.

# Reinforcement Lesson



**Teacher's Guide in Bridging Primer (Tagalog)**
**Lesson 1 - Reinforcement**
**Key symbols: a, b, d, m, at p**

---

**I. Layunin:**

A. Kamalayang Ponolohiya:
- Nakikilala ang mga tunog na bumubuo sa pantig ng mga salita. **(F2KP-Id-5)**

B. Palabigkasan at Pagkilala sa Salita:
- Nasasabi ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga salita. **(F2PP-Ib-6)**

C. Pag-unlad ng Talasalitaan:
- Nakagagamit ng mga palatandaan ng nagbibigay ng kahulugan (context & kasingkahulugan). **(F2PT – Ia-h-1.4)**

D. Pagsulat at Pagbaybay:
- Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ang ididikta ng guro. **(F2 PT –Ia-h-1.5)**

E. Pag-unawa sa Binasa:
- Nasasagot ang mga tanong sa kuwentong binasa. **(F2PB-Id-3.1.1)**

**II. Paksang Aralin:** Letrang a, b, d, m, at p.
**Kagamitan:** Mga larawan na nagsisimula sa mga letrang a, b, d, m, at p.
Flashcards

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. Balik – Aral**
Ngayong araw ay mag-aaral tayo ng mga salita na kumakatawan sa ilang piling letra. Subalit bago iyan, alamin ko muna kung naaalala pa ninyo ang mga letra ng alpabeto. Bigkasin nga ninyo.

**2. Pagganyak:**
Pag-awit ng mga bata ng "Sampung mga Daliri".
Sa awiting Sampung mga Daliri, ano-ano ang bahagi ng katawan ang nabanggit?

**B. Gawain sa Pagkatuto**

**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**
**Paghahanda:** Iguhit o idikit ang key picture sa pisara o board. Isulat din ang key symbol (a, b, d, m, p), key word, at syllable boxes o pagpapantig sa board.

mapa



| ma | pa |
|---|---|

| |
|---|
| 1. Ituro ang key picture at sabihing, "Sa wikang Filipino, mapa ang tawag dito."  **Mapa** |
| 2. Ituro o isulat ang key word at sabihing, "Ganito natin isinusulat ang salitang mapa sa wikang Filipino." **mapa** |
| 3. Basahin sa mga mag-aaral ang key word nang 2 o 3 beses, Kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa, pigilan sila at sabihing, "Wala munang magsasalita. Makinig lang nang mabuti.; at magpatuloy sa iyong pagbasa. |
| 4. Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo o isinusulat. ma-pa |
| 5. Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. (Pumalakpak ayon sa bilis o bagal ng salita kung ito'y sinasabi.) Gawin itong muli kasabay na ang mga mag-aaral. ma-pa |
| 6. Muling ipabasa sa mga mag-aaral ang pinantig na salita. ma-pa |

2. **Sentence: Pangungusap**

**Paghahanda:** Isulat ang key sentence o pangungusap sa board

**May mapa ang ating bansa.**


| |
|---|
| 1. Ituro ang key sentence o pangungusap at basahin ito sa mga mag-aaral sa tamang bilis o bagal lamang. Pigilan sila kung makikita o maririnig mong sumasabay sila sa iyo at sabihin, "Makinig munang mabuti." |
| 2. Basahing muli ang pangungusap nang 2 o 3 ulit kasabay ng mga mag-aaral. **May mapa ang ating bansa.** |
| 3. Tumawag ng mag-aaral na nais bumasa ng pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang. **May mapa ang ating bansa.** |


3. **Building Vocabulary: Pagbuo ng Talasalitaan**

**Paghahanda:** Mamili kung gagawa ng malalaking picture card o iguguhit ang mga larawan sa board upang ituro ang mga bagong salita. Kung gagamit ng picture cards, siguraduhing sapat ang laki ng bawat larawan upang makita ng buong klase. Maaaring idikit ang mga ito sa board o iguhit sa board ang mga larawan. Isulat din ang pangalan ng bawat larawan.


*1.Sabihin,Mag-aaral tayo ng mga salitang Filipinong may panimulang tunog na **/a/, /b/, /d/, /m/, /p/.***


*2*. Ituro ang unang larawan at *sabihing, "______."*

 bahay  mapa  pana

 apat  bato  mani

*3.* Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 ulit. Pagkatapos ay basahing muli nang 2 o 3 ulit ang salita kasabay ng mga mag-aaral.

 bahay  mapa  pana

 apat  bato  mani

*4.* Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat larawan.

*5.* Pagkatapos basahing lahat ang mga salitang Filipino, muling basahin ang bawat isang salita kasabay ng mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| bahay | mapa | pana |
| apat | bato | mani |

**4. Additional Vocabulary**

**Paghahanda:** Isulat ang listahan ng mga salitang Filipino sa board.

Magbigay ng mga salitang nagsisimula sa tunog na /***a/, /b/, /d/, /m/, at /p/.***

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Makabubuo tayo ng maraming salitang Filipino gamit ang letrang ito, katulad ng mga salitang:

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| ama | bataw | paa | mababa | aba | bansa |
| apa | dama | pad | madama | madapa | dapa |

2.Basahin ang unang salitang Filipino sa mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. Pagkatapos, basahing muli kasabay ng mga mag-aaral nang 2 o 3 ulit.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| ama | bataw | paa | mababa | aba | bansa |
| apa | dama | pad | madama | madapa | dapa |

3.Itanong sa mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salita. Kung hindi nila alam, ituro sa kanila ang kahulugan ng salita sa tulong ng ilang gamit, pag-arte, o gamit ang salitang Tagalog.

4.Ulitin ang bilang 2 at 3 para sa lahat ng natitirang mga salita.

5. Matapos malaman/mapag-aralan ang lahat ng salita, muling balikan ang mga salita at basahin pang minsan kasabay ng mga mag-aaral.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| ama | bataw | paa | mababa | aba | bansa |
| apa | dama | pad | madama | madapa | dapa |


5. **Picture-Word Association**

**Paghahanda:** Kung nakagawa ka ng picture cards para sa Building Vocabulary, maaari mo ring gamitin ang parehong picture cards para dito. Pagtambalin ang salita sa larawan. Katapat ng bawat larawan sa bandang kanan, isulat ang 3 salitang Filipino para pamilian ng mga mag-aaral.


1. Sabihin, "*Basahin ang mga salitang ito sa Filipino*.
Alamin natin kung maaalala ninyo ang kahulugan ng mga ito."



bahay
baba
bata




daliri
dama
dapa



mani
mata
mana



bato
bata
bala




pana
pasa
pata

2. Ituro ang unang hanay ng 3 salita habang binabasa ang mga ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos, basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.

bahay
baba
bata

3. Ituro ang unang larawan at tanungin ang mga mag-aaral, "Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating binasa?" Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot. Gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita.



bahay
baba
bata

| |
|---|
| 4. Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay na 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Magtanong, “*Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang Filipinong ating/aking binasa?*” Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita. |
| 5. Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa mga natitirang hanay ng mga salita at larawan. |




### 6. Writing

| |
|---|
| 1. Gamit ang nakahandang flashcards, ipakita ang mga letrang pinag-aralan. |
| 2. Ipakita mo ang tamang pagsulat at paraang pa-cursive o kabit- kabit ng bawat letra. (note: Ipakita sa bahaging ito ang mga letra na nasa anyong pa-cursive) |
| 3. Ipabakat nang isa-isa ang mga letra sa paraang kabit-kabit o pa-cursive. Gawin ito sa palad, sa desk, at sa hangin. |
| 4.Tumawag ng mag-aaral at ipasulat ang bawat letra sa pisara. |
| 5. Ipasulat sa kuwaderno ang mga letrang pinag-aralan sa paraang pa-cursive |

### 7. Learning Assessment

**Paghahanda:** Tutulungan ng bahaging ito ang mga gurong malaman kung natutuhan ba ng mga mag-aaral ang naiturong bagong letra/simbolo o kakailanganin pa ng panibagong pagsasanay. Kaya mahalagang gawin lamang ang bahaging ito kung natapos nang ituro ang buong leksiyon sa mga bata. Maaaring gawin ang bahaging ito sa pamamagitan ng maliliit na grupo o ng indibidwal. Maaaring idikit ang mga larawan na nasa aklat sa board at saka gumuhit ng linya sa tabi ng bawat larawan o ang pahinang ito para ibigay sa bawat mag-aaral.

**Panuto:** Isulat ang tamang salita na nasa larawan.

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

8. **Reading Comprehension:**
   **Pagbasa nang may Pag-unawa sa Binasa**

**Paghahanda:** Isulat nang may tamang laki ang teksto sa board upang mabasa ng lahat ng mga bata sa klase.

1. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.

**Puno ng Duhat**

Maraming bunga ang puno ng duhat sa bakuran. Si Nanay Mimi ay laging nagwawalis ng mga tuyong dahon at laglag na bunga sa lupa. Tinawag ni Nanay sina Peter at Darwin. "Halikayo mga bata, tulungan ninyo ako sa pagwawalis." Dagling sumunod sina Peter at Darwin.

Isang araw, habang wala si Nanay Mimi, may bumato sa puno at tumama sa bubong ng bahay nila. Ibinalita ng kapitbahay kay Aling Mimi ang pangyayari.

2. Basahing muli ang teksto kasabay ng mga mag-aaral.

**Puno ng Duhat**

Maraming bunga ang puno ng duhat sa bakuran. Si Nanay Mimi ay laging nagwawalis ng mga tuyong dahon at laglag na bunga sa lupa. Tinawag ni Nanay sina Peter at Darwin. "Halikayo mga bata, tulungan ninyo ako sa pagwawalis." Dagling sumunod sina Peter at Darwin.

Isang araw, habang wala si Nanay Mimi, may bumato sa puno at tumama sa bubong ng bahay nila. Ibinalita ng kapitbahay kay Aling Mimi ang pangyayari.

3. Gamitin ang mga tanong at hikayatin ang mga mag-aaral na sumagot at pag-usapan ang teksto gamit ang mga pangungusap sa wikang Filipino.

**Mga Tanong:**

1. Anong puno ang nakatanim sa bakuran?
2. Sino-sino ang tauhan sa teksto?
3. Kung kayo si Peter at Darwin, susunod din ba kayo kapag inuutusan? Bakit?
4. Sa iyong palagay, bakit nila binato ang bunga ng puno?
5. Sa iyong palagay ano kaya ang reaksiyon ni Aling Mimi nang malamang may bumato sa kanilang bubong?

4. Gamitin ang sagot ng sinumang mag-aaral upang mapalawak pa ang pag-uusap patungkol sa teksto.

## IV. Formative Assessment

***Activity 1 Listening and Reading***

1. Sabihin sa mga mag-aaral, *"Ang sumusunod na mga salita o pangalan ay may letrang a, b, d, m, p. Pakinggan at pagmasdan lang munang mabuti ang bawat salita at kung paano ko ito bibigkasin".*

| | |
|---|---|
| apat | bola |
| daga | payong |
| mangga | dahon |

| |
|---|
| 2. Basahing isa-isa ang mga salitang nakasulat sa board. |
| 3. Muling basahin ang mga salita kasabay ang mga bata. |
| *4.* Ipabasa sa mga mag-aaral nang 2 o 3 ulit |

***Activity 2 Hearing Practice***

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Kapag narinig ninyo ang simulang tunog na /a, /b/, /d/, /m/, /p/ sa salita o pangalang babasahin ko, itaas ang inyong kanang kamay."

| | |
|---|---|
| apat | bola |
| sapat | langhap |
| daga | payong |
| inom | alab |
| mangga | dahon |

2. Basahing isa-isa ang mga salitang nasa listahan.

***Activity 3 Spelling and Producing the Sound***

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Baybayin sa inyong mga papel ang salitang sasabihin ko." Basahing isa-isa ang mga pangalan/salita sa iyong listahan.

| | |
|---|---|
| apat | bola |
| daga | payong |
| mangga | dahon |

2. Tumawag ng isang mag-aaral na nais sumubok baybayin sa pisara ang isa sa mga salitang binasa.

3. Itanong sa mga mag-aaral, "Tama ba ang pagkabaybay ng salita, mga bata?" (Kung tama ang pagkasulat ng salita o pangalan purihin ito, kung mali, pasalamatan ang bata at muling tumawag ng isa pang batang nais sumubok hanggang sa makuha ang tamang pagbaybay nito)

4. Ipabasa sa mga mag-aaral ang salitang nakasulat. (Siguraduhing tama ang pagbigkas ng mga bata. Saka muling ipabasa nang sabay-sabay sa mga mag-aaral ang salita).


5. Sasagutan ng mga bata ang pagtataya.

*Gawain 1*


**I. Panuto:** Bilugan ang angkop na salita sa bawat larawan.

1. 


apat
apo
anak

4. 


daga
dila
dalandan

2. 

manika
mata
mangga

3. 

bola
baso
bilao


5. 


payong
papel
pitaka


*Gawain 2*


**II. Panuto:** Isulat ang nawawalang letra o pantig ng ngalan ng larawan.

1. damo 

2. __so 

3. am___laya 

4. kala____sa 


5. ___ngga 


*Gawain 3*

**III. Panuto:** Piliin sa loob ng kahon at isulat sa patlang ang salitang angkop sa larawang nasa tabi ng pangungusap

| banga | motor | pitaka | ambulansiya | dila |
|---|---|---|---|---|

1. Maraming pera sa pitaka si Dina. 

2. May natagpuang lumang ________sa yungib. 

9. Si Tatay ay bumili ng ______ sa bayan. 

4. Masakit ang ______ni Ana dahil sa singaw. 

5. Matulin ang takbo ng ________. 

**Teacher’s Guide in Bridging Primer Grade 2 (Tagalog)**
**LESSON 2 –Reinforcement Lesson**
**Key symbols:** *ng,a,m,p,t,g,l,s,b*

---

**I. Layunin:**

A. Kamalayang Ponolohiya:
- Nababasa ang salita, kuwento at nang may tamang bilis, diin at tono. **(F2TA-Oa-j-3)**

B. Palabigkasan at Pagkilala sa Salita:
- Napagyayaman ang talasaltaan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga bagong salita mula sa salitang-ugat. **(F2PP-IIIi2.2)**

C. Pag-unlad ng Talasalitaan:
- Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan **(F2PB-IVd6)**

D. Pagsulat at Pagbaybay:
- Nakakasulat nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks sa pagsulat. **(F2A-Oa-j-4 )**

E. Pag-unawa sa Binasa:
- Nasasagot ang mga tanong sa kuwentong binasa. (**F2PB-Id-3.1.1)**
- Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. **(F2PB-IVc2.4)**

**II. Paksang Aralin:** *ng,a,m,p,t,g,l,s,b*

**Kagamitan:** flash cards, laptop, TV monitor, mga larawan na nag-uumpisa sa pinagbabalik-aralang letrang (*a, p, m, d, at b)*

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

**1. Balik-aral:**

Anong mga letra ang pinag-aralan kahapon? Magbigay ng mga salitang nag sisimula sa *a, p, m, d, b.*

**2. Pagganyak:**

Pagpapakita ng larawan ng isang mukha. Itanong sa mga bata, “Anong masasabi ninyo sa kaniyang mga mata?”

**B. Gawain sa Pagkatuto**

**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**



**Paghahanda:** Iguhit o idikit ang key picture sa pisara o board. Isulat din ang key symbol (*ng,a,m,p,t,g,l,s,b*), key word, at syllable boxes o pagpapantig sa board.



| m |
|---|

| ma | ta |
|---|---|

**Maganda ang mga mata.**

| |
|---|
| 1. Ituro ang key picture at sabihing, " Ito ay **mata"**<br>**mata**  |
| 2. Ituro o isulat ang key word at sabihing, Ganito natin isinusulat ang salitang **<u>mata.</u>** Ano ang unang tunog ng salita? Bigyang-diin ang /m/ at letrang "ng".<br>**mata** |
| 3. Basahin sa mga mag-aaral ang key word nang 2 o 3 beses, Kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa, pigilan sila at sabihing,"Wala munang magsasalita. Makinig lang nang mabuti"., Magpatuloy sa iyong pagbasa.<br> |
| 4. Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo o isinusulat.<br>**ma-ta** |
| 5. Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. (Pumalakpak nang ayon sa bilis o bagal ng salita kung ito'y sinasabi.) Gawin itong muli kasabay na ang mga mag-aaral.<br>**ma-ta** |
| 6. Muling ipabasa sa mga mag-aaral ang pinantig na salita. |

**2. Sentence**

**Paghahanda:** Isulat ang key sentence o pangungusap sa board.

**Maganda ang mga mata.**






| |
|---|
| 1. Ituro ang key sentence o pangungusap at basahin ito sa mga mag-aaral sa tamang bilis o bagal lamang. Pigilan sila kung maririnig mong sumasabay sila sa iyo at sabihing "Makinig munang mabuti."<br>**Maganda ang mga mata** |
| 2. Basahing muli ang pangungusap nang 2 o 3 beses kasabay ng mga mag-aaral.<br>**Maganda ang mga mata.** |
| 3. Tumawag ng mag-aaral na nais bumasa ng pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang. |

**3. Building Vocabulary**






**Paghahanda:** Mamili kung gagawa ng malalaking picture card o iguguhit ang mga larawan sa board upang ituro ang mga salita. Kung gagamit ng picture cards, siguraduhing sapat ang laki ng bawat larawan upang makita ng buong klase. Maaaring idikit ang mga ito sa board o di kaya naman ay iguhit sa board ang mga larawan. Isulat din ang mga pangalan ng mga larawan sa ibaba ng bawat larawan. Dapat sabihin ang kasingkahulugang salita kung mayroon man, kung mapapansing nalilito ang mga mag-aaral sa kahulugan ng mga salita para ipaliwanag ang kahulugan ng mga ito.

1. Sabihin, “Mag-aaral tayo ng mga salitang may tunog na **m.**”




2. Ituro ang unang larawan at sabihing, “mata”ang tawag dito .”

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
|  |  |  |  |  |
| **m**ata | tasa | sa**ng**a | ba**ng**a | lata |

3. Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 beses. Pagkatapos ay basahing muli nang 2 o 3 beses ang salita kasabay ng mga mag- aaral.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
|  |  |  |  |  |
| **m**ata | tasa | sa**ng**a | ba**ng**a | lata |

4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat larawan.

| langgam | tansan | gagamba |
|---|---|---|
|  |  |  |

5. Pagkatapos basahing lahat ang mga salita, muling basahin ang bawat isang salita kasabay ng mga mag-aaral.

langgam tasa gagamba tansan
banga lata sanga

### 4. Additional Vocabulary

**Paghahanda:** Isulat ang listahan ng mga salita sa board. Dapat sabihin ang kahulugan ng salita, kung mayroon man, kung mapapansing nalilito ang mga mag-aaral sa kahulugan ng mga salita para sa mas ikauunawa nila.

1. Sabihin sa mga mag-aaral, “Makabubuo tayo ng maraming salita gamit ang letrang ito, katulad ng **m**

| | | |
|---|---|---|
| ngalay | banta | lata |
| gatas | anghang | palad |
| nganga | talong | sampay |
| marami | manok | bata |

*(Sabihin sa mga bata, magbigay pa kayo ng mga salitang may tunog na ng)*

2. Basahin ang unang salita sa mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. Pagkatapos, basahing muli kasabay ng mga mag-aaral nang 2 o 3 beses.

3. Itanong sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salita. Kung hindi nila alam, ituro ang kahulugan ng salita sa tulong ng ilang gamit at pag-arte.


4. Ulitin ang bilang 2 at 3 para sa lahat ng natitirang mga salita.

5. Matapos malaman/mapag-aralan ang lahat ng salitang Filipino, muling balikan ang mga salita at basahin pang minsan kasabay ng mga mag-aaral.


**5. Picture-Word Association**

**Paghahanda:** Kung nakagawa ka ng picture cards para sa Building Vocabulary, maaari mo ring gamitin ang parehong picture cards para dito. Mamili lamang kung ididikit ang picture cards o iguguhit ang mga larawan sa board. Katapat ng bawat larawan sa bandang kanan, isulat ang 3 salita para pamilian ng mga mag-aaral.

1. Sabihin, "Basahin ang mga salita sa ibaba at bilugan ang salitang tumutukoy sa larawan.




tama
tasa
tansan




banga
bangka
bangga




langgam
langoy
langka



gatas
gabi
gagamba



sanga
sangay
sangkap




langka
langgam
langoy

" *Alamin natin kung maaalala ninyo ang kahulugan ng mga ito*." at guhitan ang ngalan ng larawan

2. Ituro ang unang hanay ng 3 salita, habang binabasa ang mga ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos, basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| tasa | tama | tansan |

3. Ituro ang unang larawan at tanungin ang mga mag- aaral, "*Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating binasa*?" Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot. Gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita.



tasa
tama
tansan

4. Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay ng 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Magtanong, "*Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating / aking binasa?*" Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita.

5. Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa mga natitirang hanay ng mga salita at larawan.


**6. Writing**

| |
|---|
| 1. Gamit ang nakahandang flashcards ipakita ang mga letrang pinag- aralan: *ng, a, m, p, t, g, l, s, b.* |
| 2. Ipakita ng guro ang tamang pagsulat sa paraang pa-cursive o kabit-kabit ng bawat letra.<br>(Note: Ipakita sa bahaging ito ang mga letra na nasa anyong pa-cursive) |
| 3. Ipabakat isa-isa ang mga letra sa paraang kabit-kabit o pa-cursive. Gawin ito sa palad, sa desk, at sa hangin |
| 4. Tumawag ng mag-aaral at ipasulat ang bawat letra sa pisara. |
| 5. Ipasulat sa kuwaderno ang mga letrang pinag-aralan sa paraang pa-cursive. |

**7. Learning Assessment**

**Paghahanda:** Tutulungan ng bahaging ito ang mga guro na malaman kung natutuhan ba ng mga mag-aaral ang naiturong bagong letra/simbolo o kakailanganin pa ng panibagong pagsasanay. Kaya mahalagang gawin lamang ang bahaging ito kung natapos nang ituro ang buong leksiyon sa mga bata. Maaaring gawin ang bahaging ito sa pamamagitan ng maliliit na grupo o ng indibidwal. Maaaring idikit ang mga larawan na nasa aklat sa board at saka gumuhit ng linya sa tabi ng bawat larawan o ipakopya ang pahinang ito para ibigay sa bawat mag-aaral.

**Panuto:** Isulat ang angkop na salita ng larawan.

1. 


bangka

4. 

__________

2. 

__________

5. 

__________

3. 

__________

**8. Reading Comprehension**

**Paghahanda:** Isulat nang may tamang laki ang teksto sa board upang mabasa ng lahat ng mga bata sa klase.

<table>
<tr><td>1. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.<br><br>Ang Lumang Bangka<br><br>Nakita nina Angelo at Samboy ang isang lumang bangka na natatakpan ng mga tuyong sanga. Hinila nila ang bangka papunta sa ilog. Ginawa nilang sagwan ang isang putol na sanga.<br>May butas pala sa sahig nito kaya pumasok ang tubig sa loob ng bangka.Tumalon sila sa ilog at lumangoy papunta sa tabi. Umuwi silang basang-basa kaya nagalit si Nanay.</td></tr>
<tr><td>2. Basahin muli ang teksto kasabay ng mga mag-aaral.<br><br>Ang Lumang Bangka<br><br>Nakita nina Angelo at Samboy ang isang lumang bangka na natatakpan ng mga tuyong sanga. Hinila nila ang bangka papunta sa ilog. Ginawa nilang sagwan ang isang putol na sanga.<br>May butas pala sa sahig nito kaya pumasok ang tubig sa loob ng bangka.Tumalon sila sa ilog at lumangoy papunta sa tabi. Umuwi silang basang-basa kaya nagalit si Nanay.</td></tr>
<tr><td>3. Gamitin ang mga ginawang tanong at hikayatin ang mga mag-aaral na sumagot at pag-usapan ang teksto gamit ang pangungusap sa wikang Filipino.<br><br>Mga Tanong:<br><br>1. Ano ang nakita ng magkaibigang Angelo at Samboy?<br>2. Paano nila nagamit ang bangka?<br>3. Bakit pinasok ng tubig ang bangka?<br>4. Paano nakaligtas sina Angelo at Samboy<br>5. Bakit nagalit si Nanay?</td></tr>
<tr><td>4. Gamitin ang sagot ng sinumang mag-aaral upang mapalawak pa ang pag- uusap tungkol sa teksto.</td></tr>
</table>

**9. Formative Assessment**

*Activity 1 –Listening and Reading*

1. Sabihin sa mga mag-aaral, “ Ang sumusunod na mga salita ay may tunog /bigkas na /**m/.** Pakinggan at pagmasdan lang munang mabuti ang bawat salita at kung paano ko ito bibigkasin.”

| | |
|---|---|
| marami | ngawa |
| madamo | lansangan |
| laman | bunga |
| langhap | mangga |
| mansanas | ampon |

2.Basahing isa-isa ang mga salitang nakasulat sa blackboard (kung sasabayan ka ng mga mag-aaral sabihing, “*Makinig lang munang mabuti.”)*

3.Muling basahin ang mga salita kasama ng mga mag-aaral.

4.Ipabasa sa mga mag-aaral nang 2-3 ulit.

---

*Activity 2 – Hearing Practice*

1. Sabihin sa mga mag-aaral, *“kapag narinig ninyo ang tunog na /m/ itaas ang inyong kamay.”*


| | |
|---|---|
| tasa | mapa |
| singkamas | banga |
| mani | langgam |
| langoy | nginig |
| mansanas | nanay |


2. Basahing isa-isa ang mga salitang nasa listahan.


---


*Activity 3 – Spelling and Producing Sound*


1. Sabihin sa mga mag-aaral, “Baybayin sa inyong mga papel ang salita sa larawan na sasabihin ko” Basahing isa-isa ang mga salita sa inyong listahan.


langka


pangil


langgam


banga


sanga

2. Tumawag ng isang mag-aaral na nais sumubok baybayin sa blackboard ang isa sa mga salitang iyong binasa. “*Sino sa inyo ang gustong baybayin ang unang salitang aking binasa?*


3. Itanong sa mga mag-aaral, *“Tama ba ang pagkabaybay ng salita, mga bata?”* (Kung tama ang pagkasulat ng salita o pangalan, purihin ito, kung mali, pasalamatan ang bata at muling tumawag ng isa pang batang nais sumubok hanggang sa makuha ang tamang pagbaybay nito).


4. Ipabasa sa mga mag-aaral ang salitang nakasulat. (Siguraduhing tama ang pagbigkas ng mga bata. Kung hindi, basahin ulit ang salita sa mga bata. Saka muling ipabasa nang sabay-sabay sa mga mag- aaral ang salita)


5. Pasagutan sa mga bata ang pagtataya.


*Activity 4*


**I. Panuto:** Bilugan ang mga angkop na salita sa mga larawan.

1. 
lambat
langka
lakas


2. 
banga
bansag
bangka


3. 
gagamba
gatas
galaw


4. 
salamin
sobre
sando


5. 
piko
piso
pito


**II. Panuto:** Isulat ang pangalan ng larawan upang mabuo ang mga pangungusap.

1.  May langka sa maliit na bangka.

2.  Inilagay niya ang _____ sa mesa.

3.  Malaki ang kaniyang mga _______.

4.  Matulis ang mga ______ ng ahas.

5.  Maraming ______ sa tindahan.

## Teacher's Guide in Bridging Primer Grade 2 (Tagalog)
## LESSON 3 –Reinforcement Lesson
**Key symbol:** a, b, k, g, h, i, l, n, t, ng, o, u, y

---

**I. Layunin:**

A. Kamalayang Ponolohiya:
- Nababasa ang salita, kuwento nang may tamang bilis, diin, at tono. **(F2TA-Oa-j-3)**

B. Palabigkasan at Pagkilala sa Salita:
- Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, o intonasyon. **(F2TA-Oaj-2)**

C. Pag-unlad ng Talasalitaan:
- Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. **(F2PB-IVd6)**

D. Pagsulat at Pagbaybay:
- Nakakasulat nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks sa pagsulat. **(F2A-Oa-j-4 )**

E. Pag-unawa sa Binasa:
- Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. **(F2PB-IVc2.4)**

**II. Paksang Aralin:** a, b, k, g, h, i, l, n, t, ng, o, u, y

**Kagamitan:** flash cards, laptop, TV monitor, mga larawan


**Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. Balik-aral:**

Kilalanin ang unang tunog ng sumusunod na mga larawan.








**2. Pagganyak:**

Ipaawit ang "Bahay Kubo" sa mga bata. Magtanong tungkol sa awit.

**B. Gawaing Pagkatuto**

**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**

**Paghahanda:** Iguhit o idikit ang key picture sa pisara o board. Isulat din ang key symbol (a, b, k, g, h, i, l, n, t, ng, o, u, y), key word, at syllable boxes o pagpapantig sa board.

bahay  | ba | hay |

1. Ituro ang key picture at sabihing, ito ay bahay. Ang unang tunog nito ay **__/b/.__**



**bahay**

| |
|---|
| 2.Ituro o isulat ang key word at sabihing, "*Ganito natin isinusulat ang salitang **<u>bahay</u>**." Bigyan diin ang "b"* ***bahay*** |
| 3.Basahin sa mga mag-aaral ang key word nang 2 o 3 ulit. Kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa, pigilan sila at sabihing, "*Wala munang magsasalita. Makinig lang nang mabuti.,"* Magpatuloy sa iyong pagbasa. |
| 4.Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo o isinusulat.<br>**<u>ba</u>- <u>hay</u>** |
| 5.Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. (Pumalakpak nang ayon sa bilis o bagal ng salita kung ito'y sinasabi.) Gawin itong muli kasabay na ang mga mag-aaral.<br><br>**Bahay** |
| 6. Muling ipabasa sa mga mag-aaral ang pinantig na salita. |

2. **Sentence**



   **Paghahanda:** Isulat ang key sentence o pangungusap sa board.

**Malaki ang bahay Lito.**

| |
|---|
| 1.Ituro ang key sentence o pangungusap at basahin ito sa mga mag-aaral sa tamang bilis o bagal lamang.<br>**Malaki ang bahay Lito.**<br>Pigilan sila kung maririnig mong sumasabay sila sa iyo at sabihing *"Makinig munang mabuti."* |
| 2.Basahin ang pangungusap nang 2 o 3 ulit kasabay ng mga mag-aaral.<br>**Malaki ang bahay Lito.** |
| 3. Tingnan kung may mag-aaral na nais bumasa ng pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang. |

3. **Building Vocabulary**

   **Paghahanda:** Mamili kung gagawa ng malalaking picture card o iguguhit ang mga larawan sa board upang ituro ang mga salita. Kung gagamit ng picture cards, siguraduhing sapat ang laki ng bawat larawan upang makita ng buong klase. Maaaring idikit ang mga ito sa board o di kaya naman ay iguhit sa board ang mga larawan. Isulat din ang mga pangalan ng mga larawan sa ibaba ng bawat larawan. Dapat sabihin ang kasingkahulugang salita kung mayroon man, kung mapapansing nalilito ang mga mag-aaral sa kahulugan ng mga salita para ipaliwanag ang kahulugan ng mga ito.

| |
|---|
| 1. Sabihin, "*Mag-aaral tayo ng mga salitang may tunog na /**<u>b/.</u>**"* |
| 2. Ituro ang unang larawan at sabihing, *"Ang tawag dito* ay________ ."<br> **b**uko  o**b**ispo  ka**b**ayo  **b**aka |


3. Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 ulit. Pagkatapos ay basahing muli nang 2 o 3 ulit ang salita kasabay ng mga mag-aaral.




**b**uko



o**b**ispo



ka**b**ayo



**b**aka

4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat larawan.

5. Pagkatapos basahing lahat ang mga salita, muling basahin ang bawat salita kasabay ng mga mag-aaral.

**buko** **obispo** **kabayo** **baka**

4. **Additional Vocabulary**

**Paghahanda:** Isulat ang listahan ng mga salita sa board. Dapat sabihin ang kasingkahulugang salita, kung mayroon man, kung mapapansing nalilito ang mga mag-aaral sa kahulugan ng mga salita para sa mas ikauunawa nila.

1. Sabihin sa mga mag-aaral, *“Makabubuo tayo ng maraming salita gamit ang letra sa key symbols katulad ng:*

halaman, kubo, guhit, simoy, hangin, ngiti, luntian,yari

2. Basahin ang unang salita sa mga mag-aaral nang 2 o 3 ulit. Pagkatapos, Basahing muli kasabay ng mga mag-aaral nang 2 o 3 ulit.

3. Itanong sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salita. Kung hindi nila alam, ituro sa kanila ang kahulugan ng salita sa tulong ng ilang gamit o pag-arte.

4. Ulitin ang bilang 2 at 3 para sa lahat ng natitirang mga salita.


5. Matapos malaman/mapag-aralan ang lahat ng salitang Filipino, muling balikan ang mga salita at basahin pang minsan kasabay ng mga mag-aaral.

5. **Picture-Word Association**


**Paghahanda:** Kung nakagawa ka ng picture cards para sa Building Vocabulary, maaari mo ring gamitin ang parehong picture cards para dito. Mamili lamang kung ididikit ang picture cards o iguguhit ang mga larawan sa board. Katapat ng bawat larawan sa bandang kanan, isulat ang 3 salita para pamilian ng mga mag-aaral.

1. Sabihin, "Basahin ang mga salitang ito,


bao
buko
abo




baka
kaba
kaya



kabayo
kayo
ayoko




tubo
tabo
talo




Alamin natin kung maaalala ninyo ang kahulugan ng mga ito."

2. Ituro ang unang hanay ng 3 salita habang binabasa ang mga ito sa mga mag- aaral. Pagkatapos, basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.



bao
buko
abo

3. Ituro ang unang larawan at tanungin ang mga mag- aaral, "*Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating binasa?"* Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot at saka gumuhit ng linya mula sa larawan sa tamang salita.



bao
buko
abo

4. Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay ng 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. At saka magtanong, "*Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating/aking binasa?"* Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na gumuhit ng linya mula sa larawan sa tamang salita.

5. Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa mga natitirang hanay ng mga salita at larawan.

**6. Writing**


| |
|---|
| 1. Gamit ang nakahandang flashcards ipakita ang mga letrang pinag-aralan: a, b, k, g, h, i, l, n, t, ng, o, u, y |
| 2. Ipakita ang tamang pagsulat sa paraang pa-cursive o kabit-kabit ng bawat letra. (Note: Ipakita sa bahaging ito ang mga letrang nasa anyong pa-cursive). |
| 3. Ipabakat isa-isa ang mga letra sa paraang kabit-kabit o pa-cursive. Gawin ito sa palad, sa desk, at sa hangin. |
| 4. Tumawag ng mag-aaral at ipasulat ang bawat letra sa pisara. |
| 5. Ipasulat sa kuwaderno ang mga letrang pinag-aralan sa paraang pa-cursive. |


**7. Learning Assessment**


**Paghahanda:** Tutulungan ng bahaging ito ang mga guro na malaman kung natutuhan ba ng mga mag-aaral ang naiturong bagong letra/simbolo o kakailanganin pa ng panibagong pagsasanay. Kaya mahalagang gawin lamang ang bahaging ito kung natapos nang ituro ang buong leksiyon sa mga bata. Maaaring gawin ang bahaging ito sa pamamagitan ng maliliit na grupo o ng indibidwal. Maaaring idikit ang mga larawanng nasa aklat sa board at saka gumuhit ng linya sa tabi ng bawat larawan o ipakopya ang pahinang ito para ibigay sa bawat isang mag-aaral.


**Panuto:** Bilugan ang angkop na salita ng larawan.

1. 
halaman
hawla
hukom

2. 
kabayo
kariton
kalesa

3. 
bundok
bulkan
basura

4. 
gulong
garapon
gagamba

5. 
laso
lubid
lata

8. **Reading Comprehension**

**Paghahanda:** Isulat nang may tamang laki ang teksto sa board upang mabasa ng lahat ng mga bata sa klase.

| |
|---|
| 1. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.<br>**<u>Ang Buhay sa Bukid</u>**<br>Nakatira sa bukid sina Lolo't Lola. Mahilig magtanim ng gulay at mag- alaga ng mga manok si Lola. May maliit na palaisdaan at babuyan din sila. Maraming puno ng prutas ang madaraanan bago makarating sa bukid.<br>Nagsawa si Lito sa napitas na bayabas, mangga, at buko. Sariwang simoy ng hangin ang madarama sa tuwina. Masasayang karanasan ang kaniyang baon sa pagbalik niya sa Maynila. |
| 2. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.<br>**<u>Ang Buhay sa Bukid</u>**<br>Nakatira sa bukid sina lolo't lola. Mahilig magtanim ng gulay at mag- alaga ng mga manok at bibe si Lola. May maliit na palaisdaan at babuyan din sila. Maraming puno ng prutas ang madaraanan bago makarating sa bukid.<br>Nagsawa si Lito sa napitas na bayabas, mangga, at buko. Sariwang simoy ng hangin ang madarama sa tuwina. Masasayang karanasan ang kaniyang baon sa pagbalik niya sa Maynila. |
| 3. Gamitin ang mga ginawang tanong at hikayatin ang mga mag-aaral na sumagot at pag-usapan ang kuwento gamit ang pangungusap sa wikang Filipino.<br>**Mga Tanong:**<br>1. Saan naninirahan ang lolo't lola ni Lito?<br>2. Bakit maraming sariwang gulay si Lola?<br>3. Anong makikita sa daan patungo sa bukid?<br>4. Sa iyong palagay, bakit masaya si Lito sa lalawigan?<br>5. Kung ikaw ang tatanungin, nais mo rin bang tumira sa lalawigan? Bakit? |
| 4. Gamitin ang sagot ng sinumang mag-aaral upang mapalawak pa ang pag-uusap patungkol sa teksto. |

9. **Formative Assessment**

*Activity 1 –Listening and Reading*

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "*Ang sumusunod na mga salita ay may tunog/bigkas na **/b/.** Pakinggan at pagmasdan lang munang mabuti ang bawat salita at kung paano ko ito bibigkasin.*"

| | |
|---|---|
| **bao** | **kabayo** |
| **bibi** | **kubo** |
| **bahay** | **kaba** |
| **kibo** | **kabibi** |
| **baka** | **baboy** |

2. Babasahing isa-isa ang mga salitang nakasulat sa blackboard (kung sasabayan ka ng mga mag-aaral sabihing, “Makinig lang munang maigi”).
3. Muling basahin ang mga salita kasama ng mga mag-aaral.
4. Ipabasa sa mga mag-aaral nang 2-3 ulit.

---

*Activity 2 – Hearing Practice*

1. Sabihin sa mga mag-aaral, “kapag narinig ninyo ang tunog na /b/ itaas ang inyong kamay”.


| | |
|---|---|
| **banig** | **tubo** |
| **kabibi** | **tulay** |
| **kuba** | **kulay** |
| **babae** | **tubig** |
| **kuya** | **tinda** |

2. Basahing isa-isa ang mga salitang nasa listahan.

---

*Activity 3 – Spelling and Producing Sound*

1. Sabihin sa mga mag-aaral, “Baybayin sa inyong mga papel ang salitang tumutukoy sa larawang sasabihin ko.” Basahing isa-isa ang mga salita sa inyong listahan.

 ________________  ________________


 ________________  ________________

 ________________

2. Tumawag ng isang mag-aaral na nais sumubok baybayin sa blackboard ang isa sa mga salitang iyong binasa. *“Sino sa inyo ang gustong baybayin ang unang salitang aking binasa?*
*3.* Itanong sa mga mag-aaral, “*Tama ba ang pagkabaybay ng salita, mga bata?”* (Kung tama ang pagkasulat ng salita o pangalan, purihin ito, kung mali, pasalamatan ang bata at muling tumawag ng isa pang batang nais sumubok hanggang sa makuha ang tamang pagbaybay nito).
4. Ipabasa sa mga mag-aaral ang salitang nakasulat. (Siguraduhing tama ang pagbigkas ng mga bata. Kung hindi, basahin ulit ang salita sa mga bata. Saka muling ipabasa nang sabay-sabay sa mga mag- aaral ang salita).
5. Bigyan ng pagtataya ang mga bata.

*Activity 4*

**I. Panuto:** Pagtambalin ang hanay A at hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang

| | **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|---|
| ____ 1. |  | A. unggoy |
| ____ 2. |  | B. buko |
| ____ 3. |  | C. kalabasa |
| ____ 4. |  | D. gitara |
| ____ 5. |  | E. bangka |

---

*Activity 5*

**I. Panuto:** Isulat ang salitang tumutukoy sa larawan upang mabuo ang pangungusap.

1.  Masarap iluto ang <u>kabute</u>.
2.  Inilagay niya ang _____ sa dingding.
3.  Itinulak ng mga bata ang ______.
4.  Nagmisa ang ________ sa simbahan.
5.  Maraming nabasag na______ sa kalye.

# Unsymbolized Sound/ Features in Filipino



**Teacher's Guide in Bridging Primer Grade 2 (Tagalog)**
**Lesson 4- Mga Salitang nasa Unang Pantig ang Diin**
**Key symbols:** L ,B , P, K,S, A,Y

---

**I. Layunin:**

A. Kamalayang Ponolohiya:
- Nababasa ang salita, kuwento nang may tamang bilis, diin, at tono.**(F2TA-Oa-j-3)**

B. Palabigkasan at Pagkilala sa Salita:
- Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga bagong salita mula sa salitang-ugat. **(F2PP-IIIi2.2)**

C. Pag-unlad ng Talasalitaan:
- Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. **(F2PB-IVd6)**

D. Pagsulat at Pagbaybay:
- Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks sa pagsulat. **(F2A-Oa-j-4 )**

E. Pag-unawa sa Binasa:
- Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. **(F2PB-IVc2.4)**

**II. Paksang Aralin: Mga Salitang nasa Unang Pantig ang Diin**

**Kagamitan:** flash cards, laptop, TV monitor, mga larawan na nag-uumpisa sa letrang **p**

**III. Pamamaraan:**




**A. Panimulang Gawain**

**1. Balik-Aral**

Ngayong araw ay mag-aaral tayo ng mga salita na may ibang bigkas at diin. Subalit bago iyan, alamin ko muna kung naaalala pa ninyo ang ating nakaraang aralin. Magbigay ng mga salitang nagsisimula sa p

**2. Pagganyak:**

Hanapin ang salitang katumbas ng larawan sa tsart at idikit.


__________ __________ __________ __________ __________

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pako | puno | buko | suso | yoyo |

**B. Gawain sa Pagkatuto:**

**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**


**Paghahanda:** Iguhit o idikit ang key picture sa pisara o board. Isulat din ang key symbol *(l ,b , p, k,s, a,y),* key word, at syllable boxes o pagpapantig sa board.



p

pi ko

**Naghukay ng lupa si Nico gamit ang pi'ko.**

| |
|---|
| 1. Ituro ang key picture at sabihing, "Ito ay piko, **<u>pi`ko</u>** ang tawag dito."  |
| 2.Ituro o isulat ang key word at sabihing, "Ganito isinusulat ang salitang **<u>piko</u>**." **pi'ko** |
| 3.Basahin sa mga mag-aaral ang key word nang 2 o 3 beses, Kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa, pigilan sila at sabihing, "Wala munang magsasalita. Makinig lang nang mabuti.", Magpapatuloy sa iyong pagbasa. |
| 4.Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo o isinusulat. **<u>pi</u> - <u>ko</u>** |
| 5. Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. Sabihin, " Pumalakpak nang ayon sa bilis o bagal ng salita". Gawin itong muli kasabay na ang mga mag-aaral. **piko** |
| 6. Muling ipabasa sa mga mag-aaral ang pinantig na salita. **<u>pi</u>-<u>ko</u>** |

**2. Sentence**

**Paghahanda:** Isulat ang key sentence o pangungusap sa board.

**Naghukay ng lupa si Nico gamit ang pi'ko.**

1.Ituro ang key sentence o pangungusap at basahin sa tamang bilis o bagal lamang.

**Naghukay ng lupa si Nico gamit ang pi'ko.**

Pigilan sila kung makikita o maririnig mong sumasabay sila sa iyo at sabihing "Makinig munang mabuti."

2.Basahin ang pangungusap nang 2 o 3 beses kasabay ng mga mag-aaral.

**Naghukay ng lupa si Nico gamit ang pi'ko.**

3. Tingnan kung may mag-aaral na nais bumasa ng pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang.


**3.Building Vocabulary**

**Paghahanda:** Mamili kung gagawa ng malalaking picture card o iguguhit ang mga larawan sa board upang ituro ang mga salita. Kung gagamit ng picture cards, siguraduhing sapat ang laki ng bawat larawan upang makita ng buong klase. Maaaring idikit ang mga ito sa board o iguguhit sa board ang mga larawan. Isulat din ang mga pangalan ng mga larawan sa ibaba ng bawat larawan. Dapat sabihin ang kasingkahulugan ng salita kung mayroon man, kung nalilito ang mga mag-aaral sa kahulugan ng mga salita.


1. Sabihin,"Mag-aaral tayo ng mga salitang may diin sa unang pantig at may impit na tunog".

pako puno puso payong pusa

2. Ituro ang unang larawan at sabihing, "Ito ay **pa'ko**."



3. Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 beses. Basahing muli nang 2 o 3 beses ang salita kasabay ng mga mag-aral.



**pa'ko**

4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat larawan.



pako



buko



suso



yoyo



puno

| |
|---|
| 5. Pagkatapos basahing lahat ang mga salita, basahing muli ang bawat salita kasabay ng mga mag-aaral. |

### 4. Additional Vocabulary

**Paghahanda:** Isulat ang listahan ng mga salita sa board.


Dapat sabihin ang kasingkahulugang salita, kung mayroon man, kung mapapansing nalilito ang mga mag-aaral ipaliwanag ang kahulugan ng mga salita para sa mas ikauunawa nila.

| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Makabubuo tayo ng maraming salita gamit ang letrang ito". <br> **l ,b , p, k,s, a,y,o** <br> **sako pala layo saya paa** <br> **piko puno upo pato hito** |
| 2.Basahin ang unang salita sa mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. Basahing muli kasabay ng mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. |
| 3.Itanong sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salita. Kung hindi nila alam, ituro sa kanila ang kahulugan ng salita sa tulong ng ilang gamit at pag-arte. |
| 4.Ulitin ang bilang 2 at 3 para sa lahat ng natitirang mga salita. |
| 5. Matapos malaman/mapag-aralan ang lahat ng salitang Filipino, muling balikan ang mga salita at basahin pang minsan kasabay ng mga mag-aaral.Magbigay ng pangungusap gamit ang mga salitang napag-aralan. |


### 5. Picture-Word Association

**Paghahanda:** Kung nakagawa ka ng picture card para sa Building Vocabulary, maaari mo ring gamitin ang parehong picture card para dito. Mamili lamang kung ididikit ang mga picture card o iguguhit ang mga larawan sa board. Katapat ng bawat larawan sa bandang kanan, isulat ang 3 salita sa Filipino para pamilian ng mga mag-aaral.


1. Sabihin, "Basahin ang mga salitang ito,



sako
ako
aso




aso
oso
poso



pala
tala
lapa



siko
isip
susi



ako
pako
paso

Alamin kung maaalala ninyo ang kahulugan ng mga ito."


2.Ituro ang unang hanay ng 3 salita,habang binabasa ang mga ito sa mga mag-aaral. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.

3. Ituro ang unang larawan at tanungin ang mga mag-aaral, "Ano ang larawang ito mula sa 3 salitang ating binasa?" Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot. Gumuhit ng linya mula sa larawan patungo sa tamang salita.



sako
ako
aso


4. Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay ng 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Magtanong, "Ano ang larawang ito mula sa 3 salitang ating/aking binasa?" Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita.



pala
tala
lapa



siko
isip
susi



ako
pako
paso

5. Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa mga natitirang hanay ng mga salita at larawan.

## 6. Comparing Filipino Words

**Paghahanda:** Tutulungan ng pagsasanay na ito ang mga mag-aaral na mapansin ang pagkakaiba ng mga diin sa unang pantig sa mga pares ng salita. Mamili kung ididikit ang picture cards o iguguhit ang mga larawan sa board. Iguhit ang chart at ilagay sa loob ng kahon ang mga larawan, salita, at pangungusap sa loob ng bawat kahon.

1. Sabihin, "Makinig muna kayong mabuti habang binabasa ko ito."


2. Sa unang hanay sa chart, basahin muna sa mag-aaral ang salitang nasa kaliwa at ang pangungusap na nasa gawing kanan naman.




basa



basa



saya



saya

Basahin nang 2 o 3 beses. Iparinig ang tamang paraan ng pagbasa sa mga pares ng salita.

Kung sabayan ka ng mga mag-aaral sa iyong pagbasa, patigilin sila at sabihing, “Makinig munang mabuti.”

3. Itanong, “Ano ang napansin ninyo sa mga pares ng salitang ito?” Patuloy na tanungin ang mga mag-aaral hanggang matukoy ang naiibang simbolo/tunog.

4. Basahin sa mga mag-aaral ang pangungusap sa unang hanay nang 2 o 3 beses. Itanong ang kahulugan ng 2 salita na magkatulad ng baybay subalit iba ang kahulugan.

a. Si Kuya Domeng ay nagba**basa** ng aklat.
b. Ang bagong kamiseta ni Kuya ay na**basa** dahil sa ulan.
a. Bumili ng magandang **saya** si Inay para kay Lola.
b. Ang saya-**saya** ni bunso sa laruang bigay ni Tatay.
a. Ang **piko** ay ginamit ng magsasaka sa bukid.
b. Naglaro ng **piko** ang aking mga kapatid sa bakuran.

5. Hikayatin ang mga mag-aaral na sabayan ka sa pagbasa ng mga salita hanggang mabasa nila nang tama. Basahin nang magkasabay ang salita nang 2 o 3 beses.

6.Ipagpatuloy ang pagsasanay sa susunod na mga hanay. Uliting gawin ang bilang 2-5 para sa lahat ng mga salita.

### 7. Vocabulary in Context

**Paghahanda:** Mamili kung gagamit ng malalaking picture card para idikit sa board o guguhit ng larawan sa board. Iguhit ang chart at ilagay sa loob ng kahon ang mga larawan.

1. Sabihin, “Patuloy tayong mag-aral ng mga salitang may diin sa unang pantig. Magsasanay din tayong gamitin ang mga salitang ito sa pangungusap.”

| | |
|---|---|
|  ba’sa |  basa’. |
|  saya |  saya |


2. Magsimula sa unang kahon. Ituro ang larawan at sabihin, “Ano ang ginagawa ng bata?.”



| |
|---|
| 3. Basahin ang salita sa mga mag-aaral nang 2 beses. Pagkatapos ay basahing muli nang 2 beses kasabay ng mga mag-aaral. |
| 4.Basahin ang pangungusap sa mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. Basahing muli kasabay ng mga mag-aaral. |
| 5.Ipagpatuloy ang pagsasanay sa natitirang mga kahon. Ulitin ang bilang 2-4 sa bawat isang kahon. |


**8.Learning Assessment**

**Paghahanda:** Tutulungan ng bahaging ito ang mga guro na malaman kung natutuhan ba ng mga mag-aaral ang tamang bigkas ng diin/tunog o kakailanganin pa ng panibagong pagsasanay. Kaya mahalagang gawin lamang ang bahaging ito kung natapos nang ituro ang buong leksiyon sa mga bata. Maaaring gawin ang bahaging ito sa pamamagitan ng maliliit na grupo o ng indibidwal. Maaaring idikit ang mga larawan na nasa aklat sa board at gumuhit ng linya sa tabi ng bawat larawan o ipakopya ang pahinang ito para ibigay sa bawat mag-aaral.

| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral na isulat sa linya ang salita ng bawat larawan.       **ba'sa** **basa'** **tu'bo** **tubo** **saya'** **sa'ya** |
| 2.Paalalahanan ang mga mag-aaral na huwag kalimutang ilagay ang tamang marka (diin o impit na tunog o magkasamang diin at impit na tunog) sa aralin. |
| 3. Tingnan mula sa sagot ng mga mag-aaral kung kakailanganin pang ulitin ang ilang pagsasanay upang bigyan ng karagdagang panahong magsanay. |

**9. Writing**

**Paghahanda:** Isulat ang katumbas na salita ng mga larawan nang pakabit-kabit o cursive.

| |
|---|
| 1. Gamit ang nakahandang Flashcard, ipakita ang mga larawan at salitang na pinag-aralan. |
| 2. Sabihan ang bawat mag-aaral na tignang mabuti ang mga larawang nag-uumpisa sa letrang p at isulat ang buong salita nang kabi-tkabit sa linyang katabi nito. Ipakita ang tamang pagsulat sa paraang kabit-kabit o cursive ang bawat letra. .      |
| 3. Ipabakat isa-isa ang mga letra sa paraang kabit-kabit o cursive. Gawin ito sa palad, desk, at sa hangin. |

| |
|---|
| 4. Kung tapos na ang lahat ng mga mag-aaral sa kanilang pagsagot, isulat ang tamang sagot sa board. |
| 5. Bumasa ng mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Tumawag ng mag-aaral na nais sumubok na basahin ang ilang salita kasabay mo. |
| 6. Ipasulat sa kuwaderno ang mga letrang pinag-aaralan sa paraang pa-cursive. |

**10. Reading Comprehension**

**Paghahanda:** Isulat nang may tamang laki ang teksto sa board upang mabasa ng lahat ng mga bata sa klase.

| |
|---|
| 1. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.<br>**Ang Pako**<br>Maagang gumising si Nanay. Diniligan niya ang mga tanim na pako' sa tabi ng bakod. Napansin ni Nanay ang nakausling pa'ko sa isang kahoy ng bakod. Tinawag niya si Tiyo para ayusin ang bakod. Kinuha ni Tiyo ang martilyo at pinukpok ang nakausling pa'ko bago pa ito makasugat. |
| 2. Basahin muli ang teksto kasabay ng mga mag-aaral.<br>**Ang Pako**<br>Maagang gumising si Nanay. Diniligan niya ang mga tanim na pako sa tabi ng bakod. Napansin ni Nanay ang nakausling pako sa isang kahoy ng bakod. Tinawag niya si Tiyo para ayusin ang bakod. Kinuha ni Tiyo ang martilyo at pinukpok ang nakausling pako bago pa ito makasugat. |
| 3. Gamitin ang mga ginawang tanong at hikayatin ang mga mag-aaral na sumagot at pag-usapan ang teksto.<br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang nasa tabi ng bakod?<br>2. Ano ang ginawa ni Nanay sa mga tanim niya?<br>3. Bakit kinuha ni Tiyo ang martilyo? |
| 4. Gamitin ang sagot ng sinumang mag-aaral upang mapalawak pa ang pag-uusap patungkol sa teksto. |

## IV. Formative Assessment

*Activity 1 –Listening and Reading*

1. Sabihin sa mga mag-aaral" Ang mga salita ay magkakatulad ng baybay subalit magkaiba ng tunog/bigkas at kahulugan. Pakinggan at pagmasdan lang munang mabuti ang bawat salita at kung paano ko ito bibigkasin"

| | |
|---|---|
| **ba'sa** | **basa'** |
| **pa'ko** | **pako'** |
| **pa'so** | **paso'** |
| **pu'no** | **puno'** |

2. Basahing isa-isa ang mga salitang nakasulat sa blackboard (kung sasabayan ka ng mga mag-aaral sabihing, "Makinig lang munang mabutii")
3. Basahing muli ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.
4. Ipabasa sa mga mag-aaral nang 2-3 beses.

---

*Activity 2 – Hearing Practice*

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "kapag narinig ninyo ang tunog/diin sa unang pantig itaas ang inyong kamay"


| | |
|---|---|
| **tasa'_2__** | **ka'pa___** |
| **ta'sa___** | **bara'___** |
| **pa'na___** | **ma'pa___** |
| **ta'pa___** | **ga'ra___** |
| **po'so___** | **pa'ra___** |

2. Basahing isa-isa ang mga salitang nasa listahan.


---


*Activity 3 – Spelling and Producing Sound*


1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Isulat nang kabitkabit sa ibabang patlang ang mga babanggiting kong mga larawan


___________


___________


___________


___________


___________

2. Tumawag ng isang mag-aaral na nais sumubok baybayin sa blackboard ang isa sa mga salitang iyong binasa. “Sino sa inyo ang gustong baybayin ang unang salitang aking binasa?”
3. Itanong sa mga mag-aaral, “Tama ba ang pagkabaybay ng salita ng mga bata?” (Kung tama ang pagkasulat ng salita o pangalan, purihin ito, kung mali, pasalamatan ang bata at muling tumawag ng isa pang batang nais sumubok hanggang sa makuha ang tamang pagbaybay nito.)
4. Ipabasa sa mga mag-aaral ang salitang nakasulat. (Siguraduhing tama ang pagbigkas ng mga bata. Kung hindi, basahin ulit ang salita sa mga bata. Saka muling ipabasa nang sabay-sabay sa mga mag-aaral ang salita.)

**Teacher's Guide in Bridging Primer Grade 2 (Tagalog)**
**Lesson 5- Mga Salitang nasa Huling Pantig ang Diin**
**Key symbols:** a, s, g, m, i, k, p, b, r

---

**I. Layunin:**

A. Kamalayang Ponolohiya:
- Nababasa ang mga salita, pangungusap, kwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon. (**F2TA-Oj-3)**

B. Palabigkasan at Pagkilala sa Salita:
- Nasasabi ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pantig/salita. **(F2PP-IIA-6)**

C. Pag-unlad ng Talasalitaan:
- Napag-uuri-uri ang mga salita ayon sa pahiwatig na konseptwal. **(F2PT-Ij-5)**

D. Pagsulat at Pagbaybay:
- Nababaybay nang wasto ang mga salitang may tatlo o apat na pantig batayang talasalitaang pampaningin natutunang salita mula sa mga aralin. **(F2PY-Ij-2.1 )**

E. Pag-unawa sa Binasa:
- Natutukoy ang suliranin sa nabasang teksto o napanood. **(F2PB-Ij-2.1)**

**II. Paksang Aralin: Mga Salitang nasa Huling Pantig ang Diin**

**Kagamitan:** flashcards, laptop, TV monitor
mga larawan ng mga bagay na may diin sa hulihang pantig

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

**1. Balik-Aral**

Napag-aralan natin ang mga salitang may diin sa unang pantig. Magbigay ng mga salitang may diin sa unang pantig.

**2. Pagganyak:**

Ipaawit sa mga bata:

**Magtanim Ay Di Biro**

Magtanim ay di biro, Maghapong nakayuko,
Di naman makaupo, Di naman makatayo,
Magtanim ay di biro, Maghapong nakayuko,
Di naman makaupo, Di naman makatayo,
Halina, halina mga kaliyag,
Tayo'y magsipag-unat-unat,
Magpanibago tayo ng lakas,
Para sa araw ng bukas.

Basahin nating muli ang mga salitang may salungguhit sa awit, sa ating pagbikas ng mga salitang ito, nasaan ang diin?

Ngayon naman ay pag-aaralan natin ang mga salitang may diin sa hulihang pantig.

**B. Gawain sa Pagkatuto:**

**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**

**Paghahanda:** Iguhit o idikit ang key picture sa pisara o board. Isulat din ang key symbol *(a, s, g, m, I, k, p, b, r),* key word, at syllable boxes o pagpapantig sa board.

| |
|---|
| 1. Ituro ang key picture at sabihing**,** "Ang tawag dito ay paso'."  **paso'** |
| 2. Ituro o isulat ang key word at sabihing, "Ganito natin isinusulat ang salitang **paso'** |
| 3.Basahin sa mga mag-aaral ang keyword nang 2 o 3 beses. Kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa, pigilan sila at sabihing, "Wala munang magsasalita. Makinig lang nang mabuti.", at saka magpatuloy sa iyong pagbasa. |
| 4.Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo o isinusulat. **pa-so** |
| 5. Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. (Pumalakpak nang ayon sa bilis o bagal ng salita kung ito'y sinasabi.) Gawin itong muli kasabay na ang mga mag-aaral. |
| 6. Muling ipabasa sa mga mag-aaral ang 2 pinantig na salita na magkatulad ang baybay subalit magkaiba ang diin at bigkas. **Paso'** |

**2. Sentence**

**Paghahanda:** Isulat ang key sentence o pangungusap sa board.

**Napa'so ang bata sa mainit na paso'.**


| |
|---|
| 1. Ituro ang key sentence o pangungusap at basahin ito sa mga mag-aaral sa tamang bilis o bagal lamang. **Napa'so ang bata sa mainit na paso'.** Pigilan sila kung makikita o maririnig mong sumasabay sila sa iyo at sabihing "Makinig munang mabuti." |
| 2. Basahin ang pangungusap muli nang 2 o 3 beses kasabay ng mga mag-aaral. **Napa'so ang bata sa mainit na paso'.** |
| 3. Tingnan kung may mag-aaral na nais bumasa ng pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang. |

### 3. Building Vocabulary

**Paghahanda:** Mamili kung gagawa ng malalaking picture card o iguguhit ang mga larawan sa board upang ituro ang mga salita. Kung gagamit ng picture cards, siguraduhing sapat ang laki ng bawat larawan upang makita ng buong klase. Maaaring idikit ang mga ito sa board o di kaya naman ay iguhit sa board ang mga larawan. Isulat din ang mga pangalan ng mga larawan sa ibaba ng bawat larawan. Dapat sabihin ang kasingkahulugang salita kung mayroon man, kung mapapansing nalilito ang mga mag-aaral sa kahulugan para ipaliwanag ang kahulugan ng mga ito.

1. Sabihin, “Mag-aaral tayo ng mga salita, na may diin sa hulihang pantig ng mga salita na magkatulad ang baybay ngunit magkaiba ang diin sa bigkas. Dahil sa pagbabago ng diin, nagdudulot ito ng pagbabago ng kahulugan.


2. Ituro ang unang larawan at sabihing, “Ang unang larawan ay pi’to at ang pangalawang larawan ay ang numerong pito'.” Gawin sa susunod na larawan.




**pi’to**



**pito’**



**tu’bo**



**tubo’**

**Itanong:** May napansin ba kayo sa inyong pagbigkas sa mga salita?
Ano ang napansin ninyo sa pagbigkas ng mga salita?
Magkaiba ba ang ibig sabihin?

3. Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 beses. Pagkatapos ay basahing muli nang 2 o 3 beses kasabay ng mga mag-aaral.

4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat larawan.

5. Pagkatapos basahing lahat ang mga salita, muling basahin kasabay ng mga mag-aaral.

### 4. Additional Vocabulary

**Paghahanda:** Isulat ang listahan ng mga salita sa board.
Dapat sabihin ang kasingkahulugang salita, kung mayroon man, kung mapapansing nalilito ang mga mag-aaral sa kahulugan ng mga salita, ipaliwanag ang kahulugan para sa mas ikauunawa nila.

1. Sabihin sa mga mag-aaral, “Makabubuo tayo ng maraming salita gamit ang letrang ito,katulad ng, *(a, s, g, m, I, k, p, b, r)*
siga’, si’ga, a’so, aso’, ta’sa, tasa’, tubo, tu’bo,

2.Basahin ang unang salita sa mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. Pagkatapos, basahing muli kasabay ng mga mag-aaral nang 2 o 3 beses.

| |
|---|
| 3.Itanong sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salita. Kung hindi nila alam, ituro sa kanila ang kahulugan ng salita sa tulong ng ilang gamit o pag-arte. |
| 4.Ulitin ang bilang 2 at 3 para sa lahat ng natitirang mga salita. |
| 5. Matapos malaman/mapag-aralan ang lahat ng salita, muling balikan ang mga salita at basahin pang minsan kasabay ng mga mag-aaral. |

### 5. Picture-Word Association

**Paghahanda:** Kung nakagawa ka ng picture cards para sa Building Vocabulary, maaari mo ring gamitin ang parehong picture cards para dito. Mamili lamang kung ididikit ang mga picture card o iguguhit ang mga larawan sa board. Katapat ng bawat larawan sa bandang kanan, isulat ang 3 salita para pamilian ng mga mag-aaral.

| |
|---|
| 1. Sabihin, “Basahin ang mga salitang ito, alamin kung maaalala ninyo ang kahulugan ng mga ito.”<br> paso'<br>pata<br>pa’so<br> pasa’<br>sapa’<br>pa’sa’<br> pi’to<br>hito’<br>pata<br> tu’bo<br>tubo’<br>ti’bo |
| 2. Ituro ang unang hanay ng 3 salita, habang binabasa ang mga ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos, basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. |
| 3. Ituro ang unang larawan at tanungin ang mga mag-aaral, “Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating binasa?” Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot. Gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita. |
| 4.Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay ng 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Magtanong, “Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating / aking binasa?” Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita. |
| 5.Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa mga natitirang hanay ng mga salita at larawan. |

### 6. Comparing Words






**Paghahanda:** Tutulungan ng pagsasanay na ito ang mga mag-aaral na mapansin ang pagkakaiba sa mga pares ng salita na may isang baybay subalit iba ang kahulugan. Mamili kung ididikit ang picture cards o iguguhit ang mga larawan sa board. Iguhit ang chart at ilagay sa loob ng kahon ang mga larawan, salita, at pangungusap sa loob ng bawat kahon.

| |
|---|
| 1. Sabihin, “Makinig lang muna kayong mabuti habang binabasa ko ito sa inyo!” |
| 2. Sa unang hanay sa chart, basahin muna sa mga mag- aaral ang salitang nasa kaliwa at pagkatapos yung nasa kanan naman.<br>pito’ - pi’to<br>paso’ - pa’so<br>siko’ - si’ko<br>tasa’ - ta’sa<br>upo’ - u’po<br>1. Pitong taong gulang ako nang ako ay pumasok sa paaralan.<br>2. Ang pulis ay may pitong pito na ginagamit araw-araw<br>Basahin ito nang 2 o 3 beses. Iparinig ang tamang paraan ng pagbasa sa mga pares ng salita.<br>Kung sabayan ka ng mga mag-aaral sa iyong pagbasa, patigilin sila at sabihing, “Makinig lang munang mabuti.” |
| 3. Itanong, “Ano ang napansin ninyo sa mga pares ng salitang ito? ”Patuloy na tanungin ang mga mag-aaral hanggang matukoy ang naiibang diin/tunog. |
| 4. Basahin sa mga mag-aaral ang 2 pangungusap sa unang hanay nang 2 o 3 beses. At saka itanong ang kahulugan ng 2 salita. Itanong: “Mga bata, may pagbabago ba sa kahulugan ng mga magkakatulad na salita o baybay kapag binibigkas? Ibig sabihin, may mga pagbabago ang salita kung ito’y binibigkas nang may diin, o antala o may ekspresyon man. |
| 5. Hikayatin ang mga mag-aaral na sabayan ka sa pagbasa ng mga salita hanggang mabasa nila nang tama ang bawat salita. Basahing magkasabay ang mga salita nang 2 o 3 beses. |
| 6. Ipagpatuloy ang pagsasanay sa susunod na mga hanay.Uliting gawin ang bilang 2-5 para sa lahat ng mga natitirang pares ng salita. |

## 7. Vocabulary in Context



**Paghahanda:** Mamili kung gagamit ng malalaking picture card para idikit sa board o guguhit ng larawan sa board.

Iguhit ang chart at ilagay sa loob ng kahon ang mga larawan ayon sa pagkakaayos nito sa primer. Isulat din ang mga salita at pangungusap nasa loob ng bawat kahon.

| |
|---|
| 1. Sabihin, "Patuloy tayong mag-aral ng mga salita na may diin sa hulihan ng pantig. Magsasanay rin tayong gamitin ang mga salita sa pangungusap." |
| 2. Magsimula sa unang kahon. Ituro ang larawan at sabihin, '"ito ay paso'". <br> 1.  paso' <br> 2.  pito' <br> 3.  pasa' <br> 4.  butiki' <br> 5.  pito' |
| 3. Basahin ang salita sa mga mag-aaral nang 2 beses. Pagkatapos ay basahing muli nang 2 beses kasabay ng mga mag-aaral. |
| 4.Basahin ang pangungusap sa mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. Basahin itong muli kasabay ng mga mag-aaral. |
| 5.Ipagpatuloy ang pagsasanay sa natitirang mga kahon. Ulitin ang bilang 2-4 para sa bawat isang kahon. |






## 8. Learning Assessment

**Paghahanda:** Tutulungan ng bahaging ito na malaman kung natutuhan ba ng mga mag-aaral ang naiturong bagong diin/tunog, kung kakailanganin pa ng panibagong pagsasanay. Kaya mahalagang gawin lamang ang bahaging ito kung matapos nang ituro ang buong leksiyon sa mga bata. Maaaring gawin ang bahaging ito sa pamamagitan ng maliliit na grupo o ng indibidwal. Maaaring idikit ang mga larawang nasa sa aklat sa board at saka gumuhit ng linya sa tabi ng bawat larawan o ipakopya ang pahinang ito para ibigay sa bawat mag-aaral.

| |
|---|
| 1.Sabihin sa mga mag-aaral na isulat sa linya ang salita ng bawat larawan at ang tamang pagbaybay at diin.<br>     |
| 2.Paalalahanan ang mga mag-aaral na huwag kalimutang ilagay ang tamang marka (diin o impit na tunog sa angkop na aralin.) |
| 3. Tingnan mula sa sagot ng mga mag-aaral kung kakailanganin pang ulitin ang ilang pagsasanay upang bigyan ng karagdagang panahon upang magsanay. |

9. **Writing**

**Paghahanda:** Isulat ang salita sa board at gumuhit ng linya sa tabi ng bawat salita.

| |
|---|
| 1. Sabihan ang bawat mag-aaral na tingnang mabuti ang mga larawang may diin ang bigkas sa huling pantig at isulat ang buong salita na pakabit-kabit sa linyang katabi nito. Ipakita ng guro ang tamang pagsulat sa paraang kabit-kabit o pa-cursive ang bawat letra.<br> pito'  paso'<br> pi'to  piko'<br> pa'ko |
| 2. Ipabakat isa-isa ang mga letra sa paraang kabit-kabit o cursive. Gawin ito sa palad, desk, at sa hangin. |
| 3.Kung tapos na ang lahat ng mga mag-aaral sa kanilang pagsagot, isulat ang tamang sagot sa board. |
| 4.Bumasa ng mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Tumawag ng mag-aaral na nais sumubok na basahin ang ilang salita kasabay mo. |
| 5. Ipasulat sa kuwaderno ang mga letrang pinag-aralan sa paraang pa-cursive. |

**10.Reading Comprehension**

**Paghahanda:** Isulat nang may tamang laki ang kuwento sa board upang mabasa ng lahat ng mga bata sa klase.

<table>
<tr><td>1. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.<br><u>Si Lito ay nalito</u><br>Bumili si Lito ng bagong pito. Hinipan niya ang pito at nagulat ang alaga niyang aso. Tumakbo ang aso nang mabilis. Nabangga nito si Tatay na hawak ang tasa ng mainit na kape. Malaking paso ang natamo niya dahil sa natapong kape at siya ay natumba. Nabasag ang paso ng halaman. Pito ang nabasag na paso ng halaman, kaya siya ay nalito.<br><br>Mga Tanong:<br>1. Ano ang binili ni Lito?<br>2. Bakit tumakbo ang alagang aso ni Lito?<br>3. Paano tumakbo ang aso nang marinig ang pito?<br>4. Bakit napaso si Tatay ng mainit na kape?<br>5. Ano ang nangyari nang matumba si Tatay?</td></tr>
<tr><td>2. Basahing muli ang teksto kasabay ng mga mag-aaral.<br><u>Si Lito ay nalito</u><br>Bumili si Lito ng bagong pito. Hinipan niya ang pito at nagulat ang alaga niyang aso. Tumakbo ang aso nang mabilis. Nabangga nito si Tatay na hawak ang tasa ng mainit na kape. Malaking paso ang natamo niya dahil sa natapong kape at siya ay natumba. Nabasag ang paso ng halaman. Pito ang nabasag na paso ng halaman, kaya siya ay nalito.</td></tr>
<tr><td>3. Gamitin ang sagot ng mag-aaral upang mapalawak pa ang pag-uusap patungkol sa teksto.</td></tr>
</table>

## IV. Assessment/Evaluation

***Activity 1 –Listening and Reading***

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Ang mga salita ay mga salitang may magkatulad na baybay subalit magkaiba ng tunog/bigkas at kahulugan. Pakinggan at pagmasdan lang munang mabuti ang bawat salita at kung paano ko ito bibigkasin"

| A | B |
|---|---|
| **basa'** | **ba'sa** |
| **pasa'** | **pa'sa** |
| **piko'** | **pi'ko** |
| **pako'** | **pa'ko** |
| **saya'** | **sa'ya** |

2. Basahing isa-isa ang mga salitang nakasulat sa blackboard (kung sasabayan ka ng mga mag-aaral sasabihing, “Makinig lang munang mabuti”)

3. Muling basahin ang mga salita kasama ng mga mag-aaral, at ipasulat nang pakabit –kabit.
4. Ipabasa sa mga mag-aaral nang 2-3 beses.

***Activity 2 – Hearing Practice***

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "kapag narinig ninyo ang impit na tunog sa hulihan ng salita itaas ang inyong kamay at sabihin kung ano ang salitang-ugat ng aking babanggiting salita."

| | |
|---|---|
| **nagbasa** | |
| **masaya** | |
| **nagpiko** | |
| **naglaro** | |
| **nagpiko** | |

2. Basahing isa-isa ang mga salitang nasa listahan.

**Activity 3 – Spelling and Producing Sound**

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Baybayin sa inyong mga papel ang salita sa larawan na sasabihin ko" at isulat nang kabit-kabit o cursive.

1. nagbasa ______________________
2. naglaba ______________________
3. nagpiko ______________________
4. masaya ______________________
5. naglaro ______________________

2. Tumawag ng isang mag-aaral na nais sumubok baybayin sa blackboard ang isa sa mga salitang iyong binasa. "Sino sa inyo ang gustong baybayin ang unang salita"?
3. Itanong sa mga mag-aaral, "Tama ba ang pagkabaybay ng salita, mga bata?" (Kung tama ang pagkasulat ng salita o pangalan, purihin ito, kung mali, pasalamatan ang bata at muling tumawag ng isa pang batang nais sumubok hanggang sa makuha ang tamang pagbaybay nito)
4. Ipabasa sa mga mag-aaral ang salitang nakasulat. (Siguraduhing tama ang pagbigkas ng mga bata. Kung hindi, basahing muli ang salita sa mga bata. Muling ipabasa nang sabay-sabay sa mga mag-aaral ang salita.)

**Teacher's Guide in Bridging Primer Grade 2 (Tagalog)**
**Lesson 6- Mga Salitang may Gitling at may Impit na**
**Key symbols:** m,a,i,so,e,b,p,u,h,k,l,y,n,g,p

---

**I. Layunin:**

A. Kamalayang Ponolohiya:
- Napapalitan at nadadagdagan ang mga tunog upang makabuo ng bagong salita. **(F2KP-Ij-6)**

B. Palabigkasan at Pagkilala sa Salita:
- Nasasabi ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pantig/salitang may gitling. **(F2PP-Ib-6)**

C. Pag-unlad ng Talasalitaan:
- Napag-uuri-uri ang mga salita ayon sa pahiwatig na konseptwal. **(F2PT-Ij-5)**

D. Pagsulat at Pagbaybay:
- Naisusulat nang may wastong baybay at bantas/gitling ang mga salitang ididikta ng guro. **(F2KM-Ij1.2)**

E. Pag-unawa sa Binasa:
- Naiuugnay sa sariling karanasan ang nabasang teksto. **(F2PB-Ij-1)**

**II. Paksang Aralin:** Mga Salitang may Gitling at may Impit na Tunog sa Pagbigkas

**Kagamitan:** flash cards, laptop, TV monitor, mga larawan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

**1. Balik-Aral**

Napag-aralan na natin ang mga diin sa una at hulihan ng pantig, ngayon naman ay ating pag-aaralan ang isa pang diin o bigkas. Subalit bago iyan, tingnan ko muna kung naaalala pa ninyo ang ating nakaraang aralin. Magbigay ng mga salitang magkasing baybay ngunit magkaiba ang bigkas.

a. sa unang pantig
b. sa huling pantig

**2. Pagganyak:**

Paglaruin ang mga bata ng "Nanay, Tatay gusto kong tinapay". Nagustuhan ba ninyo ang inyong laro? Sino-sino ang mga binanggit na kasapi ng inyong pamilya?

**B. Gawain sa Pagkatuto:**

**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**

**Paghahanda:** Iguhit o idikit ang key picture sa pisara o board. Isulat din ang key symbol(*m,a,i,s,o,e,b,p,u,h,k,l,y,n,g,p*), key word, at syllable boxes o pagpapantig sa board.

| |
|---|
| 1. Ituro ang key picture at sabihing, "Ang tawag dito ay mag-anak'."<br><br>**mag-anak** |
| 2. Ituro o isulat ang key word at sabihing, "Ganito natin isinusulat ang salitang<br>**<u>mag-anak'</u>** |
| 3.Basahin sa mga mag-aaral ang keyword nang 2 o 3 beses. Kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa, pigilan sila at sabihing, "Wala munang magsasalita. Makinig lang ng mabuti.", at magpatuloy sa iyong pagbasa. |
| 4.Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo o isinusulat.<br>**<u>mag-anak</u>** |
| 5. Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. (Pumalakpak nang ayon sa bilis o bagal ng salita kung ito'y sinasabi.) Gawin itong muli kasabay na ang mga mag-aaral. |
| 6. Muling ipabasa sa mga mag-aaral ang 3 pinantig na salita, na may gitling at impit na tunog<br>**<u>mag-anak'</u>** |

**2. Sentence**

**Paghahanda:** Isulat ang key sentence o pangungusap sa board.

**Masaya ang mag-anak na balikbayan sa kanilang bakasyon.**

| |
|---|
| 1. Ituro ang key sentence o pangungusap at basahin ito sa mga mag-aaral sa tamang bilis o bagal lamang.<br>**Masaya ang mag-anak na balikbayan sa kanilang bakasyon.**<br>Pigilan sila kung makikita o maririnig mong sumasabay sila sa iyo at sabihing "Makinig munang mabuti." |
| 2. Basahin ang pangungusap muli nang 2 o 3 beses kasabay ng mga mag-aaral.<br>**Masaya ang mag-anak na balikbayan sa kanilang bakasyon.** |
| 3. Tingnan kung may mag-aaral na nais bumasa ng pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang. |

### 3. Building Vocabulary

**Paghahanda:** Mamili kung gagawa ng malalaking picture card o iguguhit ng mga larawan sa board upang ituro ang mga salita. Kung gagamit ng picture cards, siguraduhing sapat ang laki ng bawat larawan upang makita ng buong klase. Maaaring idikit ang mga ito sa board o iguhit sa board ang mga larawan. Isulat din ang mga pangalan ng mga larawan sa ibaba ng bawat larawan. Dapat sabihin ang kasingkahulugang salita kung mayroon man, kung mapapansing nalilito ang mga mag-aaral sa kahulugan ng mga salita ipaliwanag ang kahulugan ng mga ito.

1. Sabihin, "Mag-aaral tayo ng mga salitang may gitling, ito ay sumisimbolo sa impit na tunog**.**


**mag-anak** **mag-ate** **nag-aalaga** **nag-aani** **nag-aapoy**

Dahil sa pagbabago ng diin, nagdudulot ito ng pagbabago ng kahulugan".

2. Ituro ang unang larawan at sabihing, " Ito ay ang **mag-anak".** Basahing muli. Muli ay ituro ang ikalawang larawan, basahin at gawin sa susunod pang mga larawan.



**mag-anak'**



**mag-ate**



**nag-aani**



**nag-aapoy**



**nag-aalaga**

**Itanong*:*** May napansin ba kayo sa inyong pagbigkas sa mga salita?
Ano ang napansin ninyo sa pagbigkas ng mga salita?

3. Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 beses. Basahing muli nang 2 at 3 beses ang salita kasabay ng mga mag-aaral.

4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat larawan.

5. Pagkatapos basahin lahat ang mga salita, muling basahin kasabay ang mga mag-aaral.

## 4. Additional Vocabulary

**Paghahanda:** Isulat ang listahan ng mga salita sa board. Kung napapansin na nalilito ang mga bata sa mga salita, ipaliwanag ang kahulugan nito.

| | |
|---|---|
| 1. | Sabihin sa mga mag-aaral, “Makakabuo tayo ng maraming salita gamit ang gitling at may impit na tunog. Tulad ng mga ito:<br><br>1. mag-alis - Mag-alis ka ng sapatos.<br>2. nag-isa - Si Juan ay nag-isa sa pagpunta sa paaralan<br>3. pang-ulan - Mukhang masama ang panahon kaya ang isuot mo mamaya ay pang-ulan na damit.<br>4. tag-araw - Magandang mamasyal sa inyo kung tag-araw.<br>5. pag-asa - Sabi nila ang kabataan ay pag-asa ng bayan. |
| 2. | Basahin ang unang salita sa mga mag-aaral nang 2-3 beses. Pagkatapos, basahing muli kasabay ng mga mag-aaral nang 2-3 beses. |
| 3. | Itanong sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salita, kung hindi nila alam, ituro sa kanila ang kahulugan ng salita sa tulong ng ilang gamit at pag-arte. |
| 4. | Ulitin ang bilang 2 at 3 para sa lahat ng natitirang mga salita. |
| 5. | Matapos malaman/mapag-aralan ang lahat ng salita muling balikan ang mga salita at basahin kasabay ng mag-aaral. |

## 5. Picture- Word Association

**Paghahanda:** Kung nakagawa ka ng picture cards para sa Building Vocabulary, maari mo ring gamitin ang parehong picture cards para dito. Mamili lamang kung ididikit ang mga picture cards o iguguhit ang mga larawan sa board. Katapat ng bawat larawan sa bandang kanan, isulat ang 3 salita para pamilian ng mga mag-aaral.

| |
|---|
| 1. Sabihin, “Basahin ang mga salita at alamin kung maalala ninyo ang kahulugan ng mga ito.” |
| 2. Ituro ang unang hanay ng 3 salita habang binabasa ang mga ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos, basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.<br><br>1.  mag-anak<br>mag-ate<br>maglola<br><br>2.  nag-aararo<br>nag-aani<br>nagtatanim |

3.  mag-lola
mag-ama
mag-ate

4.  naglalaba
nag-aalaga
nagluluto

5.  nagsisiga
nag-aapoy
nag-iihaw

3. Ituro ang larawan at tanungin ang mga mag-aaral, “Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating binasa? “ Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot. Gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita.

4. Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay na 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Magtanong, “Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating binasa?” Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita.

5. Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa mga natitirang hanay ng mga salita at larawan.

6. **Vocabulary in Context**

**Paghahanda:** Mamili kung gagamit ng malalaking picture card para idikit sa board o guguhit ng larawan sa board.

Iguhit ang chart at ilagay sa loob ng kahon ang mga larawan ayon sa pagkakaayos nito sa primer. Isulat din ang mga salita at pangungusap na Filipino sa loob ng bawat kahon.

1. Sabihin, “Patuloy tayong mag-aral ng mga salitang may gitling (-) at may impit na tunog. Magsasanay rin tayong gamitin ang mga salitang ito sa pangungusap.”

2. Magsimula sa unang kahon. Ituro ang larawan at bigkasin, bigyan ng diin ang gitling. Pagkatapos ay gamitin sa pangungusap.

1.  Masaya ang ______________________.

2.  Ang tatay ay ______________ ng palay.

3.  Ang ___________ ay magsisimba.

4.  Si Nena ay____________ng kaniyang nanay na may sakit.

5.  Ang bahay ay ____________.

3. Basahin ang salita sa mga mag-aaral nang 2 beses. Pagkatapos ay basahing muli nang 2 beses kasabay ng mga mag-aaral.


4.Basahin ang pangungusap sa mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. At saka basahing itong muli kasabay ng mga mag-aaral.

5.Ipagpatuloy ang pagsasanay sa natitirang mga kahon. Ulitin ang bilang 2-4 para sa bawat isang kahon.


7. **Writing**


**Paghahanda:** Tutulungan ng bahaging ito ang mga gurong malaman kung natutuhan ba ng mga mag-aaral ang mga bagong letra/simbolo o kakailanganin pa ng panibagong pagsasanay. Kaya mahalagang gawin lamang ang bahaging ito kung natapos nang ituro ang buong leksiyon. Maaring idikit ang mga larawan mula sa aklat , board at saka gumuhit ng linya sa tabi ng larawan o ipakopya ang pahinang ito para ibigay sa mga mag-aaral.

1. Sabihin sa mga mag-aaral na isulat ang mga salitang tumutukoy sa larawan sa linya.

1.  ________

2.  ________

3.  ________

4.  ________

5.  ________


2. Paalalahanan ang mga mag-aaral na huwag kalimutang ilagay ang tamang marka (diin o impit na tunog o magkasamang diin at impit na tunog) sa angkop na aralin.

| |
|---|
| 3. Tingnan mula sa sagot ng mga mag-aaral kung kakailanganin pang ulitin ang ilang pagsasanay upang bigyan ng karagdagang panahon upang magsanay. |

## 8. Learning Assessment

**Paghahanda:** Isulat ang salita sa board at gumuhit ng linya sa tabi ng bawat salita.

1. Sabihin na, "Tingnang mabuti ang mga salita at larawang na may gitling at diin ang bigkas sa huling pantig at isulat ang buong salita nang kabit-kabit sa linyang katabi nito". Ipakita ang tamang pagsulat sa paraang kabitkabit o cursive ang bawat letra.



nagpipiko'.



naglalaro'



mag-anak



mag-asawa



nag-aapoy

2. Bakatin isa-isa ang mga letra sa paraang kabit-kabit o cursive. Gawin ito sa palad, sa desk, at sa hangin.

3.Kung tapos na ang lahat ng mga mag-aaral sa kanilang pagsagot, isulat ang tamang sagot sa board.

4.Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Tumawag ng mag-aaral na nais sumubok na basahin ang ilang salita kasabay mo.

5. Ipasulat sa kuwaderno ang mga letrang pinag-aralan sa paraang kabit-kabit o cursive.

**9. Reading Comprehension**

**Paghahanda:** Isulat nang may tamang laki ang teksto sa board upang mabasa ng lahat ng mga bata sa klase.

| |
|---|
| 1. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.<br>**<u>Ang Mag-anak ni Mang Oscar</u>**<br>Ang mag-anak ni Mang Oscar ay nagtungo sa probinsiya. Si Tatay ay tumulong mag-ani ng palay, samantalang si Ate ay nagwalis ng bakuran. Si Nanay naman ay tumulong sa pagluluto at pag-aayos ng pagkain. Naranasan nila ang tahimik at maayos na buhay sa probinsiya. Pangako ng mag-anak na sila ay babalik sa bakasyon. |
| 2.Basahing muli ang teksto kasabay ng mga mag-aaral. |
| 3. Gamitin ang mga ginawang tanong at hikayatin ang mga mag-aaral na sumagot at pag-usapan ang teksto.<br>**Mga tanong:**<br>1. Sino ang nagtungo sa probinsya?<br>2. Sino ang nag-ani ng palay?<br>3. Ano naman ang ginawa ni Nanay?<br>4. Ano ang mga karanasan nila sa ginawa nilang bakasyon? |
| 4. Gamitin ang sagot ng mag-aaral upang mapalawak ang pag-uusap patungkol sa teksto. |

## IV. Assessment/Evaluation

***Activity 1 –Listening and Reading***

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Ang sumusunod na mga salita ay may gitling na sumisimbolo sa impit na tunog. Pakinggan at pagmasdang mabuti ang bawat salita at kung paano ko ito bibigkasin."

   1. mag-anak - mag- a-nak
   2. pang- ulo - pang-u-lo
   3. mag- aama - mag-a-a-ma
   4. ika-8 ng umaga - ika-8 ng u-ma-ga
   5. keso de bola - ke-so-de-bo-la

2. Basahing isa-isa ang mga salitang nakasulat sa blackboard (kung sasabayan ka ng mga mag-aaral sabihing, "Makinig lang munang maigi")
3. Basahing muli ang mga salita kasama ng mga mag-aaral.
4. Ipabasa sa mga mag-aaral nang 2-3 beses.

***Activity 2 – Hearing Practice***

1. Sabihin sa mga mag-aaral, “kapag narinig ninyo ang impit na tunog. Itaas ang inyong kamay at banggiting muli ang salita, bigyang diin ang gitling o impit sa salita.
    1. mag-anak
    2. mag-asawa
    3. pang-ulo
    4. pag-aaral
    5. pag-uusap
2. Basahing isa-isa ang mga salitang nasa listahan.

---

***Activity 3 – Spelling and Producing Sound***


1. Sabihin sa mga mag-aaral, “Baybayin sa inyong mga papel ang salita sa paraang kabit-kabit o cursive na makikita sa larawan na sasabihin ko” Basahing isa-isa ang mga salita sa inyong listahan.

    1. mag-anak
    2. pang-ulo
    3. mag-asawa
    4. mag-ina
    5. mag-aama
2. Tumawag ng isang mag-aaral na nais sumubok baybayin sa blackboard ang isa sa mga salitang iyong binasa. “Sino sa inyo ang gustong baybayin ang unang salitang aking binasa?

3. Itanong sa mga mag-aaral, “Tama ba ang pagkabaybay ng salita, mga bata?” (Kung tama ang pagkasulat ng salita o pangalan, purihin ito, kung mali, pasalamatan ang bata at muling tumawag ng isa pang batang nais sumubok hanggang sa makuha ang tamang pagbaybay nito)

4. Ipabasa sa mga mag-aaral ang salitang nakasulat. (Siguraduhing tama ang pagbigkas ng mga bata. Kung hindi, basahin ulit ang salita sa mga bata. Saka muling ipabasa nang sabay-sabay sa mga mag-aaral ang salita).

# Consonant Clusters



**Teacher’s Guide in Bridging Primer Grade 2 (Tagalog)**
**Lesson 7- Kambal Katinig**
**Key symbols**: tr,pr,dr,gr,kr, at br

---

**I. Layunin:**

A. Kamalayang Ponolohiya:
- Nabibigkas nang wasto ang tunog na kambal-katinig. (tr, pr, dr, gr, kr at br) **(F2 KP –IVb 1.2)**

B. Palabigkasan at Pagkilala sa Salita-
- Nababasa ang mga salitang madalas makita sa paligid. (**F2PP –IV b-2.1)**

C. Pag-unlad ng Talasalitaan:
- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng palatandaang nagbibigay ng kahulugan. (pagbibigay ng halimbawa) (**F2PT-IV-a-d-1.9)**

D. Pagsulat at Pagbaybay:
- Nakasusulat sa kambal-katinig na paraan na may tamang laki at layo sa isa’t isa, malaki at maliit na letra, mga salita at pangungusap. (**F2PU –IV B -3)**

E. Pag-unawa sa Binasa:
- Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. (**F2PB-IV c-2.4)**

**II. Paksang Aralin:** Kambal-katinig (tr, pr, dr, gr, kr at br)
**Kagamitan**: Flash cards, laptop, TV Monitor, Mga larawan na may kambal-katinig (tr, pr, dr, gr, kr, at br)

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

**1. Balik-Aral:**
Pagpapakita ng larawan ng mag-anak. Paano isinusulat ang salitang mag-anak?

**2. Pagganyak:**
(Hula mo, Sagot mo)
Paboritong sasakyan ng mga batang pumapasok sa paaralan, mura, at mabilis din tumakbo.(traysikel)
Ano naman ang tawag sa nagmamaneho ng traysikel? (drayber)

**B. Gawain sa Pagkatuto**

**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**

**Paghahanda:** Iguhit o idikit ang key picture sa pisara o board. Isulat din ang key symbol (tr, pr, dr, gr, kr, at br), key word, at syllable boxes o pagpapantig sa board.


*tr, pr, dr, gr, kr, at br*

| kra | yo | la |
|---|---|---|



| kr |
|---|

Ang ilan sa kambal-katinig na madalas marinig sa Filipino ay ang sumusunod *tr, pr, dr, gr, kr, at br*. Pakinggang mabuti ang mga tunog nito.

| |
|---|
| 1. Ituro ang key picture at sabihing, Ito ay krayola.<br> |
| 2. Ituro o isulat ang key word at sabihing, "Ganito natin isinusulat ang salitang **krayola.**" Bigyang diin ang "kr".<br>**krayola** |
| 3. Basahin sa mga mag-aaral ang key word nang 2 o 3 beses, Kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa, pigilan sila at sabihing, "Wala munang magsasalita. Makinig lang nang mabuti.", at magpatuloy sa iyong pagbasa.<br>**krayola** |
| 4. Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo o isinulat.<br>**kra- yo - la** |
| 5. Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. (Pumalakpak nang ayon sa bilis o bagal ng salita kung ito'y sinasabi.)Gawin itong muli kasabay na ang mga mag-aaral.<br>**kra** **yo** **la** - krayola |
| 6. Muling ipabasa sa mga mag-aaral ang pinantig na salita.<br>krayola kr<br>kra kra<br>kr krayola |

2. **Sentence**

**Paghahanda:** Magbigay ng halimbawa ng salitang may kambal-katinig at gamitin sa pangungusap.

*Halimbawa:*

**Bumili ang nanay ng bagong krayola.**

| |
|---|
| 1. Ituro ang key sentence o pangungusap at basahin ito sa mga mag-aaral sa tamang bilis o bagal lamang. Pigilan ang mga mag-aaral kung makikita o maririnig na sumasabay sila sa iyo sabihing makinig munang mabuti."<br>**Bumili ang nanay ng bagong krayola.** |
| 2. Basahin ang pangungusap muli nang 2 o 3 beses kasabay ng mga mag-aaral.<br>**Bumili ang nanay ng bagong krayola.** |
| 3. Tingnan kung may mag-aaral na nais bumasa nang pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang |

### 3. Handwriting Practice

**Paghahanda:** "Mga bata, pag-aaralan natin ang tamang pagsulat ng mga salitang may kambal-katinig. Magbibigay ng pamantayan sa pagsulat.

| |
|---|
| 1. Isulat sa pisara ang mga letra/salita gamit ang tatlong linya.<br>1. **Tr tr** 4. **Kr kr**<br>2. **Pr pr** 5. **Br br**<br>3. **Dr dr** |
| 2. Maaaring tumawag ng mag-aaral na pumunta sa pisara at bakatin ang salita. |
| 3. Ipasulat ito sa kanilang papel.<br>1. **Tr tr** 4. **Kr kr**<br>2. **Pr pr** 5. **Br br**<br>3. **Dr dr** |

### 4. Listening and Reading

**Paghahanda**: Isulat ang mga salita/pangalan sa pisara.


| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral "Ang sumusunod na mga salita o pangalan ay may tunog kr, tr, dr, gr, pr, at br. Pakinggan at pagmasdang maigi ang bawat salita at kung paano ko ito bibigkasin.<br>**krayola troso dragon prutas braso gripo** |
| 2. Basahing isa-isa ang mga salitang nakasulat sa pisara. Kung sasabayan ka ng mag-aaral, sabihing, "Makinig lang munang maigi." |
| 3. Muling basahin ang mga salita kasama ang mga mag-aaral. |


### 5. Building Vocabulary


**Paghahanda:** Mamili kung gagawa ng malaking picture cards o iguguhit ang mga larawan sa board upang ituro ang mga bagong salita. Kung gagamit ng picture cards, siguraduhing sapat ang laki ng bawat larawan upang makita ng buong klase. Maaaring idikit ang mga ito sa pisara o iguhit sa board ang mga larawan. Isulat din ang pangalan ng larawan sa ibaba.

1. Sabihin, “Mag-aaral tayo ng mga salita na may tunog na /tr/, /pr/, /dr/, /gr/, /kr/, at /br/


trumpo


brilyante



sombrero



traysikel



dragon

2. Ituro ang unang larawan at sabihing, “trumpo”


trumpo


brilyante


sombrero


traysikel


dragon

3. Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 beses. Pagkatapos ay basahing muli nang 2 o 3 beses ang salita kasabay ng mga mag-aaral.

**trumpo**

4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat larawan.

5. Pagkatapos basahing lahat ang mga salita, muling basahin ang bawat isang salita kasabay ng mga mag-aaral.

**trumpo** **krayola** **dragon** **sombrero** **traysikel**

## 6. Additional Vocabulary

**Paghahanda:** Isulat ang listahan ng mga salitang Filipino sa pisara.

Magbigay ng mga salitang may kambal-katinig na *(tr, pr, dr, gr, kr, at br)*

| **Kambal-katinig** | |
|---|---|
| br | brokoli<br>sobre<br>alambre |
| kr | krus<br>krema<br>krudo |
| gr | grasya<br>gradweyt<br>groto |
| tr | aktres<br>ekstra |
| pr | prinsesa<br>prito<br>proyekto |
| dr | dribol<br>drayber<br>dram |

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Makabubuo tayo ng maraming salitang Filipino gamit ang kambal katinig na nagsisimula sa *(tr, pr, dr, gr, kr, at br)*

| | |
|---|---|
| **kr** - krayola<br>**tr** - traysikel<br>**dr** - dribol<br>**pr** - prinsesa | **gr** - gripo<br>**kr** - kristo<br>**br** - brokoli |

2. Basahin ang unang salitang Filipino sa mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. Pagkatapos, basahing muli kasabay ng mga mag-aaral nang 2 o 3 beses.

| | |
|---|---|
| **kr** - krayola<br>**tr** - traysikel<br>**dr** - dribol<br>**pr** - prinsesa | **gr** - gripo<br>**kr** - kristo<br>**br** - brokoli |

3. Itanong sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salitang kambal-katinig. Kung hindi nila alam, ituro sa kanila ang kahulugan ng salita sa tulong ng ilang gamit, pag-arte, o gamit ng mga salita.

***(tr, pr, dr, gr, kr, at br)*** – Ito ay binubuo ng dalawang magkasunod na katinig.

4. Ulitin ang bilang 2 at 3 para sa lahat ng natitirang mga salita. (Tingnan ang tsart sa itaas para sa mga salita)

| | |
|---|---|
| **kr** - krayola<br>**tr** - traysikel<br>**dr** - dribol<br>**pr** - prinsesa | **gr** - gripo<br>**kr** - kristo<br>**br** - brokoli |

5. Magbigay ng mga salitang madalas makita sa paligid na may kambal-katinig.

### 7. Picture-Word Association

**Paghahanda:** Kung nakagawa ka ng picture cards para sa Building Vocabulary, maaari mo ring gamitin ang parehong picture cards para dito. Pagtambalin ang salita sa larawan. Katapat ng bawat larawan sa bandang kanan, isulat ang 3 salitang Filipino para pamilian ng mga mag-aaral.

1. Sabihin, "Basahin ang mga salitang ito. Tingnan natin kung maaalala ninyo ang kahulugan ng mga ito."




drama
dragon
dram




trumpo
troso
trapo



grado
graba
gripo



brokoli
brilyante
braso



traysikel
trumpo
troso

2. Ituro ang unang hanay ng 3 salitang Filipino habang binabasa ang mga ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos, basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.

drama
dragon
dram

3. Ituro ang unang larawan at tanungin ang mga mag-aaral, "Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang Filipinong ating binasa?" Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot. Gumuhit ng linya mula sa larawan sa tamang salita.



drama
dragon
dram

| |
|---|
| 4. Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay ng 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral magtanong, “Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang Filipinong ating/aking binasa?” Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita. |
| 5. Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa mga natitirang hanay ng mga salita at larawan. |

### 8. Big Box and Word Chart

**Expected vocabulary:**( *troso, grasa, granada, dragon, krayola, grado*)
**Paghahanda:** Iguhit ang big box sa board at isulat ang mga letra at mga pantig sa loob ng bawat kahon. Gumuhit ng blanking chart sa pisara.

1. Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga letra o mga pantig sa loob ng Big Box.

| | | |
|---|---|---|
| tro | Kra | na |
| do | Gra | gon |
| dra | So | la |
| da | yo | sa |

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga letra o mga pantig sa Big Box habang itinuturo mo ang mga ito. Ipabasa muna mula kaliwa pakanan at pagkatapo, mula itaas pababa naman.

Ituro naman ang kahit ano sa Big Box nang walang pagkakasunod-sunod. Itanong sa mga mag-aaral kung nais sumubok bumasang mag-isa ng ilang letra at pantig na iyong ituturo. Itama ang kanilang pagbasa kung may pagkakamali.

2. Ipahanap sa mga mag-aaral ang bagong salita sa Big Box.

Tanungin ang mga mag-aaral kung nais nilang sumubok hanapin ang mga letra o pantig na bubuo ng bagong pangunahing salita. Sabayan mo sa pagbabasa ang mga mag-aaral na nakakita ng salita.

Tanungin ang mga mag-aaral kung tama ba ang salitang binuo. Kung tama, isulat ang salita sa blanking chart sa board at basahin kasabay ng mga mag-aaral. Kung mali, muling ipahanap sa mga mag-aaral ang mga bahagi ng key word.

3. Magpahanap sa mga mag-aaral ng iba pang salita sa Big Box.

Imbitahan ang mga mag-aaral na maghanap ng iba pang salita na maaaring mabuo mula sa Big Box. Maaaring napag-aralan na ang salita pero mas mabuti kung ang mabubuo ng mga mag-aaral ay mga bagong salita na hindi pa napag-aralan.
Basahin ang salitang nabuo ng mag-aaral at tanungin ang mga mag-aaral kung tama ba ang salitang nabuo. Isulat sa chart ang salita kung tama ito. Basahin ang salita kasabay ng mga mag-aaral.
Ipagpatuloy ang pagsusulat ng mga bagong salita sa chart habang nakabubuo pa ng mga bagong salita ang mga mag-aaral.
Sabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa ng lahat ng mga salita sa chart.

### 9. Learning Assessment

| |
|---|
| A**.** Bilugan ang salitang may kambal-katinig sa pangungusap.<br>1. Si ate Gina ay sumakay ng traysikel.<br>2. Si Dimples Romana ay mahusay na aktres.<br>3. Nakabukas ang gripo sa kusina.<br>4. Bagong bili ang krayola ni Dino.<br>5. Naglalaro ng trumpo sina Joseph at Edgar. |
| B**.** Punan ang patlang para makabuo ng salita na may kambal katinig.<br>1. __ __ oso<br>2. __ __aysikel<br>3. __ __ilyante<br>4. __ __aso<br>5. __ __ado |

### 10. Writing

| |
|---|
| 1. Gamit ang mga nakahandang flashcards, ipakita ang mga kambal- katinig na pinag-aralan: tr, pr, dr, gr, kr, at br. |
| 2. Ipakita ang tamang pagsulat sa paraang pa-cursive o kabit-kabit ng bawat kambal-katinig. **Tr tr, Pr pr, Dr dr, Gr gr, Kr kr,** at **Br br.** |
| 3. Kasabay ng guro, bakatin isa-isa ang mga kambal-katinig sa paraang kabit-kabit o cursive. Gawin ito sa palad, sa desk, at sa hangin. |
| 4. Tumawag ng mag-aaral at ipasulat ang bawat kambal-katinig sa pisara. |
| 5. Sipiin ang mga salitang may kambal-katinig.<br>1. troso ____________<br>2. brokoli ____________<br>3. dragon ____________<br>4. krayola ____________<br>5. proyekto ____________ |

11. **Reading Comprehension**


**Paghahanda:** Isulat nang may tamang laki ang teksto sa board upang mabasa ng lahat ng mga bata sa klase.

| |
|---|
| 1. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.<br>**<u>Ang Traysikel ni Troy</u>**<br>Maagang ipinasada ni Troy ang kaniyang traysikel. Dumaan siya sa palengke para bumili ng brokoli upang may masarap silang pananghalian. Bago niya ito lutuin ay hinugasan muna niya. Walang tubig sa gripo kaya kumuha siya sa dram na ipunan nila ng tubig. Paborito ng kaniyang anak na si Kris ang brokoli kaya ito ang madalas bilhin ni Troy. |
| 2. Basahing muli ang teksto kasabay ng mga mag-aaral.<br>**<u>Ang Traysikel ni Troy</u>**<br>Maagang ipinasada ni Troy ang kaniyang traysikel. Dumaan siya sa palengke para bumili ng brokoli upang may masarap silang pananghalian. Bago niya ito lutuin ay hinugasan muna niya. Walang tubig sa gripo kaya kumuha siya sa dram na ipunan nila ng tubig. Paborito ng kaniyang anak na si Kris ang brokoli kaya ito ang madalas bilhin ni Troy. |
| 3. Gamitin ang mga ginawang tanong at hikayatin ang mga mag-aaral na sumagot at pag-usapan ang teksto gamit ang pangungusap sa wikang Filipino.<br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang ipinasada ni Troy?<br>2. Ano ang kaniyang binili sa palengke?<br>3. Saan nag-iipon ng tubig si Troy?<br>4. Paano ipinakita ni Troy ang pagiging mabuting ama sa kaniyang anak? |
| 4. Gamitin ang sagot ng sinumang mag-aaral upang mapalawak pa ang pag-uusap patungkol sa teksto. |


## IV. Pagtataya (Assessment)

A. Salungguhitan ang angkop na salita sa larawan.

1. (traysikel, troso, tren)



2. (grupo, gripo, prito)




3. (prito, brilyante,braso)



4. (traysikel, drayber, dragon)



5.(tren, trumpo, traysikel)



B. Salungguhitan ang salitang may kambal-katinig sa sumusunod na mga pangungusap.

1. Sumakay kami ng tren papuntang Bicol.
2. Napaso ang aking braso ng mainit na kape.
3. Masayang naglalaro ng trumpo ang mga bata.
4. Mahina ang tulo ng gripo sa aming bahay.
5. Bumili ng bagong krayola si Dino.

C. Bumuo ng salita gamit ang sumusunod na kambal-katinig at gamitin sa pangungusap.

1. (tr) ________________________________________________
2. (br)________________________________________________
3. (gr)________________________________________________
4. (pr)________________________________________________
5. (kr)________________________________________________

**Teacher's Guide in Bridging Primer (Tagalog)**
**Lesson 8 - Consonant Clusters**
**Key symbol:** kl, ts, gl, pr, pl, gr

---

**I. Layunin:**

A. Kamalayang Ponolohiya:
- Nabibigkas nang wasto ang tunog ng kambal-katinig (kl,ts,gl,pr,pl,gr). **(F2 KP –IVb- 1.2)**

B. Palabigkasan at Pagkilala sa Salita:
- Nababasa ang mga salitang madalas makita sa paligid.**(F2PP –IV b-2.1)**

C. Pag-unlad ng Talasalitaan:
- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng palatandaang nagbibigay ng kahulugan (pagbibigay ng halimbawa). **(F2PT-IV-a-d-1.9)**

D. Pagsulat at Pagbaybay:
- Nakasusulat sa kabit-kabit o cursive na paraan na may tamang laki at layo sa isa't isa, malaki at maliit na letra, mga salita at pangungusap. (**F2PU –IV b -3)**

E. Pag-unawa sa Binasa:
- Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. (**F2PB-IVc-2.4)**

**II. Paksang Aralin:** Kambal-katinig (kl,ts,gl,pr,pl,gr)
**Kagamitan:** Flashcards, Laptop, TV Monitor, Mga larawan na nagsisimula sa mga Kambal katinig (kl,ts,gl,pr,pl,gr)

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. Balik-Aral**

Mga bata, ano ang tunog ng kambal-katinig na tr, pr, dr, gr, kr, at br?
Magpakita ng larawan at sabihin ang pangalan nito.

**2. Pagganyak:**

(Hula mo, Sagot mo)
Bilog na gamit at kinakainan, ano ito? (plato)
Anong uri ng luto ang ginagamitan ng mantika? (prito)

**B. Gawain sa Pagkatuto**

**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**

**Paghahanda:** Iguhit o idikit ang key picture sa pisara o board. Isulat din ang key symbol (kl,ts,gl,pr,pl,gr), key word, at syllable boxes o pagpapantig sa board.

*kl,ts,gl,pr,pl,gr*



| glo | bo |
|---|---|

globo


| |
|---|
| *1.* Ituro ang key picture at sabay sabihing, Ito ang globo.<br>**globo**  |
| 2. Ituro o isulat ang key word at sabihing, “Ganito natin isinusulat ang salitang globo<br>**globo** **glo-bo** |
| 3. Basahin sa mga mag-aaral ang key word nang 2 o 3 beses, Kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa, pigilan sila at sabihing, “Wala munang magsasalita. Makinig lang nang mabuti.”, at magpatuloy sa iyong pagbasa.<br>**globo** |
| 4. Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo o isinulat.<br>**glo-bo** |
| 5. Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. (Pumalakpak nang ayon sa bilis o bagal ng salita kung ito’y sinasabi.) Gawin itong muli kasabay na ang mga mag-aaral.<br>**globo** **gl**<br>**glo** **glo**<br>**gl** **globo** |

2. **Sentence**

**Paghahanda:** Gamitin sa pangungusap ang nasa larawan.

*Halimbawa:*

Ang globo ay bilog.

| |
|---|
| 1. Ituro ang key sentence o pangungusap at basahin ito sa mga mag-aaral sa tamang bilis o bagal lamang. Pigilan ang mga mag-aaral kung makikita o maririnig na sumasabay sila sa guro at sabihing “makinig munang mabuti.”<br>Ang globo ay bilog. |
| 2. Basahin ang pangungusap muli nang 2 o 3 beses kasabay ng mga mag-aaral.<br>Ang globo ay bilog. |
| 3. Tingnan kung may mag-aaral na nais bumasa ng pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang |
| 4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat isang larawan.<br> klip  prinsesa  glab  plantsa  plato |

5. Pagkatapos basahing lahat ang mga salita, muling basahin ang bawat isang salita kasabay ng mga mag-aaral.

plato plantsa
klip glab prinsesa

### 3. Handwriting Practice

**Paghahanda:** Isulat ang key symbol sa pisara. Hayaang ipabakat at ipasulat ito sa mga bata gamit ang kanilang papel.

1. Isulat sa pisara ang malaki at maliit na letra ng key symbol gamit ang tatlong linya.

**Kl kl Ts ts Pr pr Gl gl Pl pl Gr gr**

Kl kl Ts ts Pr pr

Gl gl Pl pl Gr gr

2. Maaaring tumawag ng mag-aaral na pumunta sa pisara at bakatin ang key symbol gamit ang chalk.

3. Ipasulat ito sa kanilang mga papel.

Kl kl Ts ts Pr pr

Gl gl Pl pl Gr gr

### 4. Listening and Reading

**Paghahanda:** Isulat ang mga salita/pangalan sa pisara.

1. Sabihin sa mga mag-aaral “Ang sumusunod na mga salita o pangalan ay may tunog na ***klip, glab, planeta, blusa, bloke, braso, globo, grasa, klima, klase, plato, plaka, tsaa, tsuper, tsinelas, tsampoy*****.** Pakinggan at pagmasdan lang munang maigi ang bawat salita o kung paano ito bibigkasin.
2. Basahing isa-isa ang mga salitang nakasulat sa pisara. Kung sabayan ka ng mag-aaral, sabihing, “makinig lang munang maigi.”
3. Muling basahin ang mga salita kasama ang mga mag-aaral.
***klip, glab, planeta, blusa, bloke, braso, globo, grasa, klima, klase, plato, plaka, tsaa, tsuper, tsinelas, tsampoy***

### 5. Building Vocabulary


**Paghahanda:** Mamili kung gagawa ng malalaking picture card o iguguhit ang mga larawan sa pisara upang ituro ang mga bagong salita. Kung gagamit ng picture cards, siguraduhing sapat ang laki ng bawat larawan upang makita ng buong klase. Maaaring idikit ang mga ito sa pisara o iguhit sa pisara ang larawan. Isulat ang pangalan sa ibaba ng bawat larawan.


1. Sabihin, "Mag-aaral tayo ng mga salitang may tunog na **/kl/, /ts/, /gl/, /pr/, /pl/, /gr/** "

2. Ituro ang unang larawan at sabihing, " <u>klip</u>."

**klip** 

3. Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 beses. Pagkatapos ay basahing muli ng 2 o 3 beses ang salita kasabay ng mga mag-aaral.


klip


plato


glab


plantsa


gripo

4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat isang larawan.

5. Pagkatapos basahing lahat ang mga salita, muling basahin ang bawat isang salita kasabay ng mga mag-aaral

**klip plato glab plantsa gripo**

### 6. Additional Vocabulary

**Paghahanda:** Isulat ang listahan ng mga salita sa board.

Magbigay ng mga salitang nagsisimula sa kambal-katinig na **(kl,ts,gl,pr,pl,gr)**

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Makabubuo tayo ng maraming salita gamit ang kambal-katinig na

**kl ts gl pr pl gr**

2. Basahin ang unang salita sa mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. Pagkatapos, basahing muli kasabay ng mga mag-aaral nang 2 o 3 beses.

**klima tsinelas glorya prito prinsesa plastik gripo pluma**

3. Itanong sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salita. Kung hindi nila alam, ituro sa kanila ang kahulugan ng salita sa tulong ng ilang gamit, pag-arte, o larawan.

4. Ulitin ang bilang 2 at 3 para sa lahat ng natitirang mga salita.


5. Matapos malaman/mapag-aralan ang lahat ng salita, muling balikan ang mga salita at basahin pang minsan kasabay ng mga mag-aaral.

**klima tsinelas glorya prito prinsesa plastik gripo pluma**

### 7. Picture-Word Association

**Paghahanda:** Kung nakagawa ka ng picture cards para sa Building Vocabulary, maaari mo ring gamitin ang parehong picture cards para dito. Pagtambalin ang salita sa larawan. Katapat ng bawat larawan sa bandang kanan, isulat ang 3 salita para pamilian ng mga mag-aaral.


1. Sabihin, "Basahin ang mga salitang ito. Salungguhitan ang angkop na salita sa bawat larawan."




blusa
bloke
braso



plato
prinsesa
plaka



globo
grasa
glab




klip
klima
klase

2. Ituro ang unang hanay ng 3 salita o habang binabasa ang mga ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos, basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.

blusa
bloke
braso

3. Ituro ang unang larawan at tanungin ang mga mag-aaral, "Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating binasa?" Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot. Gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita.



blusa
bloke
braso

4. Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay ng 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Magtanong, "Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating/aking binasa?" Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita.

5. Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa mga natitirang hanay ng mga salita at larawan.

**8. Big Box and Word Chart**

(Expected vocabulary: blusa, plorera, planeta, globo, klima)
**Paghahanda: :** Iguhit ang big box sa pisara at isulat ang mga letra at mga pantig sa loob ng bawat kahon. Gumuhit ng blangkong chart sa pisara.

| | | | |
|---|---|---|---|
| pla | Plo | blu | ra |
| sa | Ta | kli | ne |
| ma | glo | re | bo |

globo ______ ______

______ ______

______ ______

| | |
|---|---|
| 1. | Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga letra o pantig sa loob ng big box.<br>Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga letra o mga pantig habang itinuturo ang mga ito. Ipabasa muna mula kaliwa pakanan at pagkatapos, mula itaas pababa.<br>Ituro naman ang kahit ano sa big box nang walang pagkakasunod-sunod. Itanong sa mga mag-aaral kung nais sumubok bumasang mag-isa ng ilang letra at pantig na iyong ituturo. Itama ang kanilang pagbasa kung may pagkakamali. |
| 2. | Ipahanap sa mga mag-aaral ang bagong pangunahing salita o key word sa Big Box.<br>Tanungin ang mga mag-aaral kung nais nilang sumubok na hanapin ang letra o pantig na bubuo ng bagong pangunahing salita. Sabayan sa pagbabasa ang mga mag-aaral na nakakita ng salita.<br>Tanungin ang mga mag-aaral kung tama ba ang salitang binuo. Kung tama, isulat sa blangkong chart sa pisara at basahin kasabay ng mga mag-aaral. Kung mali, muling ipahanap sa mga mag-aaral ang bahagi ng key word. |
| 3. | Magpahanap sa mga mag-aaral ng iba pang salita sa Big Box.<br>Imbitahan ang mga mag-aaral na maghanap ng iba pang salita na maaaring mabuo mula sa big box. Maaaring napag-aralan na ang salita pero mas mabuti kung ang mabubuo ng mga mag-aaral ay bagong salita na hindi pa nila napag-aralan.<br>Basahin ang salitang nabuo ng mga mag-aaral at tanungin kung tama ba ang salitang nabuo. Isulat sa chart ang salita kung tama ito. Basahin ang |


salita kasabay ng mga mag-aaral. Muling mag-imbita ng ibang mag-aaral upang sumubok.

Ipagpatuloy ang pagsulat ng mga bagong salita sa chart habang nakabubuo pa ng mga bagong salita ang mga mag-aaral.

Sabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa sa lahat ng mga salita sa chart.

**9. Learning Assessment**


**A.** Bilugan ang kambal-katinig na angkop sa larawan.

1. (kl, bl,gl) 


2. (ts,pl,bl) 


3. (gl, gr,pl) 


4. (kl,gl,br) 


5. (pl,pr,gr) 


**B**. Buoin ang puzzle na nasa ibaba gamit ang kambal-katinig.




**C**. Magbigay ng tig–iisang halimbawa ng salitang may kambal-katinig at gamitin sa pangungusap.

1. bl-________________________________________
2. gl-________________________________________
3. kl-________________________________________
4. pr-________________________________________
5. pl-________________________________________

**10. Writing**

**Paghahanda:** Isulat ang salita sa pisara at gumuhit ng linya sa tabi ng bawat salita.

| |
|---|
| 1. Ipakopya sa mga mag-aaral ang mga salita sa kani-kanilang notebook o papel.<br>klip<br>prinsesa<br>tsaa<br>plato<br>glab |
| 2. Sabihan ang bawat mag-aaral na basahin nang tahimik ang mga salita at magbigay ng iba pang halimbawa ng mga salita na nagsisimula sa (kl,ts,gl,pr,pl). |
| 3. Kung tapos na ang lahat ng mga mag-aaral sa kanilang pagsulat, isulat sa pisara ang mga salita. |
| 4. Basahin ang mga salitang isinulat kasabay ng mga mag-aaral. Tumawag ng mag-aaral na nais sumubok na bumasa ng ilang salita kasabay mo. |

**11. Reading Comprehension**

**Paghahanda:** Isulat nang may tamang laki ang teksto sa pisara upang mabasa ng lahat ng mga bata sa klase.

| |
|---|
| 1. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.<br>**<u>Ang Plorera sa Plasa</u>**<br>Namasyal sa plasa si Ana. Nakakita siya ng napakagandang plorera. Binili ni Ana ang plorera at nilagyan ng bulaklak. Inilagay niya ang plorerang may bulaklak sa kanilang altar. Tuwang-tuwa si Ana dahil gumanda pa lalo ang kanilang altar dahil sa plorerang may bulaklak. |
| 2. Basahin muli ang teksto kasabay ng mga mag-aaral.<br>**<u>Ang Plorera sa Plasa</u>**<br>Namasyal sa plasa si Ana. Nakakita siya ng napakagandang plorera. Binili ni Ana ang plorera at nilagyan ng bulaklak. Inilagay niya ang plorerang may bulaklak sa kanilang altar. Tuwang-tuwa si Ana dahil gumanda pa lalo ang kanilang altar dahil sa plorerang may bulaklak. |


| |
|---|
| 3. Gamitin ang mga ginawang tanong at hikayatin ang mga mag-aaral na sumagot at pag-usapan ang teksto gamit ang pangungusap sa wikang Filipino.<br><br>**Mga Tanong:**<br><br>1. Saan namasyal si Ana?<br>2. Ano ang kaniyang nakita?<br>3. Paano napaganda ni Ana ang kanilang altar? |
| 4. Gamitin ang sagot ng sinumang mag-aaral upang mapalawak pa ang pag-uusap patungkol sa teksto. |


## IV. Formative Assessment


A. Isulat sa inyong papel ang letra ng wastong sagot.

1. Nagbigay ng sulat si Princess sa kaniyang guro. Aling salita ang may kambal-katinig?
   a. guro b. Princess c. sulat
2. Alin sa sumusunod ang salitang may kambal-katinig?
   a. baso b. klima c. sawa
3. Aling salita ang may wastong baybay?
   a. dragun b. prensesa c. gripo
4. Maganda ang klima sa Baguio. Alin ang salitang may kambal-katinig?
   a. Baguio b. klima c. maganda
5. Alin sa sumusunod na mga salita ang hindi kasama sa pangkat?
   a. blusa b. rosas c. grasa


B. Isulat ang nawawalang kambal-katinig na angkop sa larawan.

1.  ___ ___ usa

2.  ___ ___ ab

3.  ___ ___ ato

4.  ___ ___ obo

5.  ___ ___ antsa

C. Piliin ang tamang salita mula sa kahon upang mabuo ang pangungusap.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| plasa | plato | braso | klase | globo |
| klip | plantsa | klima | plorera | blusa |

1. Makulay ang plorera na pinaglagyan ko ng bulaklak.
2. Paborito niyang isuot ang pulang ________________.
3. Masayang mamasyal sa ________________.
4. Nabali ang kaniyang _______________ dahil sa pagkakadulas.
5. Lagyan mo ng kanin ang __________________.
6. Hanapin sa _______________ ang ating bansa.
7. Gumamit ng ________________ para hindi gusot ang iyong damit.
8. Maagang pumapasok ang bata sa kaniyang __________________.
9. Malamig ang ___________________ sa matataas na lugar.
10. Lagyan ng ________________ ang mga papel upang hindi maghiwa-hiwalay.

**Teacher's Guide in Bridging Primer (Tagalog)**
**Lesson 9 - Consonant Clusters**
**Key symbol:** ts at dy

---

**I. Layunin:**

A. Kamalayang Ponolohiya:
- Nabibigkas nang wasto ang tunog na kambal-katinig (ts at dy). (**F2 KP –IV 1.2)**

B. Palabigkasan at Pagkilala sa Salita:
- Nababasa ang mga salitang madalas makita sa paligid. (**F2PP –IV b-2.1)**

C. Pag-unlad ng Talasalitaan:
- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng palatandaang nagbibigay ng kahulugan (pagbibigay ng halimbawa). (**F2PT-IV-a-d-1.9)**

D. Pagsulat at Pagbaybay:
- Nakasusulat sa kabit-kabit na paraan na may tamang laki at layo sa isa't isa, malaki at maliit na letra, mga salita at pangungusap. **(F2PU –IV B -3)**

E. Pag-unawa sa Binasa:
- Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. (**F2PB-IV c-2.4)**

**II. Paksang Aralin:** Kambal-katinig (ts at dy)

**Kagamitan:** Flascards, Laptop, TV Monitor, Mga larawan na nagsisimula sa mga Kambal-katinig (ts at dy)

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. Balik-Aral:**

Magbigay ng mga salita na nagsisimula sa kambal-katinig na (kl, ts, gl, gr,pr, pl).

**2. Pagganyak:**

(Hula mo, Sagot mo)
Buoin ang nawawalang mga pantig __ __ __,nelas (Ginagamit itong sapin sa paa)



**B. Gawain sa Pagkatuto**

**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**

**Paghahanda:** Iguhit o idikit ang key picture sa pisara o board. Isulat din ang key symbol (ts at dy), key word, at syllable boxes o pagpapantig sa board.

Ang kambal-katinig ts at dy ay ilan din sa kadalasang naririnig sa Filipino. Pakinggang mabuti ang tunog nito.

| ts |  | tsi | ne | las |
|---|---|---|---|---|

| |
|---|
| 1. Ituro ang key picture at sabihing, Ito ay tsinelas.<br><br>**tsinelas** |
| 2. Ituro o isulat ang key word at sabihing, “Ganito natin isinusulat ang salitang tsinelas.<br><br>**tsi – ne - las** |
| 3. Basahin sa mga mag-aaral ang keyword ng 2 o 3 beses ,kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa , pigilan sila at sabihing, “Wala munang magsasalita. Makinig lang nang mabuti. “, at magpatuloy sa pagbasa.<br>**tsi – ne – las** |
| 4.Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo o isinusulat.<br>**tsi – ne – las** |
| 5. Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. (Pumalakpak nang ayon sa bilis o bagal ng salita kung ito ‘y sinasabi) .Gawin itong muli kasabay na ang mga mag-aaral.<br>**Tsinelas** |

2. **Sentence**

**Paghahanda:** Isulat ang key sentence o pangungusap sa board.

**Makulay ang kaniyang tsinelas.**

| |
|---|
| 1. Ituro ang key sentence o pangungusap ito sa mga mag-aaral sa tamang bilis o bagal lamng. Pigilan sila kung makikita o maririnig mong sumasabay sila sa iyo at sabihing “Makinig munang mabuti”.<br>**Makulay ang kaniyang tsinelas.** |
| 2. Basahin ang pangungusap muli nang may 2 o 3 beses kasabay ng mga mag-aaral.<br>**Makulay ang kaniyang tsinelas.** |
| 3. Tingnan kung may mag-aaral na nais bumasa ng pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang. |

3. **Handwriting Practice**

**Paghahanda**: Isulat ang key symbol sa pisara at hayaang ipabakat at ipasulat ito sa mga bata. “Pag-aaralan natin ang tamang pagsulat ng mga salitang may kambal-katinig. Magbibigay ng pamantayan sa pagsulat.

| |
|---|
| 1. Isulat sa pisara ang malaki at maliit na letra ng key symbol gamit ang tatlong linya.<br><br>Ts ts<br>Dy dy |
| 2. Maaaring tumawag ng mag-aaral na pumunta sa pisara at bakatin ang key symbol gamit ang chalk. |
| 3. Ipasulat ito sa kanilang mga papel<br><br>Ts ts<br>Dy dy |

**4. Listening and Reading**






**Paghahanda:** Isulat ang mga salita/pangalan sa pisara.

**tsokolate tsiko Tsino dyip dyaryo**

| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral “ Ang sumusunod na mga salita o pangalan ay may tunog /dy/ at /ts/. Pakinggan at pagmasdan munang mabuti ang bawat salita at kung paano ito bibigkasin.<br><br>**tsokolate tsiko Tsino dyip dyaryo** |
| 2. Babasahing isa-isa ang mga salitang nakasulat sa pisara. Kung sabayan ka ng mag-aaral sabihing, “Makinig lang munang mabuti.”<br><br>**tsokolate tsiko Tsino dyip dyaryo** |
| 3. Muling basahin ang mga salita kasama ang mga mag-aaral. |

**5. Building Vocabulary**

**Paghahanda:** Mamili kung gagawa ng malalaking picture card o iguguhit ang mga larawan sa pisara upang ituro ang mga bagong salita. Kung gagamit ng picture cards, siguraduhing sapat ang laki ng bawat larawan upang makita ng buong klase. Maaaring idikit ang mga ito sa pisara o iguhit ang larawan. Isulat din ang pangalan sa ibaba ng bawat larawan.

| |
|---|
| 1. Sabihin, “Mag-aaral tayo ng salitang Filipino na may tunog na **(ts at dy).** |
| 2.Ituro ang unang larawan at sabihing ito ay tsokolate.<br> **tsokolate**  **tsiko**  **dyaket**<br> **dyip**  **dyaryo** |
| 3. Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 beses. Pagkatapos ay babasahing muli nang 2 o 3 beses ang salita kasabay na rin ng mag-aaral.<br>**tsokolate** **tsiko** **dyaryo**<br>**dyip** **dyaket** |
| 4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat salita. |
| 5. Pagkatapos basahing lahat ang mga salitang Filipino, muling basahin ang bawat salita kasabay ng mga mag-aaral.<br>**tsokolate** **tsiko** **dyaryo**<br>**dyip** **dyaket** |

### 6. Additional Vocabulary




**Paghahanda:** Isulat ang listahan ng mga salita sa pisara.

Magbigay ng mga salitang nagsisimula sa kambal-katinig na *(ts at dy).*


| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Makabubuo tayo ng maraming salitang Filipino gamit ang kambal-katinig na nagsisimula (ts at dy)<br><br>**ts - tsino tsuper tsart tsismis**<br>**dy - dyanitor dyakpat dyaket dyaryo** |
| 2. Basahin ang unang salitang Filipino sa mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. Pagkatapos, basahing muli kasabay ng mga mag-aaral nang 2 o 3 beses. |
| 3. Itanong sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salitang kambal-katinig. Kung hindi nila alam, ituro sa kanila ang kahulugan ng salita sa tulong ng ilang gamit, pag-arte, o gamit ng mga salita.<br>*(ts at dy)* – Ito ay binubuo ng dalawang magkasunod na katinig. |
| 4. Ulitin ang bilang 2 at 3 para sa lahat ng natitirang mga salita. Puwedeng tanungin ang mga bata kung may alam pa silang ibang salita. |
| 5. Matapos malaman/mapag-aralan ang lahat ng salita, muling balikan ang mga salita at basahin pang minsan kasabay ng mga mag-aaral. |

### 7. Picture-Word Association

**Paghahanda:** Kung nakagawa ka ng picture cards para sa Building Vocabulary, maaari mo ring gamitin ang parehong picture cards para dito. Pagtambalin ang salita sa larawan. Katapat ng bawat larawan sa bandang kanan, isulat ang 3 salitang Filipino para pamilian ng mga mag-aaral.

| |
|---|
| 1. Sabihin, "Basahin ang mga salitang ito sa Filipino. Alamin natin kung maalala ninyo ang kahulugan ng mga ito.<br><br> **tsiko**<br>**tsinelas**<br>**tsokolet**<br><br> **tsuper**<br>**tsiko**<br>**tsokolate**<br><br> **dyaryo**<br>**dyip**<br>**dyaket**<br><br> **tsiko**<br>**tsinelas**<br>**tsokolate**<br><br> **dyaket**<br>**dyip**<br>**dyaryo** |
| 2. Ituro ang unang hanay ng 3 salitang Filipino habang binabasa ang mga ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos, basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.<br><br>**tsiko**<br>**tsinelas**<br>**tsokolate** |

3. Ituro ang unang larawan at tanungin ang mga mag-aaral, “Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang Filipinong ating binasa?” Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot. Gumuhit ng linya mula sa larawan patungo sa tamang salita.



**tsiko**
**<u>tsinelas</u>**
**tsokolate**

4. Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay ng 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Magtanong, “Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang Filipinong ating/aking binabasa? Tanungin ang mga mag-aaral kung nais sumubok na gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita.

5. Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa natitirang hanay ng mga salita sa larawan.

**8. Big Box and Word Chart**

**Paghahanda:** Iguhit ang big box sa board at isulat ang mga letra at mga pantig sa loob ng bawat kahon. Gumuhit ng blankong chart sa board.

| | | |
|---|---|---|
| **plan** | **las** | **per** |
| **dya** | **la** | **tsu** |
| **ko** | **te** | **ket** |
| **ne** | **tso** | **tsi** |

________t*sinelas*____________ ________________________

________________________ ________________________

________________________ ________________________

1. Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga letra o pantig sa loob ng big box.

   Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga letra o mga pantig habang itinuturo ang mga ito. Ipabasa muna mula kaliwa pakanan at pagkatapos, mula itaas pababa.

   Ituro naman ang kahit ano sa big box nang walang pagkakasunod-sunod. Itanong sa mga mag-aaral kung nais sumubok bumasang mag-isa ng ilang letra at pantig na iyong ituturo. Itama ang kanilang pagbasa kung may pagkakamali.

2. Ipahanap sa mga mag-aaral ang bagong pangunahing salita o key word sa Big Box.

Tanungin ang mga mag-aaral kung nais nilang sumubok na hanapin ang letra o pantig na bubuo ng bagong pangunahing salita. Sabayan sa pagbabasa ang mga mag-aaral na nakakita ng salita.

Tanungin ang mga mag-aaral kung tama ba ang salitang binuo. Kung tama, isulat sa blangkong chart sa pisara at basahin kasabay ng mga mag-aaral. Kung mali, muling ipahanap sa mga mag-aaral ang bahagi ng key word.

3. Magpahanap sa mga mag-aaral ng iba pang salita sa Big Box.

Imbitahan ang mga mag-aaral na maghanap ng iba pang salita na maaaring mabuo mula sa big box. Maaaring napag-aralan na ang salita pero mas mabuti kung ang mabubuo ng mga mag-aaral ay bagong salita na hindi pa nila napag-aralan.

Basahin ang salitang nabuo ng mga mag-aaral at tanungin kung tama ba ang salitang nabuo. Isulat sa chart ang salita kung tama ito. Basahin ang salita kasabay ng mga mag-aaral. Muling mag-imbita ng ibang mag-aaral upang sumubok.

Ipagpatuloy ang pagsulat ng mga bagong salita sa chart habang nakabubuo pa ng mga bagong salita ang mga mag-aaral.

Sabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa sa lahat ng mga salita sa chart.

### 9. Learning Assessment





**Paghahanda:** Tutulungan ng bahaging ito ang mga gurong malaman kung natutuhan ba ng mga mag-aaral ang naiturong bagong letra/simbolo o kakailanganin pa ng panibagong pagsasanay. Kaya mahalagang gawin lamang ang bahaging ito kung natapos nang ituro ang buong leksiyon sa mga bata. Maaaring gawin ang bahaging ito sa pamamagitan ng pangkatang gawain.

1. Sabihin sa mga mag-aaral na isulat sa linya ang salitang kambal-katinig sa isang larawan at huwag kalilimutan ang tamang baybay nito.

2. Paalalahanan ang mga bata sa tamang baybay ng mga kambal-katinig.

Pagpapangkat ng mga bata.

***Group 1 -*** Pahulaan sa larawan. Isulat ang wastong baybay ng pangalan ng bawat larawan.

***Group 2-*** Pagbibigay ng halimbawa ng mga kambal-katinig na ts at dy.

1.
2.
3.
4.
5.

| |
|---|
| ***Group 3 –*** Gumawa ng pangungusap gamit ang kambal-katinig.<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |

**10. Writing**

**Paghahanda:** Isulat ang salita sa pisara at gumuhit ng linya sa tabi ng bawat salita.

tsinelas

tsuper

tsokolate

dyaryo

dyaket

**11. Reading Comprehension**

**Paghahanda:** Isulat nang may tamang laki ang teksto sa board upang mabasa ng lahat ng mga bata sa klase.


| |
|---|
| 1. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.<br>**Ang Tsinelas**<br>Araw ng Sabado, maagang ginising ni Nanay ang kaniyang anak na si Tsina. Pupunta sila ng Divisoria dahil nais bumili ni Tsina ng bagong tsinelas, matamis na tsiko, at tsokolate. Tuwang-tuwa si Tsina dahil maraming Tsino na nagtitinda sa Divisoria. |
| 2. Basahin muli ang teksto kasabay ng mga mag-aaral.<br>**Ang Tsinelas**<br>Araw ng Sabado, maagang ginising ni Nanay ang kaniyang anak na si Tsina. Pupunta sila ng Divisoria dahil nais bumili ni Tsina ng bagong tsinelas, matamis na tsiko, at tsokolate. Tuwang-tuwa si Tsina dahil maraming Tsino na nagtitinda sa Divisoria. |
| 3. Gamitin ang mga ginawang tanong at hikayatin ang mga mag-aaral na sumagot at pag-usapan ang teksto gamit ang pangungusap sa wikang Filipino. |

| Mga Tanong: |
|---|
| 1. Sino ang maagang ginising?<br>2. Saan sila pupunta?<br>3. Ano-ano ang nais bilhin ni Tsina?<br>4. Ano pa ang nakita ni Tsina sa Divisoria?<br>5. Kung ikaw si Tsina, paano mo ipakikita ang pasasalamat sa iyong nanay? |
| 4. Gamitin ang sagot ng sinumang mag-aaral upang mapalawak pa ang pag-uusap patungkol sa teksto. |

## IV. Formative Assessment

A. Bilugan ang salitang may kambal-katinig na angkop sa larawan.


1. (dyaryo, dyaket,dyip)



2. (dyaryo, tsinelas,tsuper)




3. (tsokolate,tsiko,tsuper)



4.( dyaket,plantsa,tsiko)



5. (tsiko,tsuper,tsinelas)



B. Magtala ng mga salitang may kambal-katinig sa bawat kolum.

| kambal-katinig ( Ts) | kambal-katinig (dy) |
|---|---|
| 1. tsaa | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |

C. Piliin sa loob ng kahon ang angkop na salita sa pangungusap.Isulat sa patlang _______ ang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| dyaryo | dyaket | tsokolate |
| tsiko | dyip | tsuper |

1. Mabilis magpatakbo ng sasakyan ang tsuper.
2. Nagbabasa ang tatay ko ng ______________ tuwing umaga.
3. Namitas ako ng ____________sa aming bakuran.
4. Nagpadala ng maraming______________ ang tita kong nasa ibang bansa.
5. Bago ang suot niyang ___________________.

# Letters in Filipino that are from Other Languages



**Teacher's Guide in Bridging Primer (TAGALOG)**
**Lesson 10 - Other letters used in Filipino that are from other languages**
**Key symbol: C**

---

**I. Layunin:**

A. **Kamalayang Ponolohiya:**
- Nakikilala ang mga tunog na bumubuo sa pantig ng mga salita. (**F2KP-Id-5**)

B. **Palabigkasan at Pagkilala sa Salita:**
- Nababasa ang batayang talasalitaan. (**F2PP-IIIe-2.1**)

C. **Pag-unlad ng Talasalitaan:**
- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita sa paggamit ng mga palatandaan na nagbibigay kahulugan (context clues). **(F2PT-Ia-h-1.5)**

D. **Pagsulat at Pagbaybay:**
- Nakasusulat sa kabit-kabit na paraan na may tamang laki at layo sa isa't isa ang malaki at maliit na letra. (**F2PU-IIc-3.2)**

E. **Pag-unawa sa Binasa:**
- Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa nabasang kuwento. (**F2PB-IIa-b-3.1.1)**

**II. Paksang Aralin:** Letrang Cc

**Kagamitan:** Mga larawan ng mga salitang nagsisimula sa letrang C, mga tunay na bagay na nagsisimula ang ngalan sa letrang Cc, flashcards, tsart

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

**1. Balik-Aral: (**Mga tunog na napag-aralan m, a, s, i, o, e, b, u, t, k, l, y, n, g, r, p, ng, d, h, w**)**

**Panuto:** Tingnan ang mga larawan sa Hanay A. Piliin ang tamang ngalan nito sa mga salitang nasa Hanay B. Isulat ang tamang sagot sa patlang.

| | **Hanay A** | | **Hanay B** |
|---|---|---|---|
| **1.** |  | **mangga** | bangka |
| | | | orasan |
| **2.** |  | ______________ | singsing |
| **3.** |  | ______________ | kalabasa |
| | | | mustasa |
| **4.** |  | ______________ | mangga |
| **5.** |  | ______________ | eroplano |

**2. Pagganyak:**

Ipasyal ang mga bata sa halamanan ng paaralan at ipamasid ang mga halamang makikita rito at sabihing:


"Mga bata, ano-anong halaman ang nakikita ninyo sa ating halamanan? Maaari bang pangalanan ninyo ang mga ito?".

**B. Gawain sa Pagkatuto**


**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**

**Paghahanda:** Idikit ang key picture sa pisara o board. Isulat din ang key symbol na **C**, key word **cactus** at syllable boxes o pagpapantig sa pisara o board.

Letrang **C**



| **cac** | **tus** |
|---|---|

| |
|---|
| 1. Ituro ang key picture at sabihing, "Sa wikang Filipino, **cactus** ang tawag dito."  **cactus** |
| 2. Ituro o isulat ang key word at sabihing, "Ganito natin isinusulat ang salitang **cactus** sa wikang Filipino." **cactus** |
| 3. Basahin sa mga mag-aaral ang key word nang 2 o 3 beses. Kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa, pigilan sila at sabihing, "Wala munang magsasalita. Makinig lang nang mabuti.", at magpatuloy sa iyong pagbasa. |
| 4. Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo. **cac-tus** |
| 5. Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. (Pumalakpak nang ayon sa bilis o bagal ng salita kung ito ay sinasabi). Gawin itong muli kasabay ang mga mag-aaral. **cac-tus** |

**2. Word-Breaking**

| |
|---|
| 1. Isulat ang key word sa may bandang kaliwa, sa ibaba ng syllable box. **cactus** \| **cac** \| **tus** |
| 2. Basahing mag-isa ang key word sa mga mag-aaral at pagkatapos ay basahing muli kasabay ng mga mag- aaral. **cactus** |

| |
|---|
| 3. Sabihin ito: “Isusulat ko naman ang pantig ng salita kung saan matatagpuan ang bagong letra o simbolo para sa araw na ito.” Isulat ang pantig ng salita sa ilalim, katapat kung saan ito isinulat sa salita sa itaas. Basahin ang pantig sa mga mag-aaral at pagkatapos ay basahing muli ang pantig kasabay ng mga mag- aaral.<br>**cac-tus**<br>**cac**<br>**c** |
| 4. Sabihin, “Isusulat ko naman ngayon ang bago nating letra o simbolo para sa araw na ito.” At saka isulat ang letra o simbolo katapat ng kaparehong letra o simbolo sa itaas nito. Basahin ang bagong tunog sa mga mag- aaral at pagkatapos ay basahing muli kasabay ng mga mag-aaral.<br>**c** |

### 3. Word-Making

| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral, “Hinati-hati natin kanina ang pangunahing salita hanggang sa makarating sa pangunahing tunog. Ngayon naman, mag-uumpisa tayo sa pangunahin nating tunog hanggang sa mabuo muli ang ating pangunahing salita. Simulan natin sa panibago nating letra o tunog.”<br>**c** |
| 2. Isulat ang bagong letra/simbolo sa bahaging hanay ng Word-Breaking at saka basahin ang bagong letra/simbolo kasabay ng mga mag-aaral.<br>**c** |
| 3. Sabihin, “Ituloy natin ang pagbuo ng ating pangunahing salita. Isusulat ko naman ang pantig ng salita kung saan matatagpuan ang bagong letra o simbolo.”<br>**cac** **tus** |
| 4. Isulat ang pantig ng salita sa ilalim ng bagong letra o simbolo, siguraduhing katapat na katapat ang kaparehong letra o simbolo sa itaas nito. Basahin ang pantig kasabay ng mga mag-aaral.<br>**cac-tus** |
| 5. Isulat ang pangunahing salita o key word at siguruhing magkatapat na magkatapat ang lahat ng bagong letra o simbolo at sabay-sabay na basahing muli ang pangunahing salita.<br>**c**<br>**cac**<br>**cactus** |

**4. Sentence**

**Paghahanda:** Isulat ang key sentence o pangungusap sa "cartolina strip" o kaya ay sa pisara,

**Maraming tanim na cactus sina Carol at Carlo sa kanilang bakuran.**

| |
|---|
| 1. Ituro ang key sentence o pangungusap at basahin ito sa mga mag-aaral sa tamang bilis o bagal lamang. Pigilan sila kung makikita o maririnig mong sumasabay sila sa iyo at sabihing "Makinig munang mabuti." **Maraming tanim na cactus sina Carol at Carlo sa kanilang bakuran.** |
| 2. Basahin ang pangungusap muli nang 2 o 3 beses kasabay ng mga mag-aaral. **Maraming tanim na cactus sina Carol at Carlo sa kanilang bakuran.** |
| 3. Tingnan kung may mag-aaral na nais bumasa ng pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang. |

**5. Handwriting Practice**

| |
|---|
| 1. Gamit ang nakahandang flashcard, ipakita ang letrang **Cc.** Ipakita ang tamang pagsulat ng malaki at maliit na letrang **Cc** sa paraang pa-cursive o kabit-kabit sa pisara gamit ang tatlong linya. Cc |
| 2. Kasabay ng guro, bakatin ang malaki at maliit na letrang **Cc** sa paraang kabit-kabit o pa-cursive. Gawin ito sa palad, sa desk, at sa hangin. |
| 3. Tumawag ng mag-aaral at ipasulat ang letra sa pisara. |
| 4. Ipasulat sa kuwaderno o papel ang letrang pinag-aralan sa paraang pa-cursive. Cc |

**6. Listening and Reading**

**Paghahanda:** Isulat ang mga salita/pangalan sa tsart o sa pisara at ipakita ito sa mga bata.

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Pagmasdan ang sumusunod na mga salita o pangalan na ginamitan ng letrang **Cc**. Pakinggang mabuti kung paano ko bibigkasin ang bawat salita."

**Mga Salitang may letrang C**

| | | |
|---|---|---|
| Celso | Corina | center |
| Cebu | Calamba | Carol |
| Carla | camera | canton |
| Pacita | Cedric | computer |
| camaron | cola | Cesar |
| Corina | cabinet | camel |
| Carlo | Cotabato | Celeste |
| Bacoor | Cabading | Bacolod |
| Bulacan | Cagayan | Tacloban |

2. Basahing isa-isa ang mga salitang nakasulat sa tsart. Kung sabayan ka ng mga mag-aaral, sabihing, “Makinig lang munang mabuti.”

3. Muling basahin ang mga salita kasama ng mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| Celso | Corina | center |
| Cebu | Calamba | Carol |
| Carla | camera | canton |
| Pacita | Cedric | computer |
| camaron | cola | Cesar |
| Corina | cabinet | camel |
| Carlo | Cotabato | Celeste |
| Bacoor | Cabading | Bacolod |
| Bulacan | Cagayan | Tacloban |

4. Tanungin ang mga bata kung ano ang naging tunog ng letrang **Cc** sa mga salitang binasa.

Basahing muli ang salitang nasa tsart at tukuyin ang tunog ng letrang **Cc** kung ***/k/*** o ***/s/.*** Isulat ang mga salita sa tamang hanay.


| **Tunog /k/** | **Tunog /s/** |
|---|---|
| 1. Calamba | 1. Celso |
| 2. ______________ | 2. ______________ |
| 3. ______________ | 3. ______________ |
| 4. ______________ | 4. ______________ |
| 5. ______________ | 5. ______________ |

**7. Building Vocabulary**


**Paghahanda:** Gamit ang mga picture cards na may sapat na laki at sa ibaba nito ay nakasulat ang tamang pangalan ng nasa larawan, ituro ang mga bagong salitang ginagamitan ng letrang **Cc**.








1.Sabihin, “Mag-aaral tayo ng mga salitang Filipinong may letrang **Cc** na may tunog na /**K/** at /**S/.**”

2.Ituro ang unang larawan at sabihing, “Ang tawag dito sa wikang Filipino ay _____.”


calculator


computer


carrot

| |
|---|
|   camel camera |
| 3. Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 beses. Pagkatapos ay basahing muli nang 2 o 3 beses ang salita kasabay ng mga mag-aaral.  calculator  computer  carrot  camel  camera |
| 4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat larawan. |
| 5. Pagkatapos basahing lahat ang mga salita, muling basahin ang bawat isang salita kasabay ng mga mag-aaral. calculator computer carrot camel camera |

**8. Additional Vocabulary**


**Paghahanda:** Maghanda ng "Magic Box" na kung saan sa loob nito ay may tunay na bagay o larawan ng mga salitang nagsisimula sa letrang **Cc** tulad ng carrot, cellphone, canton, coral, at iba pa.

| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Narito ang isang "Magic Box". Sa loob nito ay may mga bagay at larawan ng mga salitang nagsisimula sa letrang Cc." |
| 2. Tumawag ng batang kukuha ng bagay o larawan na nasa loob ng box at hayaan silang ibigay ang tamang ngalan nito. |
| 3. Isulat sa pisara ang tamang ngalang ibinigay ng bata sa bagay o larawan na kaniyang nakuha sa "Magic Box". Basahin ito at pagkatapos ay ipaulit sa mga bata |
| 4. Ulitin ang bilang 2 at 3 para sa lahat ng mga bagay o larawang nasa loob ng kahon. |
| 5. Matapos malaman/mapag-aralan ang lahat ng ngalan ng mga bagay o larawang nakuha sa kahon, muling balikan ang mga salita at basahin pang minsan kasabay ng mga mag-aaral. |


**9. Picture-Word Association**

**Paghahanda:** Magpakita ng tsart na nakaguhit ang larawan ng mga salitang napag-aralan sa Building Vocabulary at sa tapat nito ay may tatlong (3) salita na pagpipilian ng mga bata ng tamang ngalan ng larawan.

1. Sabihin, "Pagmasdan ang mga larawan. Alamin natin kung natatandaan pa ninyo ang tawag sa mga ito."




camera
camel
cactus



carrot
camel
camera



carrot
camel
computer




calculator
cactus
carrot

2.Ituro ang unang hanay ng 3 salitang katapat ng larawan habang binabasa ang mga ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos, basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.

camel
cactus
camera

3. Ituro ang unang larawan at tanungin ang mga mag-aaral, "Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating binasa?" Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot at bilugan ang tamang sagot



camera
canton
camel

4. Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay ng 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Magtanong, "Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating/aking binasa?" Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na bilugan ang tamang salita para sa larawan.

5. Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa mga natitirang hanay ng mga salita at larawan.


**10. Big Box and Word Chart**

**Paghahanda:** Gumuhit ng big box sa tsart o kaya ay sa pisara. Isulat ang mga pantig sa loob ng bawat kahon. Gumuhit din ng blankong tsart sa pisara.

1. Ipakita sa mga mag-aaral ang mga pantig na nakasulat sa loob ng Big Box

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Ba** | **Ce** | **cu** | **lod** |
| **la** | **cen** | **Car** | **tor** |
| **cal** | **lo** | **ma** | **be** |
| **bu** | **co** | **ron** | **ter** |

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pantig sa Big Box habang itinuturo mo ang mga ito. Ipabasa muna mula kaliwa pakanan at pagkatapos, mula itaas pababa naman.



| | | | |
|---|---|---|---|
| **Ba** | **Ce** | **cu** | **lod** |
| **la** | **cen** | **Car** | **tor** |
| **cal** | **lo** | **ma** | **be** |
| **bu** | **co** | **ron** | **ter** |

Ituro naman ang kahit ano sa Big Box nang walang pagkakasunod-sunod. Itanong sa mga mag-aaral kung may nais sumubok bumasang mag-isa ng pantig na iyong ituturo. Itama ang kanilang pagbasa kung may pagkakamali.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Ba** | **Ce** | **cu** | **lod** |
| **la** | **cen** | **Car** | **tor** |
| **cal** | **lo** | **ma** | **be** |
| **bu** | **co** | **ron** | **ter** |

2. Ipahanap sa mga mag-aaral ang bagong pangunahing salita o key word sa Big Box.

Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na hanapin ang mga pantig na bubuo ng bagong pangunahing salita.

Tanungin ang mga mag-aaral kung tama ba ang salitang binuo. Kung tama, isulat ang salita sa blangkong tsart sa pisara at basahin ito kasabay ng mga mag-aaral. Kung mali, muling ipahanap sa mga mag-aaral ang mga bahagi ng keyword.

3. Magpahanap sa mga mag-aaral ng iba pang salitang Filipino sa Big Box

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Ba** | **Ce** | **cu** | **lod** |
| **la** | **cen** | **Car** | **tor** |
| **cal** | **lo** | **ma** | **ca** |
| **bu** | **co** | **ron** | **ter** |

Imbitahan ang mga mag-aaral na maghanap ng iba pang salita na maaaring mabuo mula sa Big Box. Maaaring napag-aralan na ang salita pero mas mabuti kung ang mabubuo ng mga mag-aaral ay mga bagong salita na hindi pa nila napag-aralan.

| |
|---|
| Tanungin ang mga mag-aaral kung tama ba ang salitang nabuo. Isulat sa pisara ang salita kung tama ito. Basahin ang salita kasabay ng mga mag- aaral. Kung hindi salitang Filipino ang nabuo, muling mag-imbita ng ibang mag-aaral upang sumubok. |
| Ipagpatuloy ang pagsusulat ng mga bagong salita sa tsart habang nakabubuo pa ng mga bagong salita ang mga mag-aaral. |
| Sabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa ng lahat ng mga salita na naisulat sa pisara.<br>**Bacolod, Cebu, calculator, center, Carlo, camaron** |

**11. Spelling and Producing the Sound**

| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Baybayin sa inyong mga papel ang salitang sasabihin ko. Isulat ito sa paraang kabit-kabit o pa-cursive." Basahing isa-isa ang mga pangalan/salita sa iyong listahan.<br><br>Calamba/ Celso/ camera/ Corina/ camel/ coral/ Cebu/ computer/ Carlo/ camera |
| 2. Tumawag ng isang mag-aaral na nais sumubok baybayin sa pisara ang isa sa mga salitang iyong binasa. |
| 3. Itanong sa mga mag-aaral, "Tama ba ang pagkakabaybay ng salita na ginawa ng inyong kamag-aral?"(Kung tama ang pagkasulat ng salita o pangalan, purihin ito, kung mali, pasalamatan ang bata at muling tumawag ng isa pang batang nais sumubok hanggang sa makuha ang tamang pagbaybay nito.) |
| 4. Ipabasa sa mga mag-aaral ang salitang nakasulat. (Siguraduhing tama ang pagbigkas ng mga bata. Kung hindi, basahin ulit ang salita sa mga bata. Saka muling ipabasa nang sabay-sabay sa mga mag-aaral ang salita.) |

**12. Learning Assessment**

**Paghahanda:** Maghanda ng mga pagsasanay upang matukoy kung natutuhan ng mga mag-aaral ang naiturong bagong letra o simbolo. Maaaring gawin ang bahaging ito sa pamamagitan ng maliliit na grupo o ng indibidwal.

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang angkop na salita upang mabuo ang mga pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
| cactus | camera | pancit canton |
| Calamba | camel | Carlo |

1. Paboritong pagkain ni Celeste ang ______.
2. Si Jose Rizal ay isinilang sa bayan ng ______.
3. Karaniwang hayop na makikita sa disyerto ay _____.
4. Ang ____ ay mga halamang maraming tinik.
5. Si ____ ay mahilig maglaro ng chess.

**13. Writing**

**Panuto:** Sipiin nang wasto ang sumusunod na mga salita sa iyong kuwaderno sa paraang pa-cursive o kabit-kabit gamit ang tatlong linya.

1. Cebu
2. Celeste
3. camera
4. Carlo
5. cola
6. coral
7. Corina
8. calculator
9. center
10. Calamba

**14. Reading Comprehension**

**Paghahanda:** Isulat nang may tamang laki ang teksto sa tsart upang mabasa ito nang maayos ng lahat ng mga bata sa klase.

1. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.

**Ang Batang si Carol**

Si Carol ay isang batang mag-aaral sa Mababang Paaralan ng Calamba. Siya ay nasa ikaanim na baitang na. Madalas niyang kasabay sa kaniyang pagpasok ang kaniyang mga kaibigan na sina Carla at Caren. Mahilig silang kumain ng pancit canton at cookies sa oras ng recess.

Mahusay sa klase si Carol kaya palagi siyang naisasali ng kaniyang mga guro sa iba't ibang paligsahan. Dahil sa kaniyang kasipagang taglay sa pag-aaral at pagiging mabuting anak, niregaluhan siya ng kaniyang mga magulang na sina Tatay Celso at Nanay Corina ng computer upang hindi na siya mahirapan sa paggawa ng kaniyang mga takdang-aralin.

2. Basahing muli ang teksto kasabay ng mga mag-aaral.

**Ang Batang si Carol**

Si Carol ay isang batang mag-aaral sa Mababang Paaralan ng Calamba. Siya ay nasa ikaanim na baitang na. Madalas niyang kasabay sa kaniyang pagpasok ang kanIyang mga kaibigan na sina Carla at Caren. Mahilig silang kumain ng pancit canton at cookies sa oras ng recess.

Mahusay sa klase si Carol kaya palagi siyang naisasali ng kanIyang mga guro sa iba't ibang paligsahan. Dahil sa kanIyang kasipagang taglay sa pag-aaral at pagiging mabuting anak, niregaluhan siya ng kanIyang mga magulang na sina Tatay Celso at Nanay Corina ng computer upang hindi na siya mahirapan sa paggawa ng kanIyang mga takdang-aralin.

3. Gamitin ang mga ginawang tanong at hikayatin ang mga mag-aaral na sumagot at pag-usapan ang teksto gamit ang pangungusap sa wikang Filipino.

**Mga Tanong:**

1. Saan nag-aaral si Carol?
2. Sino ang kaniyang mga magulang?
3. Sino-sino ang kaniyang mga kaibigan?
4. Ano ang hilig nilang kainin sa oras ng recess?
5. Ano ang iniregalo kay Carol ng kaniyang mga magulang?
6. Bakit siya niregaluhan ng kaniyang mga magulang?
7. Anong katangian ang nais mong gayahin kay Carol?

| |
|---|
| 4. Gamitin ang sagot ng sinumang mag-aaral upang mapalawak pa ang pag-uusap patungkol sa teksto. |

## IV. Assessment / Evaluation

***Activity 1***

| **Kamalayang Ponolohiya** |
|---|
| Sabihin sa mga mag-aaral "Ang sumusunod na mga salita ay ginamitan ng letrang Cc. Basahin nang tahimik ang mga salita. Isulat ang titik **k** kung ang tunog ng letrang C sa salitang binasa ay **/k/** at titik **s** kung ang tunog naman ng letrang C ay **/s/**."<br>1. Cebu<br>2. Caren<br>3. cactus<br>4. pancit<br>5. computer |

***Activity 2***

| **Pag-unlad ng Talasalitaan** |
|---|
| Sabihin sa mga mag-aaral, "Babasahin ko ang bawat pangungusap na nakasulat sa tsart. Makinig na mabuti. Kukompletuhin ninyo ang pangungusap sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na salita mula sa kahon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang na nasa unahan."<br>A. computer B. camera C. Cebu<br>D. Celso E. center F. calculator<br>____ 1. Nagpabili si Carina ng _______________ para magamit niya sa pagsasagot ng mga pagsasanay sa Matematika.<br>____ 2. Sa darating na bakasyon ay pupunta kami sa __________ upang bisitahin sina Tiya Mameng.<br>____ 3. Dinala ni Nanay si bunso sa health ____________para mapabakunahan.<br>____ 4. Madaling nagawa ni ate ang pagdidisenyo ng kaniyang proyekto gamit ang _____________.<br>____ 5. Saan mang lugar pumunta si Kardo, dala-dala niya ang kaniyang ______________ upang kunan ng litrato ang magagandang tanawin. |

***Activity 3***

| **Pagsulat at Pagbaybay** |
|---|
| Sabihin sa mga mag-aaral, "Baybayin sa inyong papel ang mga salitang aking bibigkasin sa paraang kabit-kabit o pa-cursive."<br>1. camel<br>2. cactus<br>3. camera<br>4. computer<br>5. Cebu |

**Teacher's Guide in Bridging Primer (TAGALOG)**
**Lesson 11 - Other letters used in Filipino that are from other languages**
**Key symbol: J**

---

**I. Layunin:**

A. **Kamalayang Ponolohiya:**
- Nakikilala ang mga tunog na bumubuo sa pantig ng mga salita. (**F2KP-Id-5**)

B. **Palabigkasan at Pagkilala sa Salita:**
- Nababasa ang batayang talasalitaan. (**F2PP-IIIe-2.1**)

C. **Pag-unlad ng Talasalitaan:**
- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita sa paggamit ng mga palatandaan ng nagbibigay kahulugan (context clues). **(F2PT-Ia-h-1.5)**

D. **Pagsulat at Pagbaybay:**
- Nakasusulat sa kabit-kabit na paraan na may tamang laki at layo sa isa't isa ang malaki at malit na letra. (**F2PU-IIc-3.2)**

E. **Pag-unawa sa Binasa:**
- Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa nabasang kuwento. (**F2PB-IIa-b-3.1.1)**

**II. Paksang Aralin:**

Letrang **Jj**

**Kagamitan:**

mga larawan ng mga salitang nagsisimula sa letrang Jj
tsart ng mga pagsasanay, Big Box,
flashcard ng mga salitang may letrang Jj

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. Balik-Aral**

**Paghahanda:** Ilahad ang pagsasanay sa Balik-Aral gamit ang "Power Point Presentation o kaya ay flashcard.

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga salita. Itaas ang hawak na flashcard ng letrang **K** kung ang letrang **C** sa binasang salita ay may tunog na ***/k/*** at ang flashcard ng letrang **S** kung ang tunog naman ng letrang Cc sa salita ay ***/s/*.**


| | |
|---|---|
| 1. Cecil | 6. Cesar |
| 2. Carlo | 7. camaron |
| 3. center | 8. computer |
| 4. cabinet | 9. Cedric |
| 5. camel | 10. Cebu |

**2. Pagganyak**

**Itanong:**

Anong buwan natin nararanasan ang panahon ng taglamig?
Ano ang kalimitan nating isinusuot sa panahon ng taglamig?

Magpakita ng larawan ng jacket sa mga mag-aaral.



**B. Gawain sa Pagkatuto**

**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**

**Paghahanda:** Ilagay ang key picture sa "pocket chart o kaya ay idikit sa pisara. Isulat din ang key symbol na **J**, key word **jacket,** at syllable boxes sa pisara.

Letrang J



| jack | et |
|---|---|

| |
|---|
| 1. Ituro ang key picture at sabihing, "Sa wikang Filipino, ang tawag dito ay jacket."<br><br>**jacket** |
| 2. Ituro o isulat ang key word at sabihing, "Ganito natin isusulat ang hiram na salitang jacket."<br>**jacket** |
| 3. Basahin sa mga mag-aaral ang key word nang 2 o 3 beses. Kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa, pigilan sila at sabihing, "Wala munang magsasalita. Makinig lang nang mabuti.", at magpatuloy sa iyong pagbasa.<br>**jacket** |
| 4. Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo.<br>**jack - et** |
| 5. Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. (Pumalakpak nang ayon sa bilis o bagal ng salita kung ito ay sinasabi. Gawin itong muli kasabay ang mga mag-aaral.<br>**jacket** |

**2. Word-Breaking**

| |
|---|
| 1. Isulat ang keyword sa may bandang kaliwa, sa ibaba ng syllable box.<br><br>**jacket** **jack** **et** |
| 2. Basahing mag-isa ang key word sa mga mag-aaral at pagkatapos ay basahing muli kasabay ng mga mag- aaral.<br><br>**jacket** |
| 3. Sabihin ito: "Isusulat ko naman ang pantig ng salita kung saan matatagpuan ang bagong letra o simbolo para sa araw na ito." Isulat ang pantig ng salita sa ilalim, katapat kung saan ito isinulat sa salita sa itaas. Basahin ang pantig sa mga mag-aaral at pagkatapos ay basahing muli ang pantig kasabay ng mga mag- aaral<br><br>**jack - et**<br>**ja**<br>**j** |
| 4. Sabihin, "Isusulat ko naman ngayon ang bago nating letra o simbolo para sa araw na ito." At saka isulat ang letra o simbolo katapat ng kaparehong letra o simbolo sa itaas nito. Basahin ang bagong tunog sa mga mag- aaral at pagkatapos ay basahing muli kasabay ng mga mag-aaral.<br>**Jj** |
| 5. Basahing muli kasabay ng mga mag-aaral ang buong hanay ng Break-the-word.<br><br>**jack-et**<br>**ja**<br>**j** |

**3. Word-Making**

| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Hinati-hati natin kanina ang pangunahing salita hanggang sa makarating sa pangunahing tunog. Ngayon naman, mag-uumpisa tayo sa pangunahin nating tunog hanggang sa mabuo muli ang ating pangunahing salita. Simulan natin sa panibago nating letra o tunog."<br><br>**j**<br>**ja**<br>**jack-et**<br>**jacket** |
| 2. Isulat ang bagong letra/simbolo sa kanang bahagi ng hanay ng Word-Breaking at saka basahin ang bagong letra/simbolo kasabay ng mga mag-aaral.<br><br>**j** |

| |
|---|
| 3. Sabihin sa mga mag-aaral, "Ituloy natin ang pagbuo ng ating pangunahing salita. Isusulat ko naman ang pantig ng salita kung saan matatagpuan ang bagong letra o simbolo."<br>**j**<br>**ja**<br>**jack-et**<br>**jacket** |
| 4. Isulat ang pantig ng salita sa ilalim ng bagong letra o simbolo, siguraduhing katapat na katapat ang kaparehong letra o simbolo sa itaas nito. Basahin ang pantig kasabay ng mga mag-aaral.<br>**jack – et** |
| 5. Isulat ang pangunahing salita o key word at siguruhing magkatapat na magkatapat ang lahat ng bagong ledtra o simbolo at sabay-sabay na basahing muli ang pangunahing salita.<br>**j**<br>**ja**<br>**jack-et**<br>**jacket** |

**4. Sentence**

**Paghahanda:** Isulat ang key sentence o pangungusap sa "cartolina strip" o sa pisara.

**Isinuot ni Jose ang kaniyang bagong jacket pagpasok sa paaralan.**

| |
|---|
| 1. Ituro ang key sentence o pangungusap at basahin ito sa mga mag-aaral sa tamang bilis o bagal lamang. Pigilan sila kung makikita o maririnig mong sumasabay sila sa iyo at sabihing, "Makinig munang mabuti."<br>**Isinuot ni Jose ang kaniyang bagong jacket pagpasok sa paaralan.** |
| 2. Basahing muli ang pangungusap nang 2 o 3 beses kasabay ng mga mag-aaral.<br>**Isinuot ni Jose ang kaniyang bagong jacket pagpasok sa paaralan.** |
| 3. Tingnan kung may mag-aaral na nais bumasa ng pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang. |

**5. Handwriting Practice**

| |
|---|
| 1. Gamit ang nakahandang flashcard, ipakita ang letrang **Jj.** Ipakita ang tamang pagsulat ng malaki at maliit na letrang **Jj** sa paraang pa-cursive o kabit-kabit sa pisara gamit ang tatlong linya.<br>**Jj** |
| 2. Kasabay ng guro, bakatin ang malaki at maliit na letrang **Jj** sa paraang kabit-kabit o pa-cursive. Gawin ito sa palad, sa desk, at sa hangin. |
| 3. Tumawag ng mag-aaral at ipasulat ang letra sa pisara. |

4. Ipasulat sa kuwaderno o papel ang letrang pinag-aralan sa paraang pa-cursive.

**Jj**

**6. Listening and Reading**

**Paghahanda:** Isulat ang mga salita/pangalan sa tsart o sa pisara at ipakita ito sa mga bata.

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Pagmasdan ang sumusunod na mga salita o pangalan na ginamitan ng letrang Jj. Pakinggang mabuti kung paano ko bibigkasin ang bawat salita."

| | | | |
|---|---|---|---|
| jam<br>Jim<br>Jena<br>Janet | jelly<br>Jed<br>Jose<br>Jomar | jar<br>Jojo<br>Juana<br>Juliana | jet<br>Jen<br>Juan<br>Jamil |

2. Basahing isa-isa ang mga salitang nakasulat sa tsart. Kung sabayan ka ng mga mag--aaral, sabihing, "Makinig lang munang mabuti."

3. Muling basahin ang mga salita kasabay ang mga mag-aaral.

| | | | |
|---|---|---|---|
| jam<br>Jim<br>Jena<br>Janet | jelly<br>Jed<br>Jose<br>Jomar | jar<br>Jojo<br>Juana<br>Juliana | jet<br>Jen<br>Juan<br>Jamil |

4. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang nagiging tunog ng letrang **Jj** sa mga binasang salita.

Ipabasa muli ang mga salita at ipasulat ito sa tamang hanay sa tsart.

| **Tunog /dy/** | **Tunog /h/** |
|---|---|
| 1. jet | 1. Jose |
| 2. ____________ | 2. ____________ |
| 3. ____________ | 3. ____________ |
| 4. ____________ | 4. ____________ |
| 5. ____________ | 5. ____________ |


## 7. Building Vocabulary

**Paghahanda:** Gamit ang picture cards na may sapat na laki at sa ibaba nito ay nakasulat ang tamang pangalan ng nasa larawan, ituro ang mga bagong salitang ginagamitan ng letrang **Jj**.

1. Sabihin,"Mag-aaral tayo ng mga salita na may letrang **J** na may tunog na **/dy/** at **/h/.**"

2. Ituro ang unang larawan at sabihing,"______ang tawag dito sa wikang Filipino."





**pajama** **judo** **jar** **jet** **jam**

3. Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 beses. Pagkatapos ay basahing muli nang 2 o 3 beses ang salita kasabay ng mga mag-aaral.




**pajama** **judo** **jar** **jet** **jam**

4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat larawan.

5. Pagkatapos basahing lahat ang mga salitang Filipino. Muling basahin ang bawat isang salita kasabay ng mga mag-aaral.

**jam** **jet** **jar** **pajama** **judo**

6. Itanong sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salita. Kung hindi nila alam, ituro sa kanila ang kahulugan ng salita sa tulong ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita sa paggamit ng mga palatandaan ng nagbibigay kahulugan (context clues)

jam  Strawberry **jam** ang paboritong palaman sa tinapay ni Jewel.

jet  Maraming **jet** ang pinalipad sa pagsasapelikula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

| | | |
|---|---|---|
| jar |  | Bumili kami ng **<u>ja</u>**r sa palengke na paglalagyan ng kape at asukal. |
| pajama |  | Mainam magsuot ng **<u>pajama</u>** sa pagtulog. |
| judo |  | Ang **<u>judo</u>** ay isang uri ng laro na nangangailangan ng lakas at liksi ng katawan. |

**8. Additional Vocabulary**

| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral, “Makabubuo tayo ng maraming salitang Filipino gamit ang letrang ito.” |
| 2. Magpabigay sa mga mag-aaral ng pangalan ng tao at lugar na nagsisimula sa letrang Jj. Ipakita sa pisara ang pagsulat sa paraang kabit-kabit o pa-cursive ng mga ibinigay na salita ng mga mag-aaral at pagkatapos ay ipabasa ito. |
| 3. Ipakita ang “Mobile Picture” na kung saan ay makikita rito ang larawan ng mga salitang gumagamit ng letrang Jj. Tumawag ng bata na pipitas ng larawan sa “mobile picture” at hayaang ibigay ang tamang ngalan nito. Bigyan din siya ng pagkakataon na mailarawan ito. Isulat ang tamang salita sa pisara. (jumping rope, jackstone, jelly fish, jeep, jose) |
| 4. Gawin ito hanggang sa mabigyan ng ngalan ang mga larawang nasa “Mobile Picture”. |
| 5. Muling balikan ang mga salita at basahing muli ito kasabay ang mga mag-aaral. |

**9. Picture-Word Association**

**Paghahanda:** Magpakita ng tsart na nakaguhit dito ang mga larawan ng salitang napag-aralan sa Building Vocabulary at sa tapat nito ay tatlong (3) salita na pagpipilian ng mga bata ng tamang ngalan ng larawan.


1. Sabihin,“ Pagmasdan ang mga larawan. Alamin natin kung natatandaan pa ninyo ang tawag sa mga ito.”




jar
judo
jam



jam
judo
jar



jar
Jim
jelly



jet
Japan
jar



pantalon
pajama
palayok

2. Ituro ang unang hanay ng 3 salitang katapat ng larawan habang binabasa ang mga ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos, basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.

jar
judo
jam

3. Ituro ang unang larawan at tanungin ang mga mag-aaral, “Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating binasa?” Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot. Gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita.



jar
judo
jam

4. Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay na 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Magtanong, “Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang ating / aking binasa?” Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na gumuhit ng linya mula sa larawan sa tamang salita.

5. Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa mga natitirang hanay ng mga salita at larawan.

**10. Big Box and Word Chart**

**Paghahanda:** Gumuhit ng big box sa tsart o sa pisara. Isulat ang mga pantig sa loob ng bawat kahon. Gumuhit din ng blangkong tsart sa pisara.

1. Ipakita sa mga mag-aaral ang mga pantig na nakasulat sa loob ng Big Box.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Ja** | **Je** | **Jo** | **ba** | **pan** |
| **per** | **Jor** | **Ju** | **sus** | **an** |
| **sa** | **ro** | **jit** | **pa** | **mi** |
| **Jas** | **dan** | **ma** | **ti** | **si** |

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pantig sa Big Box habang itinuturo mo ang mga ito. Ipabasa muna mula kaliwa pakanan at pagkatapos, mula itaas pababa naman.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ja** | **Je** | **Jo** | **ba** | **pan** |
| **per** | **Jor** | **Ju** | **sus** | **an** |
| **sa** | **ro** | **jit** | **pa** | **mi** |
| **Jas** | **dan** | **ma** | **ti** | **si** |

Ituro ang kahit anong pantig sa Big Box nang walang pagkakasunod-sunod. Itanong sa mga mag-aaral kung may nais sumubok bumasa nang mag-isa ng ilang letra at pantig na iyong ituturo. Itama ang kanilang pagbasa kung may pagkakamali.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Ja** | **Je** | **Jo** | **ba** | **pan** |
| **per** | **Jor** | **Ju** | **sus** | **an** |
| **sa** | **ro** | **jit** | **pa** | **mi** |
| **Jas** | **dan** | **ma** | **ti** | **si** |

2. Ipahanap sa mga mag-aaral ang bagong pangunahing salita o key word sa Big Box.

***Jasper, Jesus, Jojit, Jordan, Juan, pajama***

Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na hanapin ang mga pantig na bubuo ng bagong pangunahing salita. Sabayan mo sa pagbabasa ang mag-aaral na nakakita ng salita.

Tanungin ang mga mag-aaral kung tama ba ang salitang binuo. Kung tama, isulat ang salita sa blangkong tsart sa pisara at basahin ito kasabay ng mga mag-aaral. Kung mali, muling ipahanap sa mga mag-aaral ang mga bahagi ng keyword.

3. Magpahanap sa mga mag-aaral ng iba pang salita na makikita sa loob ng Big Box.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Ja** | **Je** | **Jo** | **ba** | **pan** |
| **per** | **Jor** | **Ju** | **sus** | **an** |
| **sa** | **ro** | **jit** | **pa** | **mi** |
| **Jas** | **dan** | **ma** | **ti** | **si** |

Imbitahan ang mga mag-aaral na maghanap ng iba pang salita na maaaring mabuo mula sa Big Box. Maaaring napag-aralan na ang salita pero mas mabuti kung ang mabubuo ng mga mag-aaral ay mga bagong salita na hindi pa nila napag-aralan.

Basahin ang salitang nabuo ng mag-aaral at tanungin ang mga mag-aaral kung tama ba ang salitang nabuo. Isulat sa tsart ang salita kung tama ito. Basahin ang salita kasabay ng mga mag- aaral. Kung hindi salitang Filipino ang nabuo, muling mag-imbita ng ibang mag-aaral upang sumubok.

Ipagpatuloy ang pagsusulat ng mga bagong salita sa tsart habang nakabubuo pa ng mga bagong salita ang mga mag-aaral.

Sabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa ng lahat ng mga salita sa tsart.

**Jasper, Jesus, Jojit, Jordan, Juan, pajama**

**11. Spelling and Producing the Sound**

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Baybayin sa inyong mga papel ang salitang sasabihin ko. Isulat ito sa paraang kabit-kabit o pa-cursive." Basahing isa-isa ang mga pangalan/salita sa iyong listahan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Jesus** | **judo** | **jam** | **jet** | **pajama** |

2. Tumawag ng isang mag-aaral na nais sumubok baybayin sa pisara ang isa sa mga salitang iyong binasa.

| |
|---|
| 3. Itanong sa mga mag-aaral, “Tama ba ang pagkakabaybay ng salitang ginawa ng inyong kaklase?” (Kung tama ang pagkasulat ng salita o pangalan, purihin ito, kung mali, pasalamatan ang bata at muling tumawag ng isa pang batang nais sumubok hanggang sa makuha ang tamang pagbaybay nito.) |
| 4. Ipabasa sa mga mag-aaral ang salitang nakasulat.<br>(Siguraduhing tama ang pagbigkas ng mga bata. Kung hindi, basahin ulit ang salita sa mga bata saka muling ipabasa nang sabay-sabay sa mga mag-aaral ang salita.) |

**12. Learning Assessment**

**Paghahanda:** Maghanda ng mga pangkatang pagsasanay upang matukoy kung natutuhan ng mga mag-aaral ang naiturong bagong letra o simbolo gamit ang tarpapel o tsart. Ipaalala muna ang pamantayan na dapat sundin sa pagsasagawa ng pngkatang gawain bago ito pasimulan.

*Sabihin,* “Mga bata, ngayong araw na ito ay magkakaroon kayo ng pangkatang gawain. Hahatiin ko kayo sa apat na pangkat. Pipili ng lider ang bawat pangkat na siyang gagabay sa kaniyang mga kasamahan sa pagsasagawa ng gawain.”


**Pangkat 1: Bigkasin Mo! Uulitin Ko!**

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga salita nang may tamang bigkas.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Japan | Jordan | Jack | jet | jelly |
| Jose | Jolob | jam | Jill | jar |

**Pangkat 2: Pagtambalin Mo!**

**Panuto:** Basahin ang mga salita sa Hanay A. Hanapin ang larawan nito sa Hanay B. Pagdugtungin gamit ang linya

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| pajama |  |
| jet |  |
| jam |  |
| jar |  |
| judo |  |
| jelly | |

**Pangkat 3: Isulat Mo! Kukulayan Ko!**

**Panuto:** Tingnan ang larawan. Isulat sa patlang ang pangalan nito at pagkatapos ay kulayan.

____________1. 

____________2. 

____________3. 

_____________4. 

_____________5. 

**Pangkat 4: Hulaan Mo:**

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap. Isulat nang may tamang baybay ang salitang inilalarawan.

_________1. Isa akong uri ng kasuotan na pang-ibaba na madalas isuot kapag matutulog na. Sino ako?

_________2. Masarap akong ipalaman sa tinapay na kung saan ang kalimitang lasa ay matamis. Sino ako?

_________3. Kilala akong Pambansang Bayani ng Pilipinas. Ako ang sumulat ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Sino ako?

**13. Writing**

**Panuto:** Kopyahin nang wasto ang sumusunod na mga salita sa inyong kuwaderno sa paraang pa-cursive o kabit-kabit gamit ang tatlong linya.

| | |
|---|---|
| 1.Jesusa | 6. Jose |
| 2. jet | 7. jam |
| 3. Jim | 8. Jolo |
| 4. Jack | 9. Jill |
| 5. jar | 10. Juan |

## 14. Reading Comprehension

**Paghahanda:** Isulat nang may tamang laki ang teksto sa tsart upang mabasa ito nang maayos ng lahat ng mga bata sa klase.

1. Basahin ang teksto sa mga mag-aaral.

**Ang Paboritong Jacket ni Jose**

Paboritong isuot ni Jose ang jacket na bigay sa kaniya ng kaniyang Ninong Jim noong nakaraang Pasko. Ito ay kulay asul at may tatak pa ng malaking titik J sa harapan. Lagi niya itong ipinagmamalaki sa kaniyang mga kaibigan na sina Jamil at Juan.

Isinusuot niya ito kapag malamig ang panahon at maulan tuwing siya ay papasok sa paaralan.

2. Basahin muli ang teksto kasabay ng mga mag-aaral.

**Ang Paboritong Jacket ni Jose**

Paboritong isuot ni Jose ang jacket na bigay sa kaniya ng kaniyang Ninong Jim noong nakaraang Pasko. Ito ay kulay asul at may tatak pa ng malaking titik J sa harapan. Lagi niya itong ipinagmamalaki sa kaniyang mga kaibigan na sina Jamil at Juan.

Isinusuot niya ito kapag malamig ang panahon at maulan tuwing siya ay papasok sa paaralan.

3. Gamitin ang mga ginawang tanong at hikayatin ang mga mag-aaral na sumagot at pag-usapan ang teksto gamit ang pangungusap sa wikang Filipino.

**Mga Tanong:**


1. Ano ang paboritong isuot ni Jose kapag malamig at maulan ang panahon?
2. Sino ang nagregalo nito sa kaniya?
3. Ilarawan mo nga ang jacket ni Jose?
4. Kanino niya ito lagi ipinagmamalaki?
5. Bakit kailangan tayong magsuot ng jacket kapag malamig at maulan ang panahon?


4. Gamitin ang sagot ng sinumang mag-aaral upang mapalawak pa ang pag-uusap patungkol sa teksto.


## IV. Assessment/Evaluation


***Activity 1***

| **Kamalayang Ponolohiya- Picture Association** |
| --- |
| Sabihin sa mga mag-aaral, “Lagyan ng tsek ***(/)*** ang mga larawan kung ang tunog ng letrang Jj sa salitang ito ay ***/dyey/***at ekis ***(x)***naman kung ang tunog ay ***/h/.*** |

____1. 

____2. 

____3. 

____ 4. 

____5. 

***Activity 2***

**Paghahanda. Pakuhanin ang mga bata ng papel at lapis.**

Sabihin sa mga mag-aaral, “Pakinggan ang mga tanong na aking babasahin. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong papel.”

1. Alin sa sumusunod ang tamang pagkakasulat ng malaki at maliit na letrang J sa paraang kabit-kabit o pa-cursive?

.

A. J g B. J j C. JD D. Gj

2. Ano ang tunog ng letrang **J** sa salitang **<u>jeep</u>**?

A. /h/ B. /t/ C. /dyey/ D. /g/

3. Aling salita ang nagsisimula sa tunog na /**JD/?**

A. Juana B. Jesus C. Jose D. Juan

4. Aling pangkat ng mga salita ang nag-uumpisa sa tunog na /**h/**?

A. jam, jet, Jill
B. Judo, Jose, jar
C. Jolo, Jose, Juana
D. jeep, jacket, Joy

| |
|---|
| 5. Aling pangkat ng mga salita ang nag-uumpisa sa tunog na /**dyey/**?<br><br>A. jacket, jam, jet<br>B. jeep, Juan, Jolo<br>C. judo, jet, pajama<br>D. Juan, Joy, jelly |

***Activity 3***

| Pagsulat at Pagbaybay |
|---|
| Sabihin sa mga mag-aaral, "Baybayin sa inyong papel ang mga salitang aking bibigkasin sa paraang kabit-kabit o pa-cursive."<br><br>1. jam<br>2. jet<br>3. judo<br>4. pajama<br>5. jelly |

**Teacher's Guide in Bridging Primer (Tagalog)**
**Lesson 12 - Other letters used in Filipino that are from other languages**
**Key symbol: V**

---

**I. Layunin:**

A. **Kamalayang Ponolohiya:**
- Nakikilala ang mga tunog na bumubuo sa pantig ng mga salita. (**F2KP-Id-5**)

B. **Palabigkasan at Pagkilala sa Salita:**
- Nababasa ang batayang talasalitaan. (**F2PP-IIIe-2.1**)

C. **Pag-unlad ng Talasalitaan:**
- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita sa paggamit ng mga palatandaang nagbibigay kahulugan (context clues). **(F2PT-Ia-h-1.5)**

D. **Pagsulat at Pagbaybay:**
- Nakasusulat sa kabit-kabit na paraan nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang malaki at malit na letra. (**F2PU-IIc-3.2)**

E. **Pag- unawa sa Binasa:**
- Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa nabasang kuwento. (**F2PB-IIa-b-3.1.1)**

**II. Paksang Aralin:**

**Letrang Vv**

**Kagamitan:**

mga larawan ng mga salitang nagsisimula sa letrang Vv
tsart, flashcards, activity sheets

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

**1. Balik-Aral**

**Paghahanda:** Ilahad ang pagsasanay sa Balik-Aral gamit ang "Power Point Presentation" o kaya ay tarpapel.

**Panuto:** Punan ng tamang salita ang mga pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa mga salitang nasa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| calculator | camel | jeep |
| Calamba | cactus | Filipino |
| Ifugao | jacket | jar |

1. Si Gat. Jose Rizal ay isinilang sa ____________, Laguna.
2. Iba't ibang klase ng __________ang makikita sa kaniyang halamanan.
3. _____________ang ating pambansang wika.
4. Ang mga-anak nina Mang Victor ay sumakay sa _____ papuntang Maynila.
5. Malamig ang panahon kaya isinuot ni Venus ang kaniyang ________ pagpasok sa paaralan.

**2. Pagganyak**

**Paghahanda:** Maghanda ng mga “colored paper” na gagamitin sa paggawa ng bangkang papel ng mga mag-aaral.

Sabihin sa mga mag-aaral, “ Ngayong araw na ito ay tuturuan ko kayong gumawa ng bangkang papel gamit ang mga “colored paper” na ibibigay ko sa inyo. Pakinggang mabuti ang mga direksiyon na aking ibibigay upang magawa ninyo ito nang maayos.”

Matapos gumawa ng bangkal papel, sabihin sa mga bata na, “ Ang bangkang papel na ito ay nakakahawig ng **“vinta”,** isang sasakyang pandagat sa Mindanao na may makukulay na kulay.
Ipakita ang larawan ng **vinta** sa mga mag-aaral.

**B. Gawain sa Pagkatuto**

**1. Key Symbol, Key Picture, Key Word, & Syllable Box**

**Paghahanda:** Ilagay ang key picture sa “pocket chart” o kaya ay idikit sa pisara. Ipakita ang key symbol na **V**, key word **vinta,** at syllable boxes gamit ang plaskard.

Letrang V  vin | ta

| |
|---|
| 1. Ituro ang key picture at sabihing, “Sa wikang Filipino, ang tawag dito ay **<u>vinta</u>**.”<br><br>**vinta** |
| 2. Ituro o isulat ang key word at sabihing, “Ganito natin isusulat ang salita.”<br>**vinta** |
| 3. Basahin sa mga mag-aaral ang key word nang 2 o 3 beses. Kung sumasabay ang mga mag-aaral sa iyong pagbabasa, pigilan sila at sabihing, “Wala munang magsasalita. Makinig lang nang mabuti.”, at magpatuloy sa iyong pagbasa.<br>**vinta** |
| 4. Basahing isa-isa ang bawat pantig habang ito ay itinuturo.<br>**vin - ta** |
| 5. Muling basahin ang pinantig na salita at pumalakpak nang isang beses sa bawat pantig. (Pumalakpak nang ayon sa bilis o bagal ng salita kung ito ay sinasabi. Gawin itong muli kasabay ang mga mag-aaral.<br>**vin - ta** |

**2. Word-Breaking**

| |
|---|
| 1. Isulat ang key word sa may bandang kaliwa, sa ibaba ng syllable box.<br><br>**vinta** \| **vin** \| **ta** \| |
| 2. Basahing mag-isa ang key word sa mga mag-aaral at pagkatapos ay basahing muli kasabay ng mga mag- aaral.<br><br>**vinta** |
| 3. Sabihin ito, "Isusulat ko naman ang pantig ng salita kung saan matatagpuan ang bagong letra o simbolo para sa araw na ito." Isulat ang pantig ng salita sa ilalim, katapat kung saan ito isinulat sa salita sa itaas. Basahin ang pantig sa mga mag-aaral at pagkatapos ay basahing muli ang pantig kasabay ng mga mag-aaral.<br><br>**vin – ta** |
| 4. Sabihin, "Isusulat ko naman ngayon ang bago nating letra o simbolo para sa araw na ito." At saka isulat ang letra o simbolo katapat ng kaparehong letra o simbolo sa itaas nito. Basahin ang bagong tunog sa mga mag-aaral at pagkatapos ay basahing muli kasabay ng mga mag-aaral.<br>**v** |
| 5. Basahing muli kasabay ng mga mag-aaral ang buong hanay ng Break-the-word.<br>**vinta**<br>**vin**<br>**v** |

**3. Word-Making**

| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Hinati-hati natin kanina ang pangunahing salita hanggang sa makarating sa pangunahing tunog. Ngayon naman, mag-uumpisa tayo sa pangunahin nating tunog hanggang sa mabuo muli ang ating pangunahing salita. Simulan natin sa panibago nating letra o tunog."<br>**v**<br>**vin**<br>**vinta** |
| 2. Isulat ang bagong letra/simbolo sa kanang bahagi ng hanay ng Word-Breaking at saka basahin ang bagong letra/simbolo kasabay ng mga mag-aaral.<br>**v** |
| 3. Sabihin sa mga mag-aaral, "Ituloy natin ang pagbuo ng ating pangunahing salita. Isusulat ko naman ang pantig ng salita kung saan matatagpuan ang bagong letra o simbolo."<br>**v**<br>**vin**<br>**vin-ta** |

| |
|---|
| 4. Isulat ang pantig ng salita sa ilalim ng bagong letra o simbolo. Siguraduhing katapat na katapat ang kaparehong letra o simbolo sa itaas nito. Basahin ang pantig kasabay ng mga mag-aaral.<br>**vin - ta** |
| 5. Isulat ang pangunahing salita o keyword at siguruhing magkatapat na magkatapat ang lahat ng bagong letra o simbolo at sabay sabay na basahing muli ang pangunahing salita.<br>**v**<br>**vin**<br>**vinta** |

**4. Sentence**

**Paghahanda:** Isulat ang key sentence o pangungusap sa tsart o sa pisara.

**Si Vina at Victor ay sumakay ng vinta.**

| |
|---|
| 1. Ituro ang key sentence o pangungusap at basahin ito sa mga mag-aaral sa tamang bilis o bagal lamang. Pigilan sila kung makikita o maririnig mong sumasabay sila sa iyo at sabihing, “Makinig munang mabuti.”<br>**Si Vina at Victor ay sumakay ng vinta.** |
| 2. Basahin muli pangungusap nang 2 o 3 beses kasabay ng mga mag-aaral.<br>**Si Vina at Victor ay sumakay ng vinta.** |
| 3. Tingnan kung may mag-aaral na nais bumasa ng pangungusap kasabay mo. Gawin ito nang isa-isa lamang. |

**5. Handwriting Practice**

| |
|---|
| 1. Gamit ang nakahandang flashcard, ipakita ang letrang **Vv.** Ipakita ang tamang pagsulat ng malaki at maliit na letrang **Vv** sa paraang pa-cursive o kabit-kabit sa pisara gamit ang tatlong linya.<br>**Vv** |
| 2. Kasabay ng guro, bakatin ang malaki at maliit na letrang **Vv** sa paraang kabit-kabit o pa-cursive. Gawin ito sa palad, sa desk, at sa hangin. |
| 3. Tumawag ng mag-aaral at ipasulat ang letra sa pisara. |
| 4. Ipasulat sa kuwaderno o papel ang letrang pinag-aralan sa paraang pa-cursive.<br>**Vv** |

**6. Listening and Reading**

**Paghahanda:** Isulat ang mga salita/pangalan sa tsart o sa pisara at ipakita ito sa mga bata.

1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Pagmasdan ang sumusunod na mga salita o pangalan na ginamitan ng letrang Vv. Pakinggang maigi kung paano ko bibigkasin ang bawat salita."

| | | |
|---|---|---|
| van | video | villa |
| Vida | Vida | Vito |
| Von | Eva | Von |
| Vilma | Vega | Venus |
| Ventura | Varden | Vidal |
| Valentino | Varican | Vietnam |
| Vietnam | Davao | Nueva Ecija |

2. Basahing isa-isa ng guro ang mga salitang nakasulat sa tsart. Kung sasabayan ka ng mga mag-aaral, sabihing, "Makinig lang munang mabuti."

3. Muling basahin ang mga salita kasabay ang mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| van | video | villa |
| Vida | Vida | Vito |
| Von | Eva | Von |
| Vilma | Vega | Venus |
| Ventura | Varden | Vidal |
| Valentino | Varican | Vietnam |
| Vietnam | Davao | Nueva Ecija |

4. Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang letrang **Vv** ay iba sa tunog ng letrang **Bb**. Magbibigay ang guro ng halimbawa ng mga salitang ang tunog ay **V** at mga salitang ang tunog ay **B**. Sabihin sa mga mag-aaral na makinig na mabuti at pagmasdan kung paano bibigkasin ang mga salita**.**

| **Tunog /v/** | **Tunog /b/** |
|---|---|
| van | banda |
| Vidal | bilog |
| Von | bote |
| Vatican | balikan |
| Vinta | benta |


**7. Building Vocabulary**


**Paghahanda:** Gamit ang picture cards na may sapat na laki at sa ibaba nito ay nakasulat ang tamang pangalan ng nasa larawan, ituro ang mga bagong salitang ginagamitan ng letrang **Vv**.

1. Sabihin,“Mag-aaral tayo ng mga salita na may letrang v.”


2. Ituro ang unang larawan at sabihing, “_____ang tawag dito sa wikang Filipino.”


Vigan


videoke



villa


Valentina


van


3. Ituro naman ang salita sa ilalim ng larawan at basahing mag-isa ang salita nang 2 o 3 beses. Pagkatapos ay basahing muli nang 2 o 3 beses ang salita kasabay ng mga mag-aaral.


Vigan


videoke


villa


Valentina


van

4. Gawin ang bilang 2 at 3 sa bawat larawan.

5. Pagkatapos basahing lahat ang mga salitang Filipino, muling basahin ang bawat isang salita kasabay ng mga mag-aaral.

**Vigan** **villa** **van** **videoke** **Valentina**

6. Itanong sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng paggamit ng pahiwatig tulad ng paglalarawan sa salita.

**HULAAN MO!**

**Panuto:** Pillin ang tamang sagot sa mga salitang nasa loob kahon.

1. Toyota, Nissan, Isuzu… malimit gamitin sa pagbiyahe lalo na kung sasalubong kay Tatay mula sa Dubai.
2. Ipinanganak ako sa buwan ng Pebrero, Araw ng mga Puso, kaya magandang pangalan itong ibinigay ni Nanay.
3. Sa Ilocos Sur ito ay sikat. Ito ay lungsod na kilala sa makasaysayang bahay at gusali na may pinaghalong impluwensiya ng Asyano at Europeo.
4. Kapag piyesta sa aming baryo, bukod sa masarap na handa, may kantahan at sayawan gamit ito.
5. Isa itong magara at malaking bahay.

**Vigan** **van** **villa**

**videoke** **Valentina**

## 8. Additional Vocabulary

| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Makabubuo tayo ng maraming salitang Filipino gamit ang letrang **v**." |
| 2. Pagbigayin ang mga mag-aaral ng pangalan ng tao at lugar na gumagamit ng letrang Vv o may tunog na /v/. Ipakita sa pisara ang pagsulat sa paraang kabit-kabit o pa-cursive ng mga ibinigay na salita ng mga mag-aaral at pagkatapos ay ipabasa ito. |
| 3. Sabihin sa mga mag-aaral, "Tumingin sa paligid at magbigay ng mga salitang nagsisimula sa letrang Vv o may tunog na /v/." Isulat sa pisara ang ngalan ng mga salitang bibigkasin ng mga mag-aaral |
| 4. Muling balikan ang mga salita at basahin pang minsan kasabay ng mga mag-aaral. |


## 9. Picture-Word Association

**Paghahanda:** Magpakita ng tsart na nakaguhit dito ang mga larawan ng mga salitang napag-aralan sa Building Vocabulary at sa tapat nito ay tatlong (3) salita na pagpipilian ng mga bata ng tamang ngalan ng larawan.


1. Sabihin, "Pagmasdan ang mga larawan. Alamin natin kung natatandaan pa ninyo ang tawag sa mga ito."



Vidal
villa
vinta



vinta
villa
violin



van
vinta
villa




Vicente
Vigan
Victor

2. Ituro ang unang hanay ng 3 salita habang binabasa ang mga ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos, basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral.

**Vidal**
**villa**
**vinta**

3. Ituro ang unang larawan at tanungin ang mga mag-aaral, “Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang Filipinong ating binasa?” Bilang halimbawa, ituro ang salita habang binabasa ang tamang sagot. Gumuhit ng linya mula sa larawan sa tamang salita.



vidal
villa
vinta

4. Ituloy ang pagbabasa ng susunod na hanay ng 3 salita. Basahin ang mga salita kasabay ng mga mag-aaral. Magtanong, “Ano ang pangalan ng larawang ito mula sa 3 salitang Filipinong ating/aking binasa?” Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na gumuhit ng linya mula sa larawan tungo sa tamang salita.

5. Ituloy ang pagsasanay. Ulitin ang bilang 4 para sa mga natitirang hanay ng mga salita at larawan.

### 10. Big Box and Word Chart

**Paghahanda:** Gumuhit ng big box sa tsart o kaya ay sa pisara. Isulat ang mga pantig sa loob ng bawat kahon. Gumuhit din ng blangkong tsart sa pisara.

1. Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pantig na nakasulat sa loob ng Big Box.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **va** | **len** | **sa** | **gan** | **dez** |
| **ma** | **Val** | **can** | **ya** | **ma** |
| **Vi** | **Vic** | **Vil** | **ti** | **ta** |
| **vin** | **Va** | **tor** | **na** | **na** |

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pantig na nakasulat sa loob ng Big Box habang itinuturo mo ang mga ito. Ipabasa muna mula kaliwa pakanan at pagkatapos, mula itaas pababa naman.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **va** | **len** | **sa** | **gan** | **dez** |
| **ma** | **Val** | **can** | **ya** | **ma** |
| **Vi** | **Vic** | **Vil** | **ti** | **ta** |
| **vin** | **Va** | **tor** | **na** | **na** |

Ituro naman ang kahit ano sa Big Box nang walang pagkakasunod-sunod. Itanong sa mga mag-aaral kung may nais sumubok bumasang mag-isa ng ilang pantig na iyong ituturo. Itama ang kanilang pagbasa kung may pagkakamali.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **va** | **len** | **sa** | **gan** | **dez** |
| **ma** | **Val** | **can** | **ya** | **ma** |
| **Vi** | **Vic** | **Vil** | **ti** | **ta** |
| **vin** | **Va** | **tor** | **na** | **na** |

2. Ipahanap sa mga mag-aaral ang bagong pangunahing salita o key word sa Big Box.

**Vilma, Valdez, Valentina, Victor, vinta, Vatican**

Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais sumubok na hanapin ang mga pantig na bubuo ng bagong pangunahing salita. Sabayan mo sa pagbabasa ang mag-aaral na nakakita ng salita.

Tanungin ang mga mag-aaral kung tama ba ang salitang binuo. Kung tama, isulat ang salita sa blangkong tsart at basahing kasabay ng mga mag-aaral. Kung mali, muling ipahanap sa mga mag-aaral ang mga bahagi ng keyword.

3. Magpahanap sa mga mag-aaral ng iba pang salita na makikita sa loob ng Big Box

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **va** | **len** | **sa** | **gan** | **dez** |
| **ma** | **Val** | **can** | **ya** | **ma** |
| **Vi** | **Vic** | **Vil** | **ti** | **ta** |
| **vin** | **Va** | **tor** | **na** | **na** |

Imbitahan ang mga mag-aaral na maghanap ng iba pang salitang Filipino na maaaring mabuo mula sa Big Box. Maaaring napag-aralan na ang salita pero mas mabuti kung ang mabubuo ng mga mag-aaral ay mga bagong salita na hindi pa nila napag-aralan.

Basahin ang salitang nabuo ng mag-aaral at tanungin ang mga mag-aaral kung tama ba ang salitang nabuo. Isulat sa tsart ang salita kung tama ito. Basahin ang salita kasabay ng mga mag- aaral. Kung hindi salitang Filipino ang nabuo muling mag-imbita ng ibang mag-aaral upang sumubok.

Ipagpatuloy ang pagsusulat ng mga bagong salita sa tsart habang nakabubuo pa ng mga bagong salita ang mga mag-aaral.

Sabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa ng lahat ng mga salita na naisulat sa tsart.

**Vilma, Valdez, Valentina, Victor, vinta, Vatican**

**11. Spelling and Producing the Sound**

| |
|---|
| 1. Sabihin sa mga mag-aaral, "Baybayin sa inyong mga papel ang salitang sasabihin ko.Isulat ito sa paraang kabit-kabit o pa-cursive." Basahing isa-isa ang mga pangalan/salita sa iyong listahan.<br>**Vinta van Valentino Venus Vilma Vigan Vidal Vina Victor** |
| 2. Tumawag ng isang mag-aaral na nais sumubok baybayin sa pisara ang isa sa mga salitang iyong binasa. |
